VISIT DEPED TAMBAYAN
http://richardrrr.blogspot.com/

1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share

# 10

# Filipino

## Modyul para sa Mag-aaral

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-*email* ng inyong mga puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Modyul para sa Mag-aaral**
**Unang Edisyon 2015**

Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176 na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Tanging mga institusyon at kompanyang nakipagkontrata sa FILCOLS at yaong nakasaad lamang sa kasunduan, ang maaaring kumopya mula dito sa Modyul para sa Mag-aaral. Ang hindi nakipagkontrata sa FILCOLS ay dapat, kung ninanais makakopya, makipag-ugnay nang tuwiran sa mga tagapaglathala at sa mga may-akda.

Maaaring tumawag sa FILCOLS sa telephone blg. (02) 439-2204 o mag-email sa filcols@gmail.com ang mga may-akda at tagapaglathala.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

**Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

**Konsultant:** Magdalena O. Jocson
**Editor:** Florentina S. Gorrospe, PhD
**Mga Manunulat:** Vilma C. Ambat, Ma. Teresa B. Barcelo, Eric O. Cariño, Mary Jane R. Dasig, Willita A. Enrijo, Shiela C. Molina, Julieta U. Rivera, Roselyn T Salum, Joselyn C. Sayson, Mary Grace A. Tabora, at Roderic P. Urgelles
**Mga Tagasuri:** Joselito C. Gutierrez, Angelita Kuizon, Girlie S. Macapagal, Marina G. Merida, Ma. Jesusa R. Unciano, at Evelyn Ramos
**Mga Tagapangasiwa:** Jocelyn DR. Andaya, Elizabeth G. Catao, Cristina S. Chioco, at Evangeline C. Calinisan
**Mga Tagaguhit:** Ernesto F. Ramos Jr. at Jason O. Villena
**Nag-layout:** Camelka A. Sandoval

**Inilimbag sa Pilipinas ng Vibal Group Inc.**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 o 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

## MODYUL 2 Mga Akdang Pampanitikan ng South America at ng mga Bansang Kanluranin

**Panimula.......................................................................... 120**
**Panimulang Pagtataya......................................................... 121**

**Aralin 2.1**
**A. Panitikan:** Talumpati ni Dilma Rousseff sa Kaniyang Inagurasyon (Kauna-unahang Pangulong Babae ng Brazil) 131
**B. Gramatika at Retorika:** Kaisahan at Kasanayan sa Pagpapalawak ng Pangungusap................................ 137

**Aralin 2.2**
**A. Panitikan:** Ako Po'y Pitong Taong Gulang....................... 146
**B. Gramatika at Retorika:** Mga Salitang Nagpapahayag ng Pangyayari at Damdamin........................................... 151

**Aralin 2.3**
**A. Panitikan:** Ang Matanda at Ang Dagat (Bahagi lamang) 158
**B. Gramatika at Retorika:** Mga Pahayag sa Pagsang-ayon at Pagtutol sa Pagbibigay ng Puna o Panunuring Pampanitikan 167

**Aralin 2.4**
**A. Panitikan:** Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante... 174
**B. Gramatika at Retorika:** Paggamit ng Wastong Pokus ng Pandiwa: Tagaganap at Layon sa Pagsusuri............... 181

**Aralin 2.5**
**A. Panitikan:** Ang Aking Pag-ibig........................................ 187
**B. Gramatika at Retorika:** Mabisang Paggamit ng Matatalinghagang Pananalita...................................... 192

**Aralin 2.6**
**A. Panitikan:** Sintahang Romeo at Juliet............................ 201
**B. Gramatika at Retorika:** Pokus sa Kagamitan at sa Pinaglalaanan sa Pagpapahayag ng Sariling Damdamin 213

**Aralin 2.7**
**A. Panitikan:** Aginaldo ng mga Mago................................... 219
**B. Gramatika at Retorika:** Pokus sa Ganapan at Sanhi: Gamit sa Pagsasalasay ng mga Pangyayari...................... 227

# Modyul 2

# MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG SOUTH AMERICA

# AT NG MGA BANSANG KANLURANIN

## I. PANIMULA

Mahusay! Binabati kita sa matagumpay mong pag-aaral ng Modyul 1. Ngayon natitiyak ko na magugustuhan mo ang susunod nating mga aralin sa **Modyul 2**. Ito'y tungkol sa mga akdang pampanitikan ng South America at ng mga bansang Kanluranin tulad ng Brazil, rehiyon sa isa sa mga isla ng Caribbean, Estados Unidos, Inglatera, Iceland, at England.

Ang panitikan ng ilang bansa sa Kanluran at South America na tumutukoy sa malaking bahagi ng panitikan mula sa *ancient era* tungo sa kasalukuyang panahon ng Indo-Europeo ay binubuo ng English, Español, French, Italy, at Russia — na pawang ang pinagmulan ng kanilang pamanang panitikan ay sa sinaunang Greece at Rome. Ang naturang pamanang ito ay pinangalagaan at kalaunan ay nagbagong-anyo sa pamamagitan ng paglaganap ng Kristiyanismo. Nagpalipat-lipat ito sa buong kontinente ng Europe hanggang sa umabot sa mga bansa sa Kanluran. Mula noon hanggang ngayon, masasalamin sa panitikan ng mga bansa sa Kanluran ang pagkakaisa sa kanilang mga tema o paksain at ang pagkakabuo ng kanilang mga akda na nagbigay ng sarili nilang pagkakakilanlan sa iba pang kontinente ng mundo.

Sa Modyul na ito lilinangin sa iyo ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan tulad ng talumpati, dagli, nobela, mitolohiya, tula, dula at maikling kuwento na mula sa mga bansa sa Kanluran. Mapag-aaralan mo rin dito ang pagpapalawak ng pangungusap, paggamit ng salitang nagpapahayag ng pangyayari at damdamin, wastong gamit ng iba't ibang uri ng pokus tulad ng pokus tagaganap, layon, pinaglalaanan, kagamitan, ganapan, at sanhi. Mauunawaan mo rin ang mabisang paggamit ng matatalinghagang pananalita at ng mga pahayag sa pagsang-ayon at pagtutol sa pagbibigay ng puna o panunuring pampanitikan. Sa daloy ng pagtalakay sa mga aralin, inaasahang masasagot mo ang pokus na tanong kung paano nga ba naiiba ang mga akdang pampanitikan ng mga bansa Kanluran sa iba pang mga bansa? Gayundin, kung paano nakatutulong ang mga kaalaman sa gramatika at retorika para higit mong maunawaan at mapahalagahan ang mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Kanluran? Malalaman mo ang sagot sa mga tanong na ito sa patuloy mong pag-aaral sa mga sulating nakapaloob dito.

Sa pagtatapos ng Modyul na ito ikaw ay inaasahang makapaglalathala ng iyong sariling akda sa hatirang pangmadla (*social media*) na itataya batay sa sumusunod na pamantayan: a). orihinalidad, b.) makatotohanan at napapanahong paksa, c.) kakintalan, d.) wasto at angkop na gramatika/retorika, at e.) hikayat at kaaliwan sa mambabasa.

## II. PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin kung gaano na ang lawak ng iyong kaalaman sa nilalaman ng modyul na ito. Sagutin mo ang lahat ng aytem. Piliin mo ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa patlang

1. Isang sangay ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan na maaaring tumalakay sa anomang isyu sa kapaligiran. Isa itong matalinong pagkukuro ng sumulat tungkol sa isang paksa.
   a. editoryal c. sanaysay
   b. talumpati d. talambuhay
2. Isang uri ng akdang pampanitikan na nasa anyong tuluyan na may mga sitwasyong nasasangkot ang tauhan ngunit walang aksiyong umuunlad, gahol ang banghay at mga paglalarawan lamang.
   a. kuwentong bayan c. dagli
   b. maikling kuwento d. komiks
3. Ang paksa ang siyang layon ng pangungusap. Ito ay nasa pokus na _______.
   a. tagaganap c. pinaglalaanan
   b. layon d. sanhi
4. Sila ang mga tauhan sa dulang sinulat ni William Shakespeare na naglarawan sa walang kamatayang pag-ibig na humantong sa isang trahedya.
   a. Samson at Delilah c. Florante at Laura
   b. Romeo at Juliet d. Thor at Loki
5. Bakit hindi maaaring magmahalan sina Romeo at Juliet?
   a. magkaaway ang kanilang mga angkan
   b. pakakasal na si Juliet kay Paris
   c. labag sa kultura ng mga Capulet na mapakasal sa isang Montague.
   d. wala sa nabanggit
6. Ano ang dalawang mahahalagang yaman nina Jim at Della na nagawa nilang isakripisyo para maibili ng aginaldo ang bawat isa?
   a. diyamanteng kuwintas c. gintong relos
   b. buhok d. mamahaling suklay

   a. b at d b. c at d c. b at c d. a at d
7. Isang uri ng tula na nagmula sa Italy na may labing-apat na taludtod at sampung pantig sa bawat taludtod.
   a. soneto c. haiku
   b. tanaga d. alegorya
8. Sa anong taon nailimbag ang nobelang "Ang Matanda at ang Dagat?"
   a. 1950 c. 1952
   b. 1951 d. 1953
9. Anong damdamin ang ipinahihiwatig sa pahayag na, "Ipinaputol ko at ipinagbili," wika ni Della. "Hindi ba gusto mo rin ako kahit putol na ang aking buhok?"
   a. pag-aalala c. pagkainis
   b. pagtataka d. pagtatampo
10. Sa pangungusap na, *"Ipinanggising ni Rizal sa mga Pilipino ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo,"* ano ang ipinokus ng pandiwang <u>ipinanggising</u>?
    a. Rizal c. Noli Me Tangere at El Filibusterismo
    b. Pilipino d. wala sa nabanggit

11. Sa pangungusap na, "Pinagpiknikan ng mga turista ang <u>paanan ng bundok</u>," anong pokus ng pandiwa ang may salungguhit?
    a. ganapan
    b. pinaglalaanan
    c. layon
    d. direksiyon

12. "<u>Langoy</u> namin ang malinis na batis sa kanluran." Anong pandiwa ang dapat gamitin upang mabuo ang diwa ng pahayag na nasa pokus na ganapan?
    a. nilangoy
    b. pinaglanguyan
    c. kalalangoy
    d. nilanguyan

13. <u>Talagang</u> palabasa ang kaniyang anak na dalaga. Ang may salungguhit ay isang ___________ na ginamit upang mapalawak ang pangungusap.
    a. ingklitik
    b. komplemento
    c. pang-uri
    d. pang-abay

14. <u>Si Eric</u> ay **nagtalumpati** nang buong husay sa harap ng madla. Ang pokus ng pandiwa ay _________.
    a. tagaganap
    b. layon
    c. pinaglalaanan
    d. sanhi

15. Ang salitang buti kapag nilagyan ng panlapi na ma- at inulit ay magiging mabuti-buti na ang ibig sabihin ay _________.
    a. magaling
    b. magaling-galing
    c. maayos
    d. katamtamang ayos

16. Ang sumusunod ay mga elementong taglay ng mitolohiya liban sa _________.
    a. tumatalakay sa mga diyos at kanilang kabayanihan
    b. may kaugnayan ng paniniwala sa propesiya
    c. kapani-paniwala ang wakas
    d. may salamangka at mahika

17. Aling pangkat ng pandiwa ang nasa pokus tagaganap?
    a. lumikas, nag-ani, magsusulat
    b. ibinili, malaman, pag-aaralan
    c. ipinambili, ipansulat, ipanghakot
    d. ikinalulungkot, ikinatutuwa, ikinasawi

18. Kasinlaya ito ng mga lalaking
    Dahil sa katwira'y hindi paaapi,
    Kasingwagas ito ng mga bayaning
    Marunong umingos sa mga papuri.

    Anong uri ng tayutay ang makikita sa binasang saknong?
    a. pagwawangis
    b. pagtutulad
    c. pagbibigay-katauhan
    d. pagmamalabis

19. Alin sa sumusunod ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita ayon sa tindi ng damdamin?
    a. pag-ibig, pagsinta, pagmamahal, pag-irog
    b. pagsinta, pag-irog, pag-ibig, pagmamahal
    c. pag-irog, pag-ibig, pagmamahal, pagsinta
    d. pagsinta, pag-irog, pagmamahal, pag-ibig

**Para sa bilang 20 at 21**

Iniibig kita nang buong taimtim,
Sa tayog at saklaw ay walang kahambing,
Lipad ng kaluluwang ibig na marating
Ang dulo ng hindi maubos-isipin.

Yaring pag-ibig ko'y katugon, kabagay
Ng kailangan mong kaliit-liitan,
Laging nakahandang pag-utus-utusan,
Maging sa liwanag, maging sa karimlan.

*- Ang Aking Pag-ibig*

20. Alin sa sumusunod ang katangiang <u>hindi</u> taglay ng persona sa tula?
    a. mapagtiis
    b. mapagpakumbaba
    c. masayahin
    d. mapagmalasakit

21. Ipinapahayag ng persona sa tula ang kaniyang pagmamahal at pagsinta sa taong kaniyang iniibig sa pamamagitan ng ________________.
    a. pagsasalarawan ng tunay na pag-ibig
    b. paghahambing nito sa iba't ibang bagay
    c. paglalahad ng mga pangyayari sa buhay nila
    d. pagpapahiwatig ng nararamdaman

**Para sa mga Bilang 22-24**

Lumipas na ang panahon ng pag-aaklas laban sa paniniil ng mga mananakop: ginawa na ito nila Rizal at Bonifacio, ng mga Katipunero at iba pang bayaning Pilipino. Ginawa nila ito dahil mulat silang walang ibang magtatanggol sa ating karapatan; walang ibang magsusulong para sa kinabukasan ng ating bayan; walang ibang magtutulak para sa ating ganap na kalayaan, kundi tayo ring mga Pilipino. Wala nang iba. Salamat sa kanila, isandaan at labinlimang taon na nating ipinapahayag sa mundo na tayo'y isang bansang malaya.

Habang nagbabalik-tanaw at binibigyang-halaga natin ang ating kasarinlan, mulat ang pamahalaan sa tungkulin nitong pangalagaan ang kalayaang ito. Kaya naman naninindigan tayo para sa ating mga karapatan bilang bansang may sariling soberanya, bilang bayang nagbuwis na ng buhay para sa kalayaan, bilang Pilipinas na may sariling bandila na kapantay ng lahat.

*- Pang. Benigno C. Aquino III, pagdiriwang ng anibersaryo ng Araw ng Kalayaan*

22. Sa unang pangungusap, nais ipahayag ng pangulo ang _______.
    a. pagtuligsa sa mga mananakop
    b. paghikayat sa madlang magkaisa
    c. pagpapahalaga sa pagtanggol sa bayan
    d. pagbibigay-pugay sa mga bayaning Pilipino

23. Sinasabi ng pangulo sa ikalawang talata na _______ liban sa _______.
    a. pahalagahan ang ating kalayaan
    b. magbuwis ng buhay para sa kalayaan
    c. tungkuilin ng estado na pangangalagaan ang kalayaan
    d. maninidigan sa mga karapatan bilang bansang malaya

24. Layunin ng talumpating ito na bigyan ng pagpapahalaga ang/ang mga _______.
    a. bayani
    b. bandila
    c. kalayaan
    d. bansa

25. Ang angkop na kasabihan sa sitwasyong “nilinlang si Thor ng Hari ng mga Higante upang hindi sila mapasakop sa kapangyarihan nito.”
    a. Ang mabuting layunin ay hindi mapapangatwiranan sa masamang paraan.
    b. Matalino man ang matsing napaglalalangan din.
    c. Anumang tibay ng abaka ay wala rin kapag nag-iisa.
    d. Ang bayaning nasusugatan, nag-iibayo ang tapang.

26. Nagbalik-loob si Samsom sa Panginoon at nanalangin nang taimtim. Ipinahihiwatig ng kilos ng tauhan na _______.
    a. siya ay nagsisi at nanalig sa Diyos.
    b. sa Diyos pa rin siya kumuha ng lakas.
    c. kinilala niya ang kapangyarihan ng Diyos.
    d. sa Diyos pa rin siya hihingi ng tulong.

27. Bakit itinuturing na marurunong na mago ang mag-asawang Jim at Della Young?
    a. Isinakripisyo nila ang pinakamahahalagang ari-ariang pinakaiingatan nila.
    b. Hindi nila ipinakita ang pagdaramdam sa isa’t isa sa kabila ng kanilang pagkakamali.
    c. Pinatunayan nila na pag-ibig ang pinakamagandang aginaldo sa Pasko.
    d. Binigyan nila ng aginaldong pamasko ang bawat isa sa kabila ng kanilang kahirapan.

28. Ang lahat ay pahayag na nagsasaad ng katotohanan, maliban sa isa.
    a. Ang tao maging ang mga bagay ay maaaring maging lunan na pinagganapan ng pokus sa ganapan o direksiyon.
    b. Nasa pokus na pinaglalaanan ang pangungusap kapag ang simuno o paksa ang gumaganap sa kilos ng pandiwa.
    c. Nagaganap ang kilos ng pandiwa na nasa pokus na ganapan sa isang tiyak na lugar lamang.
    d. Ipinahihiwatig ng pokus sa direksiyon na ang kilos ng pandiwa ay nagaganap mula sa isang lugar papunta sa isang lugar.

29. Anong kaisipan ang lumutang sa maikling kuwentong “Aginaldo ng mga Mago?”
    a. Mas mainam magbigay kaysa tumanggap.
    b. Ang pag-ibig ay pagpapakasakit.
    c. Ang Diyos ay pag-ibig.
    d. Ang Pasko ay para sa mga bata.

30. Anong mahalagang kaisipan ang nais iparating ng dulang “Romeo at Juliet?”
    a. Ang pag-ibig na tapat ay walang kamatayan.
    b. Hahamakin ang lahat, masunod lamang ang tawag ng pag-ibig.
    c. Kapag mahal mo ang isang tao, ipaglaban mo.
    d. Lahat ay pantay-pantay sa ngalan ng pag-ibig.

31. Ang lihim na pagkikita nina Romeo at Juliet ay nagpapahiwatig ng _______.
    a. marubdob na pag-ibig para sa isa’t isa
    b. pagsaway sa utos ng kanilang angkan
    c. pagtataksil ni Juliet kay Paris
    d. lahat ng nabanggit

32. Anong uri ng pag-ibig ang nais ipahiwatig ng tulang “Ang Aking Pag-ibig?”
    a. pag-ibig sa ama/ina
    b. pag-ibig sa kapatid
    c. pag-ibig sa kaibigan
    d. pag-ibig sa kasintahan/asawa

> “Pero hindi nilikha ang tao para magapi,” sabi niya. “Maaaring wasakin ang isang tao pero hindi siya magagapi.” Nagsisisi ako na napatay ko ang isda, sa loob-loob niya. Parating na ngayon ang masamang panahon at wala man lang akong salapang. Malupit ang dentuso, at may kakayahan at malakas at matalino. Pero mas matalino ako kaysa kaniya. Siguro’y hindi, sa loob-loob niya. Siguro’y mas armado lang ako.
>
> *-Ang Matanda at ang Dagat*

33. “Pero hindi nilikha ang tao para magapi,” sabi niya. “Maaaring wasakin ang isang tao pero hindi siya magagapi.” Ang naturang pahayag ay nagpapahiwatig na _______.
    a. hindi dapat magpatalo sa hamon ng buhay.
    b. kung may dilim may liwanag ding masisilayan.
    c. may pagsubok mang dumating, matatag pa rin itong kahaharapin.
    d. nilikha tayo para lumaban at hindi para masaktan lamang.

34. Anong katangian ng pangunahing tauhan ang makikita sa naturang pahayag?
    a. mabait
    b. maalalahanin
    c. mapagpahalaga
    d. mabuti

35. “Huwag kang mag-isip, tanda,” malakas niyang sabi. “Magpatuloy ka sa paglalayag at harapin ang anumang dumating.” Ang pahayag ay nagpapakita ng uri ng tunggaliang,
    a. tao vs tao
    b. tao vs sarili
    c. tao vs kalikasan
    d. tao vs lipunan

**Para sa Bilang 36-50**

Sumulat ng sinopsis ng isang akda batay sa umiiral na isyung panlipunang kinakaharap ng mga bansa sa Kanluran. (15 puntos)

## III. YUGTO NG PAGKATUTO




### TUKLASIN

Natutuwa ako at nakarating ka na sa Modyul 2. Ngayon lalakbayin mo naman ang mga bansa sa Kanluran at South America sa pamamagitan ng kanilang mga akdang pampanitikan. Muli nating palalawakin at pagyayamanin ang iyong kaalaman at kakayahan tungkol dito. Tuklasin natin kung ang iyong ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng aralin. Halika, simulan mo na sa pamamagitan ng gawaing susukat sa abot ng iyong kaalaman.


**GAWAIN 1:** Hanggang Saan ang aking Kaalaman?

Gamit ang c*oncept map*, ibigay ang mga impormasyong iyong nalalaman sa panitikan ng mga bansa sa Kanluran at South America.





Matapos mong mapunan ang *concept map*, bigyan mo naman ng hinuha ang mahahalagang tanong sa aralin sa tulong ng ANA (Alam na, Nais malaman, Ang Nalaman ko na). Sagutin mo muna ang tatlong naunang kolum. Pagkatapos nating pag-aralan ang modyul na ito ay saka mo sagutin ang huling kolum.

a. Paano nga ba naiiba ang mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Kanluran sa iba pang mga bansa?
b. Paano nakatutulong ang mga kaalaman sa gramatika at retorika para higit na maunawaan at mapahalagahan ang mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Kanluran at South America?




Simula pa lamang ng gawain ay humahamon na sa iyong kaalaman, ang dati at ang malalaman mo pa lamang. Ipagpatuloy mo ang pagbuklat sa mga pahina ng araling ito hanggang sa matuklasan mo ang mga sagot sa mga tanong na iyan.

Tayo na, oras na para pag-aralan mo ang ilan sa mga akdang pampanitikan na nagdala ng malaking ambag sa kasaysayan ng mga bansa sa Kanluran at South America.



## LINANGIN

Narito ang mga aralin  na pag-aaralan sa Modyul 2. Nakapaloob dito ang mga paksa, pamantayang pangnilalaman, at pagganap.

### Aralin 2.1

| | |
|---|---|
| **A. Panitikan:** | Talumpati ni Dilma Rousseff sa Kaniyang Inagurasyon<br>(Kauna-unahang Pangulong Babae ng Brazil)<br>(Talumpati mula sa Brazil)<br>Isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina |
| **B. Gramatika at Retorika:** | Kaisahan at Kasanayan sa Pagpapalawak ng Pangungusap |
| **C. Uri ng Teksto:** | Naglalahad |

### Panimula

Ayon sa UNESCO, ang Brazil batay sa kasaysayan ay kilala sa  pagkakaroon ng diskriminasyon sa aspektong sosyal, ekonomiko, at kultural. Tulad din ng Pilipinas, ang Brazil ay sumailalim sa dalawampu't isang taong pamamalakad na diktaturyal. Kung kaya't damang-dama ng mga Brazilian ang kasiyahan nang manumpa sa katungkulan noong Enero 1, 2011 ang kauna-unahang babaing pangulo ng bansa sa katauhan ni Pangulong Dilma Rousseff.

Ang **Aralin 2.1** ay naglalaman ng talumpating  pinamagatang **Talumpati ni Dilma Rousseff sa Kaniyang Inagurasyon** na isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina. Ano kaya ang mahahalagang mensaheng ipinabatid ni Pangulong Rousseff sa kaniyang mga kababayan? Ang sagot ay malalaman mo sa pagbabasa ng talumpati. May mga gawain din na inilaan na makatutulong sa pagsusuri sa kaisahan at kasanayan mo sa pagpapalawak ng pangungusap.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasusulat ng isang talumpati tungkol sa isang napapanahong isyu. Dapat taglay rin ng talumpating iyong isusulat ang sumusunod na bahagi: a.) panimula (may pagpapaliwanag sa layunin), b.) katawan (kalinawan at tibay/lakas ng argumento), c.) pangwakas (pagbibigay ng lagom o kongklusyon), at d.) kaisahan at kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap.

Inaasahang sa pagtatapos ng araling ito ay masagot mo nang may pag-unawa ang mga pokus na tanong na:  Masasalamin ba sa talumpati ang kalagayang panlipunan ng bansang pinagmulan nito? At paano nakatutulong ang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap sa pagsulat ng talumpati?

## Yugto ng Pagkatuto



### Tuklasin

Alam kong handa ka nang tuklasin ang mga karunungan na iyong matututuhan sa araling ito. Ang mga gawaing inilaan ay inaasahang makatutulong sa iyo upang masagot mo ang mga tanong na: Masasalamin ba sa talumpati ang kalagayang panlipunan ng bansang pinagmulan nito? At paano nakatutulong ang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap sa pagsulat ng talumpati?

**Gawain 1:** *Character Profile*
Basahin at unawain ang talata na nagpapakilala kay Pangulong Dilma Roeusseff. Pagkatapos ay punan ng impormasyon ang talahanayan sa kasunod na bahagi.

**Sino ba si Dilma Rousseff?**



Noong Enero 1, 2011, nanumpa ang kauna-unahang babaeng pangulo ng Brazil matapos manalo sa eleksiyon noong 2010. Siya ay si Dilma Rousseff.

Isinilang siya noong Disyembre 14, 1947 sa Belo, Horizonte, Brazil. Ang kaniyang ama ay isang *Bulgarian* at ang kaniyang ina ay isang *Brazilian*. Estudyante pa lamang si Dilma ay naugnay na siya sa isang militanteng sosyalistang grupo kung saan nakasama niya si Carlos Araujo na kinalaunan ay siya niyang naging pangalawang asawa. Noong 1970, dahil sa kaniyang pakikipaglaban sa diktaturyal siya ay nakulong na tumagal ng tatlong taon. Habang nasa kulungan, nakaranas siya nang labis na pagpapahirap tulad ng *electric shocks*. Nang siya ay makalaya, tinapos niya ang kaniyang pag-aaral (1977) at pumasok sa lokal na politika bilang kasapi ng *Democratic Labor Party*. Sa loob ng dalawang dekada, ginampanan ni Rousseff ang pagiging *consultant* at mahusay na tagapamahala ng partido.

Nang mangampanya si Luis "Lula" de Silva bilang pangulo noong 2002, kinuha niya si Rousseff bilang *consultant*. Matapos ang eleksiyon hinirang siya bilang Minister ng Enerhiya. Dahil sa kaniyang kahusayan sa hinawakang posisyon, siya ay kinuha ni Pangulong "Lula" bilang *Chief of Staff* noong 2005 hanggang mapagdesisyunan niyang tumakbo sa eleksiyon bilang kahalili ni "Lula" noong 2010.

*Biography of Dilma Rousseff, kinuha noong Marso 1, 2014,*
*- Mula sa (http://www.infoplease.com/biography/var/dilmarousseff.html)*

**Character Profile**

**A. Pangalan :** ______________________________
**B. Tirahan :** ______________________________
**C. Kasarian :** ______________________________
**D. Hanapabuhay :** ___________________________
**E. Pagkamamamayan :** ________________________
**F. Naging tagumpay :** ____________
**G. Kahanga-hangang katangian :** _______________


**Sagutin:**

Anong impresiyon ang iyong nabuo matapos mong malaman ang ilang impormasyon kay Pangulong Dilma Rousseff?

**GAWAIN 2:** *Concept Mapping*

Bumuo ng hinuha at palagay kung ano kaya ang sasabihin ni Pangulong Rousseff sa kaniyang kababayan. Pagkatapos ay subuking palawakin ang ideyang ibinigay sa pamamagitan ng pagpapalawak ng pangungusap.

**GAWAIN 3:** Bigyan ng Opinyon!




Basahin nang malakas at may damdamin ang sumusunod na pahayag at pagkatapos ay magbigay ng iyong sariling opinyon tungkol dito.

1. "Ang ating pangunahing tungkulin ay ang magsikap na maiangat ang bansa mula sa kahirapan, sa pamamagitan ng pagpapairal ng katapatan at mabuting pamamalakad sa pamahalaan." – Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III (Inagurasyong Talumpati, 2010)
2. "Ipakikita natin ang ating lakas ng loob na solusyunan ang mga di pagkakaunawaan sa ibang nasyon nang mapayapa – hindi dahil naduduwag tayong harapin ang mga panganib, kundi dahil ang pakikipagkasundo ang matibay na mag-aalis sa pagdududa at takot." – Pangulong Barack Obama (Salin mula sa Inagurasyong Talumpati, 2013)
3. "Makatarungan lamang ang hinihingi sa atin ng kabataan: ang magkaroon ng edukasyon at oportunidad sa trabaho na naranasan ng nakaraang henerasyon. Ang pagkakataon na makapag-ambag sa lipunan at magkaroon ng matatag na kinabukasan." – *Prime Minister* Helle Thorming Schmidt (Salin mula sa *Opening Ceremony ng Danish Presidency*, 2012)
4. "Ang pangunahing banta sa kapayapaan ng mundo ay hindi ang di-magandang ugnayan ng mga bansa, kundi ang paglaganap ng kasamaan. Ang tinutukoy ko ay ang terorismo, *drug trafficking*, organisadong krimen at ang sindikatong *mafia*. Ang lahat ng krimeng ito ay nagsilbing banta sa buhay, progreso at pag-unlad lalo na ng mahihirap. Sa kasalukuyan, ang mga krimeng ito ang pangunahing hadlang sa pagkakamit ng mga layunin ng United Nation." – Peru Pres. Ollanta Humala (Salin mula sa 68$^{th}$ Session ng *General Assembly* ng *United Nation*, Set. 25, 2013, New York)
5. "Hindi natin mahihiling na makaiwas sa kaguluhan ng mundo. Ngunit kung tayo ay makatutulong sa paglutas nito at makikiisa sa paghubog ng magandang kinabukasan. Masasabing tunay na makabuluhan ang pakikiisa ng Germany sa *European Cooperation*." – Pres. Joachim Gauck (Salin mula sa talumpati sa pagbubukas ng Munich Security Conference noong Enero 31, 2014)

**Alam mo ba na...**
kung paanong may tinatawag na tulang pambigkasan, may sanaysay rin na binibigkas – ang talumpati? Ito ay kabuuan ng mga kaisipang nais ipahayag ng isang mananalumpati sa harap ng publiko. Ang mga kaisipang ito ay maaaring magmula sa pananaliksik, pagbabasa, pakikipanayam, pagmamasid, at mga karanasan. May paksang pinagtutuunan ng pansin at isinasaalang-alang din ang tagapakinig o bumabasa, pook, pagdiriwang at iba pa. Maaaring isaulo ng bumibigkas nito ang nilalaman ng talumpati at maaari rin na biglaan na kung tawagin sa Ingles ay *extemporaneous.*

**Paano ang pagsulat ng mabisang talumpati?**
Ang unang dapat isaalang-alang sa pagsulat ng talumpati ay ang pagpili ng paksa. Nakasalalay sa paksa at sa mananalumpati ang ikatatagumpay ng isang pagtatalumpati. Ano-anong katangian ang dapat taglayin ng paksa ng isang talumpati?

1. Tumutugon sa layunin – naisasagawa ang pagtatalumpati dahil sa sumusunod na layunin:
   1.1 magturo
   1.2 magpabatid
   1.3 manghikayat
   1.4 manlibang
   1.5 pumuri
   1.6 pumuna
   1.7 bumatikos
2. Napapanahon – ang paksa ng talumpati ay napapanahon kung may kaugnayan sa okasyong ipinagdiriwang

**Paano naiiba ang talumpati sa iba pang uri ng sanaysay?**
May mga uri ng sanaysay na karaniwang nababasa natin na nakasulat sa pahayagan. Halimbawa nito ay ang editoryal at lathalain.

Ano ba ang editoryal? Ito ay isang mapanuring pagpapakahulugan ng kahalagahan ng isang napapanahong pangyayari upang magbigay ng kaalaman, makapagpaniwala o makalibang sa mambabasa.

Ang lathalain naman ay isang sanaysay batay sa tunay na pangyayari na nagtataglay ng mga pagpapaliwanag, sanligan at impresiyon ng sumulat. Hindi ito kathang-isip lamang. Bilang isang karaniwang sanaysay, nagtataglay ito ng madamdamin, personal o mapagpatawang ideya o mga pananaw. Pangunahing layunin nito na manlibang kahit maaari ring magpabatid o makipagtalo.

Ang tatlong uri na nabanggit: talumpati, editoryal, at lathalain ay naglalayon na magbigay-kaalaman sa mga mambabasa. Ang tanging pagkakaiba ay nasa priyoridad na rin ng bawat uri. Tandaan lamang na ang talumpati ay isinulat upang bigkasin ng mananalumpati sa harap ng publiko sa paraang masining, madaling masundan, at maunawaan ng mga tagapakinig.

*- Mula sa Talumpati, Debate at Argumentasyon, (Villafuerte, 2002) at Pamahayagang Pangkampus, (Ceciliano, 1991)*



## Linangin

Basahin at unawaing mabuti ang kasunod na talumpati upang malaman mo kung masasalamin ba sa talumpati ang kalagayang panlipunan ng bansang pinagmulan nito.

**Sipi mula sa Talumpati ni Dilma Rousseff sa Kaniyang Inagurasyon**
**(Kauna-unahang Pangulong Babae ng Brazil)**
Enero 1, 2011
Isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina

Minamahal kong *Brazilians*,

Tinitiyak ng aking pamahalaan na lalabanan at susugpuin ang labis na kahirapan, gayundin, ang lumikha ng mga pagkakataon para sa lahat.

Nakita natin noon sa dalawang terminong panunungkulan ni Pangulong Lula kung paano nagkaroon ng pagkilos sa kamalayang panlipunan. Gayunpaman, nanatili sa kahihiyan ang bansa sapagkat hindi nawala ang kahirapan at nagkaroon ng mga hadlang upang patunayang maunlad na nga tayo bilang mamamayan.

Hindi ako titigil hangga't may *Brazilians* na walang pagkain sa kanilang hapag, may mga pamilyang pakalat-kalat sa mga lansangan na nawawalan ng pag-asa, at habang may mahihirap na batang tuluyan nang inabandona. Magkakaroon ng pagkakaisa ang pamilya kung may pagkain, kapayapaan at kaligayahan. Ito ang pangarap na pagsisikapan kong maisakatuparan.

Hindi ito naiibang tungkulin ng isang pamahalaan, isa itong kapasiyahan na dapat gampanan ng lahat sa lipunan. Dahil dito, buong pagpapakumbaba kong hinihingi ang suporta ng mga institusyong pampubliko at pampribado, ng lahat ng mga partido, mga nabibilang sa negosyo at mga manggagawa, mga unibersidad, ang ating kabataan, ang pamamahayag, at ang lahat na naghahangad ng kabutihan para sa kapwa.

Sa pagsugpo nang labis na kahirapan, kailangang bigyang priyoridad ang mahabang panahong pagpapaunlad. Ang mahabang panahong pagpapaunlad ay lilikha ng mga hanapbuhay para sa kasalukuyan at sa darating pang henerasyon.

Kailangan ang paglagong ito, kasama ang matatag na programang panlipunan upang malabanan ang hindi pantay na kita at pagkakaroon ng rehiyunal na pagpapaunlad.

Nangangahulugang ito at muli kong sasabihin na ang pagpapanatili ng katatagan ng ekonomiya ang pinakamahalaga. Sa nakasanayan na natin, kasama ang matibay na paniniwala na sinisira ng *inflation* ang ating ekonomiya na nakakaapekto sa kita ng mga manggagawa. Nakatitiyak ako na hindi natin papayagan ang lasong ito na sirain ang ating ekonomiya at magdusa ang mahihirap na pamilya.

Patuloy nating palalakasin ang ating panlabas na pondo upang matiyak na balanse ang panlabas na deposito at maiwasan ang pagkawala nito. Gagawin natin nang walang pag-aalinlangan sa mga multilateral na paraan na ipaglaban ang maunlad

at pantay na mga polisiyang pang-ekonomiya, na pangangalagaan ang bansa laban sa hindi maayos na kompetisyon at dapat na maunawaan ang daloy ng kapital na ipinakikipaglaban.

Hindi natin pahihintulutan ang mayayamang bansa na pinapangalagaan ang sariling interes na nagpapahirap sa maraming bansa sa mundo sa kabila ng kanilang sama-samang pagpupunyagi ay walang pagbabagong nagaganap.

Ipagpapatuloy nating mapahusay ang paggastos ng pera ng bayan.

Sa buong kasaysayan ng Brazil, pinili nitong itayo ang isang estado na nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan at kapakanan ng mamamayan.

Malaking halaga ang kakailanganin nito para sa lahat, ngunit nangangahulugan ito na may tiyak na pensiyon, unibersal na pangangalaga sa kalusugan at mga serbisyong pang-edukasyon. Samakatuwid, ang pagpapaunlad ng serbisyo publiko ay kailangan habang isinasaayos natin ang paggastos ng pamahalaan.

Isa pang mahalagang salik sa maayos na paggasta ay ang pagpapataas ng antas ng pamumuhunan sa punto ng pangkaraniwang gastusin sa pagpapatakbo ng negosyo. Mahalaga ang pamumuhunang pampubliko sa pag-iimpluwensiya sa pamumuhunang pampribado at kasangkapan sa rehiyonal na pagpapaunlad.

Sa pamamagitan ng *Growth Acceleration Program* at *My House, My Life Program*, pananatilihin natin ang pamumuhunan sa mahigpit at maingat na pagsusuri ng Pangulo ng Republika at ng mga Ministro.


Patuloy na magsisilbing instrumento ang *Growth Acceleration Program* na pagtutulungan ng pagkilos ng pamahalaan at boluntaryong koordinasyon ng pamumuhunang estruktura na binuo ng mga estado at mga munisipalidad. Ituturo rin nito ang pagbibigay ng insentibo sa pamumuhunang pampribado na pinahahalagahan ang lahat ng insentibo upang buuin ang pangmatagalang mga pondong pampribado.

Ang pamumuhunan sa *World Cup* at *Olympics* ang magbibigay ng pangmatagalang pakinabang sa kalidad ng pamumuhay sa lahat ng bumubuo ng rehiyon.

Magiging gabay rin ang prinsipyong ito sa polisiya ng panghimpapawid na transportasyon. Walang duda na dapat nang mapaunlad at mapalaki ang ating mga paliparan para sa *World Cup* at *Olympics*. Ngunit ang pagpapaunlad na nabanggit ay nararapat na isagawa na ngayon sa tulong ng lahat ng *Brazilian*.


*Dilma Rousseff Inauguration Speech: Brazil's First Female President Addresses Congress in Brasilia, kinuha nong Pebrero. 26, 2014, mula sa (http://www.huffingtonpost.com/2011/01/03/dilma-rousseff-inaugurati_1_n_803450.html)*

**GAWAIN 4:** Paglinang ng Talasalitaan
Magbigay ng mga salitang maiuugnay sa salitang nasa loob ng *diagram* (*word association*).





**GAWAIN 5:** Pag-unawa sa Akda
Sagutin ang mga tanong :

1. Ano ang nais na makamit ni Pangulong Rousseff sa kaniyang pamumuno sa Brazil?
2. Ilarawan ang kalagayang panlipunan ng Brazil batay sa mga sinabi ni Pangulong Rousseff. Ayon sa kaniya, paano niya ito mapabubuti? Sagutin sa tulong ng T-Chart. Gawin sa sagutang papel.




3. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang sitwasyon ng Brazil sa mga suliraning kinakaharap ng mga Pilipino sa ating bansa? Sagutin sa tulong ng *venn diagram*.

Leyenda
A at B – pagkakaiba
C – pagkakatulad



4. Kung ikaw ang pangulo ng bansa, paano mo sosolusyunan ang mga nabanggit na problema?

[redacted]

**GAWAIN 6:** Opinyon Mo'y Ipahayag

Magbigay ng sariling pananaw o opinyon tungkol sa mga pahayag na binanggit sa talumpati na tinutukoy sa sumusunod na aytem.

1. Tinitiyak ng aking pamahalaan na lalabanan at susugpuin ang labis na kahirapan, gayundin ang lumikha ng mga pagkakataon para sa lahat.
2. Nananatili sa kahihiyan ang bansa sapagkat hindi nawala ang kahirapan at nagkaroon ng mga hadlang upang patunayang maunlad na nga tayo bilang mga mamamayan.
3. Hindi ako titigil hangga't may Brazilians na walang pagkain sa kanilang hapag, may mga pamilyang pakalat-kalat sa mga lansangan na nawawalan na ng pag-asa, at habang may mahihirap na batang tuluyan nang inabandona.
4. Matibay ang aking paniniwala sa kasalukuyan na ang *inflation* ang nagdudulot ng kaguluhan sa ating ekonomiya at sumisira sa kita ng ating mga manggagawa.
5. Hindi natin pahihintulutan ang mayayamang bansa na pinapangalagaan ang sariling interes na siya namang nagpapahirap sa maraming bansa sa mundo sa kabila ng kanilang sama-samang pagpupunyagi ay walang pagbabagong nagaganap.
6. Sa buong kasaysayan ng Brazil, pinili nitong itayo ang isang estado na nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan at kapakanan ng mga mamamayan.

**GAWAIN 7:** Pagsusuri sa Pagkakabuo ng Talumpati


Suriin ang pagkakabuo ng binasang talumpati sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.

| Mga Tanong | Sagot |
|---|---|
| Panimula<br>1. Ano ang paksa ng binasang talumpati?<br>2. Ano ang layunin ng nagsasalita? | |
| Katawan o Nilalaman<br>1. Ano ang punto ng nagsasalita?<br>2. Ano-ano ang ebidensiya o katunayang kaniyang inilahad? | |
| Pangwakas<br>1. Bigyang-pansin ang wakas na bahagi, ano ang masasabi mo rito. | |

**GAWAIN 8:** Kaugnay na Balita

Manood ng balita. Pumili ng isang bahagi ng balita na may kaugnayan sa mga isyung panlipunan na binanggit sa Inagurasyong Talumpati ni Pangulong Rousseff. Suriin ang sumusunod:

1. paksa
2. nilalaman ng balita
3. kaugnayan sa tinalakay na talumpati



Nagagalak ako at mahusay mong naisagawa ang mga gawain sa panitikan. Inaasahan ko na malinaw na sa iyo kung masasalamin ba sa talumpati ang kalagayang panlipunan ng bansang pinagmulan nito.

**GAWAIN 9:** Lathalain... Suriiin Mo

Ituloy mo pa ang pagbabasa at matutunghayan mo ang lathalain na isinulat ni G. Manny Villar. Pagkatapos mong mabasa ang teksto ay pag-aaralan mo kung paano nakatutulong ang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap sa pagsulat ng talumpati.

**Kahirapan: Hamon sa Bawat Pilipino**

ni Manny Villar

Hindi nakapagtataka na ang bawat administrasyon ay nagsisikap na pagandahin ang larawan ng bansa sa kabila ng matitinding suliranin, pero kung minsan ay tila nakakainsulto dahil sa kalabisan.

Isang halimbawa ang mga ginawang pagbabago sa paraan ng pagtaya sa lawak ng kahirapan.

Isa sa mga binago ay ang pinakamababang komposisyon ng pagkain ng mga nasa Metro Manila upang ang isang pamilya ay hindi mabilang na dukha.

Sa dating panukat, ang *food threshold* sa almusal ay tortang kamatis, sinangag, kape para sa matatanda at gatas para sa bata.

Sa bagong panukat, ang dapat ihain sa almusal ay pritong itlog, kape na may gatas at kanin. Wala na ang gatas para sa mga bata. Marami ring nawala sa bagong panukat para sa tanghalian, meryenda at hapunan.

Dahil sa mga pagbabagong ito, bumaba ang katumbas na sustansiya mula sa kinakain ng mga Pilipino para hindi mabilang na dukha.

Ibinaba rin ang *poverty income threshold* o ang halagang dapat kitain ng isang pamilyang may limang miyembro para hindi mabilang na mahirap, mula sa dating P7,953.00 hanggang P7,017.00.

Dahil sa mga pagbabagong ito, ang bilang ng mahihirap na pamilya ay bumaba mula 4.9 milyon hanggang 3.9 milyon, at ang bilang ng mamamayang dukha ay bumaba ng isang milyon – mula sa 24.1 milyon hanggang 23.1 milyon.

Sa aking pananaw, hindi malulutas ng anumang pagbabago sa panukat ang kahirapan. Kahit ang 23.1 milyong lugmok sa kahirapan ay napakalaking bilang pa rin.

Tinatalakay ko ang paksang ito hindi para tuligsain ang pamahalaan kundi para ipakita na ang kahirapan ay isang hamon na dapat harapin ng lahat ng mga Pilipino.

Ang unang hakbang para malutas ang kahirapan ay ang pagtanggap na ito ay suliranin ng bansa. Sa isang maysakit, walang magagawa ang sinumang manggagamot hangga't hindi tinatanggap ng isang pasyente na siya ay maysakit.


Sa halip na pagandahin ang larawan ng kahirapan sa pamamagitan ng pagmamanipula sa mga panukat ay dapat pagtuunan ng pansin ng pamahalaan ang mga proyektong makakalikha ng hanapbuhay, na magtataas ng antas sa pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino at sa bandang huli ay tunay na magpapababa sa bilang ng mahihirap.

*Kahirapan Hamon sa Bawat Pilipino, kinuha noong Nobyembre 8, 2014 mula sa (http://www.balita.net.ph/2012/01/18/kahirapan-hamon-sa-bawat-pilipino/)*

**GAWAIN 10:** Unawain Mo

Sagutin ang mga tanong batay sa binasang teksto.

1. Ano ang paksa ng binasang lathalain?
2. Ilahad ang pananaw ng sumulat tungkol sa pagbabago sa pagsukat ng kahirapan sa Metro Manila. Magbigay ng reaksiyon ukol dito.



3. Ano ang iyong pananaw sa sinabi ng sumulat na “Ang unang hakbang para malutas ang kahirapan ay ang pagtanggap na ito ang suliranin ng bansa?”
4. Kung ikaw ang tatanungin, ano ang mabisang hakbang sa paglutas sa kahirapan ng bansa?
5. Tulad ng talumpati ang lathalaing iyong binasa ay isang tekstong naglalahad. Narito ang patunay: Isang halimbawa ang mga ginawang pagbabago sa paraan ng pagtaya sa lawak ng kahirapan.

[redacted]

*Para sa akin ang mabisang hakbang sa paglutas sa kahirapan ng bansa ay*
…_________________________________________
__________________________________________

Ikaw naman ang magbigay ng tatlo pang patunay na ang binasa ay tekstong naglalahad.

Balikan natin ang tanong sa panimula: Paano nakatutulong ang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap sa pagsulat ng talumpati? Ipagpatuloy mo pa ang iyong pagtuklas!

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**
Bigyan ng pansin kung paano pinalawak ang mga pangungusap sa akda at tekstong binasa.

**Alam mo ba na…**
ang **panaguri** at **paksa** ay panlahat na bahagi ng pangungusap? Ang panaguri at paksa ay maaaring buuin pa ng maliliit na bahagi. Napalalawak ang pangungusap sa mga maliliit na bahaging ito. Nagagawa ito sa tulong ng pagpapalawak ng panaguri at paksa, at pagsasama o pag-uugnay ng dalawa o higit pang pangungusap.

Sa pagsusuri ng pangungusap ay tinitingnan kung paano ito pinalalawak. Upang masuri ang pagpapalawak ng pangungusap kailangang malaman ang mga paraan kung paano ito ginagawa. Nagagawa ito sa tulong ng pagpapalawak ng panaguri at paksa gayundin ang pagsasama-sama o pag-uugnay ng dalawa o higit pang pangungusap. Hindi dapat na pinalalawak lamang ang pangungusap, kailangang suriin ang kasanayan at kaisahan ng pagpapalawak nito.

**Pagpapalawak ng Pangungusap at Pagsusuri**

Maaaring mapalawak ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpapalawak sa panaguri sa tulong ng ingklitik, komplemento, pang-abay, at iba pa. Napalalawak naman ang pangungusap sa tulong ng paksa sa tulong ng atribusyon o modipikasyon, pariralang lokatibo o panlunan, at pariralang naghahayag ng pagmamay-ari.

**Panaguri** – Nagpapahayag ng tungkol sa paksa.

1. **Ingklitik** – tawag sa mga katagang paningit na laging sumusunod sa unang pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri o pang-abay.

Halimbawa:
Batayang Pangungusap : Si Dilma Rousseff ang pangulo ng Brazil.

- Si Dilma Rousseff pala ang pangulo ng Brazil.
- Si Dilma Rousseff ba ang pangulo ng Brazil?

Batayang Pangungusap : Ibinaba ang *poverty income threshold*.
Ibinaba rin ang poverty income threshold o ang halagang dapat kitain ng isang pamilya na may limang miyembro.

2. **Komplemento/Kaganapan** – Tawag sa pariralang pangngalan na nasa panaguri na may kaugnayan sa ikagaganap o ikalulubos ng kilos ng pandiwa. Sangkap ito sa pagpapalawak ng pangungusap.

- Sinang-ayunan ni Dilma Rousseff ang karaingan ng mamamayan. (Tagaganap)
- Ang food threshold sa almusal ay tortang kamatis, kape para sa matatanda, gatas para sa bata. (Tagatanggap)
- Ipagpapatuloy natin ang mahusay na paggamit ng pondo ng bayan. (layon)
- Nagtalumpati ang pangulo sa plasa. (Ganapan)
- Pinagaganda ang larawan ng kahirapan sa pamamagitan ng pagmamanipula sa mga panukat. (kagamitan)
- Dahil sa mga pagbabagong ito, ang bilang ng mahihirap na pamilya ay bumaba mula 4.9 milyon hanggang 3.9 milyon. (sanhi)
- Nagtungo ang mga tao sa harap ng Palasyo upang makinig sa talumpati ng pangulo. (direksyunal)

3. **Pang-abay** – Nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay. Batayang Pangungusap : Nagtalumpati ang pangulo. Pagpapalawak: Mahusay na nagtalumpati ang pangulo kahapon at totoong humanga ang lahat.

**Paksa –** Ang pinag-uusapan sa pangungusap

1. **Atribusyon o Modipikasyon** – May paglalarawan sa paksa ng pangungusap

Halimbawa:

- Pakinggan mo ang nagpapaliwanag na opisyal na iyon.
- Ito si Dilma Rousseff ang pinakamahusay kong pangulo.

2. **Pariralang Lokatibo/Panlunan** – ang paksa ng pangungusap ay nagpapahayag ng lugar

Halimbawa:

- Inaayos ang plasa sa Brazil.
- Marami rin ang nasa Luneta upang makinig ng talumpati.

3. **Pariralang Nagpapahayag ng Pagmamay-ari** – Gamit ng panghalip na nagpapahayag ng pagmamay-ari.

- Maayos na maayos ang talumpati <u>ng aking mag-aaral</u>.
- Pakikinggan ko ang talumpati <u>ng kapatid ko</u>.

**Pagsusuri sa Kasanayan at Kaisahan sa Pagsusuri ng Pangungusap**
Mahalaga ang pagsusuri sa kasanayan at kaisahan sa pagsusuri sa pangungusap.

Sa kasanayan at kaisahan, nagiging gabay ang mga ito upang malaman kung paano gagamitin ang bahagi ng panalita sa pagpapalawak ng pangungusap. Nasusuri na mula sa batayang pangungusap, nasasanay at nagkakaroon ng kaisahan kung paano lumalawak ang pangungusap sa tulong ng pagdaragdag ng salita at parirala na angkop sa ginawang pagpapalawak. Sa kaisahan, kailangan ng konsistensi ng gamit ng mga paraan ng pagpapalawak ng pangungusap.

**Pagsasanay 1:** Basahin at unawain ang usapan ng tatlong mag-aaral. Pumili ng limang pangungusap. Suriin ang ginamit na paraan sa pagpapalawak ng pangungusap maaaring nasa panaguri o paksa. Gawin sa iyong kuwaderno.

Isang araw, nag-uusap ang tatlong opisyales ng *Student Government*.

**Jhasmine**: Naisip mo ba kung saan napupunta ang basurang itinatapon mo?
**BJ:** Siyempre kinukuha ng mga basurero at ito ay dinadala sa tambakan ng basura.
**Jhasmine:** Eh, paano kung hindi naitapon nang maayos. Halimbawa, ang lata na itinapon sa kalsada ay maaaring makabara sa kanal.
**Calyx:** At ang balat ng kendi na itinapon sa dagat ay maaaring makain ng hayop.
**Jhasmine:** Tama! Halikayo at basahin natin ang tekstong ito na pinamagatang “Pangangalaga ng Basura.”

Ang bawat Pilipino na naninirahan sa pook rural ay lumilikha ng mahigit kumulang na 0.3 kg. na basura habang sa pook urban o siyudad ay mayroon kada araw ng 0.5 kg na basura. Nasa 60% ng mga basura na itinatapon ay *biodegradable* o nabubulok, 20% ay *recyclable* o maaaring mabalik-anyo, at 18% ang *residual waste* o mga hindi na magagamit pang muli na basura. Higit kumulang 80% naman ang mga basura na hindi naman dapat itinatapon at dinadala sa tambakan. Dahil sa dami ng basura sa tambakan dumadami rin ang nililikha na *methane* galing sa mga nabubulok na basura. Ito ay sanhi rin ng pagkapal ng *greenhouse gases* sa atmospera at nagdudulot ng pandaigdigang pag-init ng mundo.

**BJ:** Ah, ganun pala! Kaya sabi ng mama ko ibang-ibang na ang mundo ngayon. Hindi mo masabi kung kailan uulan o aaraw.
**Jhasmine:** Kaya bago mo itapon ang bagay na hawak mo, isipin mo muna kung ito ay kailangan mo, maaari mong i-*reduce* o bawasan ang paggamit.
**Calyx:** O dapat bang i-*reuse* o tingnan kung magagamit pa itong muli?
**Jhasmine:** O i-*recycle* o magbalik anyo sa pamamagitan ng paglikha ng bagong bagay mula sa lumang bagay?

*- Mula sa pangangasiwa ng basura (Resurreccion, 2011)*
*ang sipi ay mula sa Panahon na inilathala ng WWF-Phil.*

| Pangungusap | Paraang Ginamit sa Pagpapalawak ng Pangungusap |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**Pagsasanay 2:** Mula sa mga nakatalang paksa, bumuo ng mga pangungusap. Sikaping mapalawak ito sa tulong ng panaguri o paksa. Ipaliwanag ang paraang ginamit sa pagpapalawak ng pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pagkakaisa ng mga bansa
2. Pag-unlad ng ekonomiya
3. Pagdami ng *skilled workers*
4. Pag-aagawan ng teritoryo
5. *Drug-trafficking*

**Pagsasanay 3:** Mula sa mga napapanahong isyu ng lipunan ng alinmang bansa na sakop ng modyul na ito, pumili ng isang isyu at sumulat ng isang talata. Sikaping palawakin ang mga pangungusap gamit ang mga ingklitik, mga komplemento, mga pang-abay para sa panaguri o atribusyon/modipikasiyon, pariralang lokatibo o panlunan, o pariralang nagpapahayag ng pagmamay-ari gamit ang paksa sa pagpapalawak.




**Pagnilayan at Unawain**


Natutuwa ako na natapos mo nang maayos ang mga gawain. Ngayon, inaasahan ko na may sapat ka ng kaalaman upang sagutin ang mga tanong na ibinigay sa iyo sa panimula ng aralin.


Sagutin ang mga tanong gamit ang *round table discussion* at grapiko ng kaalaman.

a. Masasalamin ba sa talumpati ang kalagayang panlipunan ng bansang pinagmulan nito? Patunayan. Pag-usapan sa pamamagitan ng *round table discussion*. Isulat sa papel ang inyong sagot.



b. Paano nakatutulong ang kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap sa pagsulat ng talumpati? Gamitin ang grapiko ng kaalaman.





**Ilipat**

Mahusay! Ngayon ay itataya mo ang iyong mga natutuhan sa araling ito. Alam kong kayang-kaya mo itong gawin.

Ikaw ang napili ng iyong guro na lumahok sa Patimpalak sa Pagbigkas ng Talumpati na itinataguyod ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na may temang “Tugon ng mga Kabataan sa mga Isyu ng Lipunan.” Kaya’t ikaw ay susulat ng isang talumpati bilang paghahanda sa nasabing patimpalak. Ang nabuo mong talumpati ay ipapasa mo sa hatirang pangmadla o *social media.*

Nararapat na ang talumpating iyong isusulat ay taglay ang sumusunod na mga bahagi:

| | |
|---|---|
| Panimula<br>o pagpapaliwanag sa layunin | 20 puntos |
| Katawan<br>o kalinawan ng argumento<br>o tibay/lakas ng argumento | 40 puntos |
| Pangwakas<br>o pagbibigay ng lagom o kongklusyon | 20 puntos |
| Kaisahan at Kasanayan sa pagpapalawak ng pangungusap | 20 puntos |
| Kabuuan | 100 puntos |

Natutuwa ako sa ipinakita mong kahusayan. Nalampasan mo ang lahat ng mga ibinigay na gawain. Susunod mo namang pag-aaralan ang tungkol sa dagli na nagmula sa rehiyon ng isa sa mga isla ng Caribbean. Lalo mo pang paghusayan!

## Aralin 2.2

| | |
|---|---|
| **A. Panitikan:** | Ako Po'y Pitong Taong Gulang<br>(Dagli mula sa Rehiyon ng Isa sa mga Isla ng Caribbean)<br>*Anonymous* |
| **B. Gramatika at Retorika:** | Mga Salitang Nagpapahayag ng Pangyayari at Damdamin |
| **C. Uri ng Teksto:** | Nagsasalaysay |

## Panimula

Laganap ang *child labor* hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa iba pang panig ng mundo. Kapag may nakikita kang batang lalaki o babaeng naghahanapbuhay na sa kanilang murang edad, marahil naitatanong mo sa sarili ang mga dahilan kung bakit kailangan nilang magtrabaho sa halip na sila ay nasa paaralan at nasisiyahan sa pagiging bata. Ganito rin ang sitwasyon sa mga isla ng *Caribbean*. Nasasakop ng *Caribbean* ang lahat ng isla na matatagpuan sa Timog-Silangan ng Gulpo ng Mexico at Silangang bahagi ng Central America at Mexico gayundin ang Hilagang bahagi ng South America.

Ang **Aralin 2.2** ay inaasahang maipamamalas mo ang iyong pag-unawa sa kuwentong nasa anyong dagli ng rehiyon ng isa sa mga isla ng *Caribbean* na pinamagatang **Ako Po'y Pitong Taong Gulang**. Mababasa mo sa dagli ang karanasan ng bata na maagang nasabak sa pagtatrabaho. Mauunawaan mo ang aralin sa tulong na rin ng mga salitang nagpapahayag ng pangyayari at damdamin at tekstong nagsasalaysay.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang makasusulat ka ng sariling dagli. Ito ay mamarkahan sa pamamagitan ng sumusunod na pamantayan: a.) makatotohanan, b.) kaisahan ng mga pangungusap at talata, c.) walang gaanong banghay, d.) estilo ng pagkakasulat, at e.) paggamit ng salitang nagpapahayag ng pangyayari at damdamin.

Masasagot mo rin ang mga pokus na tanong na: Paano naiiba ang dagli sa iba pang akdang pampanitikan? At paano nakatutulong ang mga salitang nagpapahayag ng pangyayari at damdamin sa pagsulat ng sariling dagli?



## Tuklasin

Sagutin ang kasunod na mga gawain. Makatutulong ito upang sa gayo'y maunawaan mo kung paano naiiba ang dagli sa iba pang akdang pampanitikan? At paano nakatutulong ang mga salitang nagpapahayag ng pangyayari at damdamin sa pagsulat ng sariling dagli?

**GAWAIN 1:** Patotohanan ang Konsepto
Tukuyin kung ang isinasaad ng bawat bilang ay totoo o hindi totoo. Lagyan ng tsek (✔) ang hanay ng iyong sagot.

| Totoo | Konsepto Tungkol sa Aralin | Hindi Totoo |
|---|---|---|
| | 1. Ang dagli ay mga sitwasyong may mga nasasangkot na tauhan ngunit walang aksiyong umuunlad, gahol ang banghay, at paglalarawan lamang. | |
| | 2. Ang dagli ay isang salaysay na lantaran at walang timping nangangaral, namumuna, nanunudyo, o kaya'y nagpapasaring. | |
| | 3. Lumaganap ang dagli noong panahon ng paghihimagsik. | |
| | 4. Ang mga salitang malungkot, takot na takot at tuwang-tuwa ay nagpapahayag ng damdamin. | |
| | 5. Ang mga salitang nasaksihan ko, noong bata pa ako at kamakailan lang ay ginagamit upang maglarawan ng mga pangyayari. | |

**GAWAIN 2:** Unawain ang Dagli
Basahin at unawaing mabuti ang dagli na pinamagatang "Maligayang Pasko" at sagutin ang kasunod na mga tanong.

**Maligayang Pasko**
ni Eros S. Atalia

Pinatay niya na ang sauce. Luto na rin ang noodles ng spaghetti. Sinilip niya ang oven. Paluto na ang lechon de leche. Nagniningning sa mantika ang hamon, hotdog at bacon. Nasa gitna na ng mesa ang mansanas, ubas, kahel at peras. Hiwa na rin ang keso de bola. Timplado na rin ang juice. Inilagay na niya sa mesa ang morcon, lechon manok, embutido, paella at pinasingaw na sugpo. Naglagay siya ng tatlong pinggan, baso, kutsara at tinidor sa mesa. Pati na rin ang napkin.

Maya-maya, bitbit na niya ang isang supot. Sa loob nito ay may ilang nakabalot na ulam.

Lumabas na siya ng bahay. Tinahak na niya ang nagniningning na lansangan. Habang naglalakad, sinilip niya ang laman ng supot. May apat na balot. Hindi niya maaninag kung ano-ano ang laman ng mga ito. Pero tamang-tama sa anim niyang anak at sa kanilang mag-asawa ang bitbit na pabaong Noche Buena.

Bukas, araw ng Pasko, maaga siyang babalik upang maghugas ng pinagkainan.

*- Mula sa Wag Lang Di Makaraos (Atalia, 2011)*

Gabay ng Tanong:

1. Para kanino ang inihandang noche buena ng tauhan sa dagli na iyong nabasa? Pangatwiranan.
2. Madali mo bang naunawaan ang iyong binasa? Bakit?
3. Bigyang-puna ang estilo ng sumulat batay sa sumusunod na mga elemento:
    a. tauhan
    b. tagpuan
    c. banghay
        simula
        gitna
        wakas
    d. tema


**GAWAIN 3:** Paabanikong Pagsusuri

Pag-aralan ang mga impormasyon tungkol sa pinagmulan ng Caribbean at itala ito gamit ang *fan fact analyzer*. Gayahin ang pormat sa iyong kuwaderno. Sagutin din ang tanong sa kasunod na bahagi.

### Pinagmulan ng mga Isla ng *Caribbean*





Sa loob ng isandaang taon, ang *Caribbean Islands* ay pinaninirahan ng tatlong pangunahing katutubong tribo- ang Arawaks, ang Ciboney at ang tribo na nagbigay ng pangalan sa isla, ang Caribs. Sinasabing sa pagdating ni Christopher Columbus ang unang *European* na nakarating sa isla ay nagkaroon ng dramatikong pagbabago sa kasaysayan ng *Caribbean*. Ang Spain ang orihinal na umangkin sa buong isla. Hindi ito ikinasiya ng mga taga-isla na nakatira roon maging ng mga bansa sa Europa na nag-aagawan sa isla tulad ng France, England, Netherlands, at Denmark.



Samantala, ang mga taal na katutubong tribo na nakatira sa isla ay halos nalipol. Kung nalipol ang mga tao ng isla gayundin ang kanilang pamumuhay kaya ang kultura ng *Caribbean* ay madalas na nagbabago. Karamihan ng mga taga-isla ay naging biktima ng pang-aalipin kung kaya napalitan ang katutubong kultura mula sa Africa. Di-kalaunan ang mga labanan ay natigil at karamihan sa mga isla ay natahimik. Bagaman ang pang-aalipin ang sumisira sa plantasyon ng asukal at kape sa lugar, karamihan ng mga labanan ay natigil dahil ang mga bansa sa Europa ay humubog ng sarili nilang kultura sa mga sarili nilang teritoryo.

*History of Caribbean Island, kinuha noong Marso 3, 2014, mula sa (http://www.destination360.com/caribbean/history*




**Tanong:** Paano nakaapekto sa pamumuhay at kultura ng mga taga-isla sa Caribbean ang pananakop sa kanila ng iba-ibang bansa?

**Alam mo ba na...**
sinasabing sa anyong mga dagli, sa Ingles *sketches*, nagmula ang maikling kuwento? Ang dagli ayon sa katuturang ibinigay ni Arrogante (2007) ay mga sitwasyong may mga nasasangkot na tauhan ngunit walang aksiyong umuunlad, gahol sa banghay, mga paglalarawan lamang. Ito ay isang salaysay na lantaran at walang-timping nangangaral, namumuna, nanunudyo, o kaya'y nagpapasaring.

Ang dagli ay napagkakamalang katumbas ng *flash fiction* o *sudden fiction* sa Ingles. Ngunit ayon kay Dr. Reuel Molina Aguila, naunang nagkaroon ng dagli sa Pilipinas (1900s) bago pa man nagkaroon ng katawagang *flash fiction* na umusbong noong 1990.

Sa kasalukuyang panahon, ang dagli ang nauusong estilo ng maikling kuwento. Mga kuwentong pawang sitwasyon lamang, *plotless* wika nga sa Ingles. Ngunit kakaiba ang tema sa mga naunang dagli na nangangaral at nanunuligsa , itong bago ay hindi lagi.

Lumabas ang antolohiyang "Mga Kuwentong Paspasan" na pinamatnugutan ni Vicente Garcia Grayon noong 2007. Si Eros Atalia naman ay naglathala ng kaniyang aklat na pinamagatang "Wag Lang Di Makaraos (100 Dagli Mga Kuwentong Pasaway, Paaway at Pamatay) taong 2011. Ayon kay Bienvenido Lumbera, Pambansang Alagad ng Sining "Ang dagli sa panulat ni Eros Atalia ay may iba-ibang anyo at pakay. Nagpapatawa, nanggugulat, nakasusugat, parang bato-bato sa langit, ang tamaa'y lihim na ginagalit. Kung lilingunin ang kasaysayan ng dagli bilang anyong pampanitikan, makikitang bago ang hipo ni Eros sa anyong noong namalasak sa mga diyaryo mga unang taon ng Siglo 20."

Ayon kay Atalia, walang isang pamantayan kung gaano kahaba ang isang dagli. Higit na kailangan ang pagkontrol ng mga salita. Sa ganitong uri ng akda nagtitiwala ang sumulat sa kakayahan ng mambabasa na umunawa at makahanap ng kahulugan.

Nagbigay ng mga mungkahing paraan si Atalia sa pagsusulat ng dagli. Una, magbigay tuon lamang sa isa: tauhan, banghay, tunggalian, diyalogo, paglalarawan ng matinding damdamin o tagpo. Ikalawa, magsimula lagi sa aksyon. Ikatlo, sikaping magkaroon ng *twist* o *punchline* sa dulo. Ikaapat, magpakita ng kuwento, huwag ikuwento ang kuwento. At ikalima, gawing *double blade* ang pamagat.

*- Mula sa Panitikang Filipino (Pampanahong Elektroniko), (Arrogante, 1991); at panayam ni Eros S. Atalia sa KASUGUFIL 2013*



## Linangin

Ngayon ay natitiyak kong handa ka nang basahin ang dagli mula sa rehiyon ng isa sa mga isla ng *Carribean* upang masagot mo kung paano naiiba ang dagli sa iba pang akdang pampanitikan.

### Ako Po'y Pitong Taong Gulang

Hello. Ang pangalan ko po ay Amelia at nakatira ako sa isang isla sa Caribbean. Ako po'y pitong taong gulang. Noon po'y ibinigay ako ng aking mahihirap na magulang sa isang mayamang pamilya na nakatira sa lungsod.



Ngayon pong araw na ito, gaya ng ginagawa ko araw-araw, gumigising po ako ng alas singko ng umaga. Umiigib ako ng tubig sa isang balon na malapit sa amin. Napakahirap pong balansehin ang mabibigat na banga sa aking ulo. Pagkatapos po ay naghanda na ako ng almusal at inihain ko po iyon sa pamilyang pinaglilingkuran. Medyo nahuli nga po akong ng paghahain ng almusal, kaya pinalo po ako ng aking amo ng sinturon.

Pagkatapos po ay inihatid ko sa paaralan ang kanilang limang taong gulang na anak na lalaki. Sumunod po, tumutulong ako sa paghahanda at paghahain ng tanghalian ng pamilya. Kung hindi pa po oras ng pagkain, kailangan ko pong mamili ng pagkain sa palengke at gawin ang mga utos nila, asikasuhin ang apuyan, walisan ang bakuran, labhan ang mga damit at hugasan ang pinagkainan at linisin ang kusina. Hinihugasan ko rin po ang mga paa ng aking among babae. Galit na galit po siya ngayong araw na ito at sinampal po niya ako dahil sa galit. Sana'y hindi na po siya galit bukas.

Ipinakain po sa akin ang kanilang natirang pagkain, mas mabuti naman po ito kaysa giniling na mais na kinain ko po kahapon. Gula-gulanit po ang aking damit at wala akong sapatos. Hindi po ako kailanman pinayagan ng aking mga amo na ipaligo ang tubig na iniigib ko para sa pamilya. Kagabi po ay sa labas ako natulog, kung minsan po ay pinatutulog nila ako sa sahig sa loob ng bahay. Nakalulungkot pong isipin na hindi ako ang mismong sumulat nito. Ayaw po nila kasi akong payagang mag-aral.

Maging maayos po sana ang araw ninyo. Amelia


*- Mula sa Filipino 2 Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. 2011. Lorimar Publication*

**GAWAIN 4:** Paglinang ng Talasalitaan
Ayusin ang sumusunod na salita ayon sa pormalidad nito at pagkatapos ay tukuyin ang kahulugan.

Halimbawa: mayabang, hambog, mahangin
Sagot: hambog, mahangin, mayabang


1. busabos, mahirap, yagit
2. madatung, mayaman, mapera
3. edad, gulang, taon
4. galit, banas, suklam
5. magsunog ng kilay, magpakadalubhasa, mag-aral nang mabuti

**GAWAIN 5:** Unawain Mo




Sagutin ang tanong.


1. Suriin ang tauhan, tagpuan at mga pangyayari sa binasang dagli sa tulong ng grapikong representasiyon.
2. Ipahayag ang iba't ibang damdaming nakapaloob sa binasang dagli sa pamamagitan ng *Character in the Mirror*. Ang *character in the mirror* ay nahahawig sa monologo at pagsasatao. Sa paraang ito ay ipahahayag mo ang damdamin ng tauhan na tila kinakausap ang iyong sarili sa salamin. Gawan ng iskrip upang maging maayos ang mga bibitawang linya.




3. Ihambing ang tauhan ng dagling nabasa sa tauhan ng alinmang dulang pantelebisyon na may pagwawakas. Sundan ang grapikong representasiyon.
4. Saan higit na nakatuon ang binasang dagli? Lagyan ng tsek (✔) ang sagot at ipaliwanag.

| | |
|---|---|
| _____ tauhan | _____ dayalogo |
| _____ banghay | _____ paglalarawan ng matinding damdamin |
| _____ tunggalian | _____ paglalarawan ng tagpo |

5. Ano ang pagkakaiba ng dagli sa iba pang akdang pampanitikan tulad halimbawa ng maikling kuwento? Paghambingin sa tulong ng *venn diagram*.




Ngayon pa lang ay binabati na kita sa sipag at tiyaga na iyong ipinakita. Marahil ay alam mo na kung paano naiiba ang dagli sa iba pang akdang pampanitikan.

**GAWAIN 6:** Pagpapahayag ng Damdamin sa Teksto
Paano nakatutulong ang mga salitang nagpapahayag ng damdamin at pangyayari sa pagsulat ng sariling dagli? Basahin at unawain ang kasunod na teksto.

**Para sa Kagalingan at Karapatan ng mga Bata**
Macky Macaspac

Katahimikan ang namayani sa bulwagan matapos magsalita si Melissa San Miguel sa mikropono. Garalgal ang tinig ng *executive director* ng Salinlahi *Alliance for Children's Concerns* at tila nagpipigil ng hikbi. Inanunsiyo niya, sa harap ng pambansang kumperensiya para sa karapatan at kagalingan ng mga bata, isang malagim na pamamaslang sa isang bata sa Tarlac ang naganap pa lamang.

Isang 15-anyos na bata ang namatay, matapos magpaputok ng baril ang mga pulis para gibain ang mga bahay ng maralita sa naturang probinsiya.

Nagluksa ang mga delegado ng nasabing kumperensiya. May ilan sa 300 delegado mula sa iba't ibang bahagi ng bansa ang naiyak pa. "Opisyal na itinatala ng Salinlahi ang ikasiyam na batang pinaslang sa ilalim ng administrasyong Aquino," malungkot na wika ni San Miguel.

Ang kumperensiya'y inilunsad ng iba't ibang grupong tagapagtaguyod ng karapatan ng mga bata, sa pangunguna ng Salinlahi, *Children's Rehabilitation Center* (CRC) at Gabriela. Inilunsad nila ito dahil mismo sa nakakaalarmang padron ng pagkakabiktima ng mga bata sa iba't ibang proyekto't patakaran ng gobyerno, kabilang na ang kampanyang kontra-insurhensiya na Oplan Bayanihan.

Nagluksa ang mga delegado sa balita ng pagpaslang kay John Cali Lagrimas sa Tarlac dahil pamilyar ang istorya nito sa kanila.

**Kaibigan sa Kubol**
Nauna nang magsalita sa kumperensiya ang kinatawan ng iba't ibang rehiyon hinggil sa mga kaso ng paglabag sa karapatan ng mga bata. Matapos ibalita ang naganap kay John Cali, isang 10-anyos na bata mula sa Hacienda Luisita, Tarlac, na si Jojie ang di nakatuloy sa pagtetestimonya. "Kaibigan ko siya, kasama ko siyang natutulog sa kubol," kuwento ni Jojie.

Hindi umano taga-Luisita si John Cali, pero sumasama siya sa kaniyang mga magulang na taga-Brgy. San Roque na sumuporta sa "bungkalan" ng mga magsasaka sa lupang inaangkin ng *Rizal Commercial Banking Corporation* (RCBC). Sa bungkalang ito nakilala niya si Jojie.

Hindi na makapagsalita ang batang si Jojie na nagmula sa Hacienda Luisita, nang mabalitaan niyang napatay ang kaniyang kaibigan sa demolisyon sa Tarlac habang nagaganap ang kumperensiya. (Macky Macaspac)

Nasaksihan din ng dalawang bata ang tangkang pagbuwag noon sa mga kubol sa lugar ng bungkalan kung saan pinaputukan ng mga guwardiya ng RCBC ang mga magsasaka. Sa testimonya ni Jojie, sinabi niiyang hindi iyon ang unang pagkakataon na makasaksi siya ng karahasan. Apat na taon pa lang si Jojie nang masaksihan niya ang karahasan sa sarili niyang pamilya. "Noong bata pa ako, nasaksihan ko po kung paano binugbog ng mga tauhan ni Hen. Jovito Palparan ang aking papa. Nakita ko nung pinasubo nila ng *silencer* ng baril si papa," ayon sa testimonya ng bata.

Kuwento ni Jojie, hindi nila makakalimutan ni John Cali ang pananakot ng mga guwardiya ng RCBC. "Pinaputukan kami ng mga *security guard* ng RCBC nang limang beses. Takot na takot kami," ani Jojie.

Bahagi ang paglabag ng mga karapatan nina Jojie at John Cali ng malawakang paglabag sa karapatan ng mga bata sa Pilipinas.

"Patuloy na pinapahirapan ang mga bata dahil sa patuloy na pagpapatupad ng gobyerno sa mga patakarang neo-liberal na nakapaloob sa programa at proyekto ni Pangulong Benigno Aquino III," pahayag ng Salinlahi.

## Patakarang Neo-Liberal

Sa panayam ng *Pinoy Weekly,* sinabi ni San Miguel na layunin ng kumperensiya na ipakita na hindi nagbago ang kalagayan ng mga bata sa loob ng 19 taon matapos iproklama ng *United Nations* ang buwan ng Oktubre bilang buwan ng mga bata.

"Hindi pa rin maganda ang kalagayan ng mga bata at nagpapatuloy ang paglabag sa kanilang mga karapatan," aniya. Nagsagawa ng pag-aaral ang Salinlahi hinggil sa epekto sa mga bata ng mga patakarang ipinatutupad ng gobyerno. Ayon dito, apektado ang 35.1 milyong bata sa 11.7 milyong Pilipino na walang trabaho. Dahil apektado umano ang mga bata sa kawalan o kakulangan ng trabaho ng kanilang mga magulang, napipilitan silang magtrabaho sa murang edad.

Kahit sa datos ng *International Labor Organization* (ILO) at *National Statistics Office* (NSO), nasa limang milyon ang mga batang manggagawa, kalakhan nito'y nasa sektor ng agrikultura.


Ayon sa Salinlahi, pinalala ng mga patakaran tulad ng liberalisasyon sa pangangalakal ang kalagayan ng mga bata. Sa pagpasok ng *imported* na mga produktong agrikultural partikular na ang galing sa bansang US, mistulang pinapatay nito ang lokal na agrikultura ng bansa.

Inihalimbawa ng grupo ang kalagayan ng mga manggagawang bukid sa malalaking plantasyon ng asukal sa Negros Occidental. Dahil sa walang habas na importasyon ng asukal, halos patayin na nito ang lokal na industriya. Dahil sa matinding kompetisyon, nagresulta ito ng pagpasok ng sistemang pakyawan sa mga manggagawang bukid sa mga asyenda.

*Para sa Kagalingan at Karapatan ng mga Bata, kinuha noong July 2, 2014, mula (http://pinoyweekly.org/new/2012/10/para-sa-kagalingan-at-karapatan-ng-mga-bata/comment-page-1/*

**GAWAIN 7:** Unawain Mo
Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa tekstong binasa.

1. Paano tinanggap ng mga delegado sa pambansang kumperensiya ang pamamaslang sa isang bata sa Tarlac?
2. Ilarawan ang iyong damdamin sa testimonya ng batang si Jojie tungkol sa sinapit ng kaibigan. Maaaring pumili sa mga *emoticon* o magbigay ka ng sariling paglalarawan ng iba pang damdamin. Ipaliwanag.



3. Patotohanan ang sinabi ni San Miguel na hindi pa rin maganda ang kalagayan ng mga bata at patuloy pa rin ang paglabag sa kanilang mga karapatan.
4. Paano mo ihahambing ang sitwasyon ni Amelia na taga-Carribean sa sitwasyon ng mga batang sina Jojo at Jojie na taga-Tarlac?
5. Bilang isang kabataan, magbigay ng mungkahi sa ating pamahalaan kung paano mapangangalagaan ang karapatan ng mga bata. Gawin sa pamamagitan ng isang liham.
6. Ilarawan ang kalagayang panlipunan na masasalamin sa binasang teksto. Magbigay ng reaksiyon ukol dito.
7. Ang binasa mong teksto ay isang halimbawa ng tekstong nagsasalaysay. Isinasalaysay nito ang pagkakapaslang kay John Cali Lagrimas ng Tarlac. Halimbawa ng pangungusap na nagsasalaysay mula sa binasa: Kuwento ni Jojie, hindi nila makakalimutan ni John Cali ang pananakot ng mga guwardiya ng RCBC. Ikaw naman ang magbigay ng tatlo pang iba halimbawa mula sa teksto

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

**Alam mo ba na...**

ang mga salitang may salungguhit sa binasang teksto ay salitang ay nagpapahayag ng damdamin ng tao ayon sa iba't ibang sitwasyon? Nakatutulong ang mga salitang ito upang malinaw na mailarawan ang nadarama ng tao. Balikan mo ang iyong napag-aralan sa modyul 1 tungkol sa pagpapahayag ng mga emosyon at saloobin. Makatutulong ito sa mabisang pagpapahayg ng damdamin.

Naririto pa ang ibang halimbawa na ginamit na salita na nagpapahayag ng damdamin sa dagli na iyong binasa:

galit na galit
galit
nakakalungkot

Tingnan naman natin ang mga salitang

| | |
|---|---|
| hindi umano | noong bata pa ako |
| nasaksihan | nakita ko |
| apat na taon pa lang | kuwento ni Jojie |

Ang mga salitang nabanggit ay ginagamit sa pagsasalaysay ng mga pangyayari. Ang mga salitang ito ay mga palatandaan na ang nagsasalita ay nagsasalaysay ng mga pangyayari na maaaring batay sa karanasan, nasaksihan o napanood.

Gumamit din ng mga salitang nagpapahayag ng pangyayari sa dagli na iyong binasa, tulad ng:

| | |
|---|---|
| noon | sumunod |
| ngayon pong araw na ito | kagabi po |
| pagkatapos po | kung minsan po |

**Pagsasanay 1:** Basahin ang talata at pagkatapos ay itala sa iyong kuwaderno ang mga salitang ginamit na nagpapahayag ng pangyayari at damdamin.

Nabigyan ako ng pagkakataon na dumalo sa *writeshop* ng isang pribadong palimbagan bilang paghahanda sa pagsulat ng modyul na gagamitin ng mga mag-aaral.

Ang unang araw ay ginugol ko sa biyahe, pag-aayos ng mga gamit sa itinakdang silid at oryentasyon sa mga gagawin. Madalas kasi na ginaganap sa malayong lugar ang *writeshop* upang mailayo ang mga kalahok sa magulong lungsod ng pinagmulan at mabigyan ng bagong inspirasyon. Naroroon ang pananabik at takot kung ano ang mangyayari sa akin sa loob ng ilang araw.

Sa ikalawang araw ay nakinig lamang ako sa panayam tungkol sa iba't ibang kaalaman na kailangan upang makapagsulat. Ang ikatlong araw ay ginugol ko sa paghahanap ng mga materyales, babasahin, akda na gagamitin sa pagsulat. Sumakit ang ulo ko at nakaramdam ng hilo sa dami ng binabasa at hinahanap.

Sa ikaapat na araw ay nagsimula na akong magsulat sa una kong aralin. Masaya kong hinarap ang hamon kahit na alam kong hindi madali ang aking gagawin. Malaki ang naitulong ng iba ko pang kasama sa *writeshop*. Madalas kaming mag-brainstroming at hindi nawawala ang biruan at tawanan. Gumugol ako ng ilang araw bago nakatapos ng isa. Anong sarap sa pakiramdam na mayroon ka ng naisulat pero kinakabahan pa rin dahil susunod naman ang pagkritik ng mga batikan sa institusyon.

Sumunod na araw ay humarap kami sa *panelist* ng kritiko na binubuo ng *specialist*, *validator,* at mga propesor sa unibersidad. Noong una ay parang magsisikip

ang dibdib ko sa dami ng puna na kanilang sinabi. Kung mahina ang iyong loob ay para kang matutunaw sa iyong kinauupuan. Subalit itinanim ko sa isip na kailangan kong maging bukas, makinig, magtala, at tanggapin ang lahat ng kanilang sasabihin na sa huli ay huhubog sa aking kakayahan sa pagsusulat. Tinandaan ko ang lahat at nangako sa sarili na sa susunod ay lalo ko pang pagbubutihin ang pagsusulat.

**Pagsasanay 2:** Pag-aralan ang paksa sa sumusunod na mga usapan at pagkatapos ay bumuo ng sariling pangungusap upang mabuo ang diyalogo. Sikaping gumamit ng mga salita na nagpapahayag ng damdamin at pangyayari.

**Usapan # 1**

Egay: Nabalitaan mo ba ang napipintong giyera sa pagitan ng Russia at Ukraine?
Evelyn: ______________________________________
Egay: Sana ay makinig sila sa pakiusap ng United Nations.
Evelyn: ________________________________________

**Usapan # 2**

Rowena: Mare, ano ba 'yung sinasabi nila na makakalikasang pamumuhay?
Jelly ______________________________________
Rowena: Ah! Kahit paano pala ay nakatulong ako sa kalikasan natin. Nagdadala ako ng sariling *eco bag*.
Jelly: ________________________________________

**Usapan # 3**

Benjie: Pare, nabalitaan mo ba na namatay na ang kumpare nating si Joel?
Ken: ________________________________________
Benjie: Kaya iwasan na rin natin ang pag-inom. Mabuti pa, magbasketball tayo o mag-exercise.
Ken: _________________________________________

**Pagsasanay 3:** Bumuo ng maikling salaysay tungkol sa iba pang problema na kinakaharap ng kabataan maliban sa *child labo*r. Pumili ng isang paksa sa ibaba Isulat ang talata sa iyong sagutang papel. Sikaping gumamit ng mga salitang nagpapahayag ng damdamin at pangyayari.


1. *bullying*
2. maagang pag-aasawa
3. masasamang bisyo
4. *generation gap*
5. problemang pampamilya



**Pagnilayan at Unawain**


Ngayon matapos mong maisagawa ang mga gawaing ibinigay, alam kong handa ka nang sagutin ang mga tanong na ibinigay sa iyo sa panimula ng aralin. Sa tulong ng kasunod na grapikong representasiyon, sagutin ang mga tanong.

1. Paano naiiba ang dagli sa iba pang akdang pampanitikan?




2. Paano nakatutulong ang mga salitang nagpapahayag ng damdamin at pangyayari sa pagsulat ng sariling dagli?

Sagot



**Ilipat**

Ito na ang pagkakataon upang ilipat mo ang iyong natutuhan sa araling ito. Naniniwala ako na kayang-kaya mo itong gawin. Sundin lamang ang kasunod na panuto.

Mahilig kang magbasa ng iba't ibang artikulo, maiikling kuwento, tula, nobela, at iba pa. Naisip mo na sumulat ng isang dagli tungkol sa di-karaniwang pangyayari sa paligid o kaya naman ay di-pangkaraniwang ginawa ng isang tao, at ito ay ilalathala mo sa hatirang pangmadla (*social media*). Tandaan ang sumusunod na gabay:

1. magbigay tuon lamang sa isa: tauhan, banghay, tunggalian, dayalogo, paglalarawan ng matinding damdamin o tagpo
2. magsimula lagi sa aksiyon
3. sikaping magkaroon ng *twist* o *punchline* sa dulo
4. magpakita ng kuwento, huwag ikuwento ang kuwento
5. gawing *double blade* ang pamagat

Ang mambabasa sa *social media* ay bibigyan ka ng iskor batay sa sumusunod:

a. tema o paksa
b. malikhain
c. estilo sa pagsulat
d. mensahe
e. lakas ng dating

Tatanggap ka ng 3 puntos sa bawat krayterya kung nagawa mo nang mahusay; 2 puntos kung katamtaman; at 1 puntos kung dapat pang paghusayan.

## Aralin 2.3

| | |
|---|---|
| **A. Panitikan:** | Ang Matanda at Ang Dagat<br>Isinalin sa Filipino mula sa Ingles ni Jesus Manuel Santiago (halaw mula sa nobelang<br>*“The Old Man and The Sea”* ni Ernest Hemingway) |
| **B. Gramatika at Retorika**: | Paggamit ng Pahayag na Pagsang-ayon at Pagtutol sa Pagbibigay ng puna o Panunuring Pampanitikan |
| **C. Uri ng Teksto:** | Naglalahad |

## Panimula

Mula sa matagumpay mong paglalakbay sa mundo ng dagli, tutungo ka naman ngayon sa masalimuot ngunit kapana-panabik na yugto ng nobela sa United States of America.

Ang **Aralin 2.3** ay naglalaman ng isa sa obra maestrang nobela ni Ernest Hemingway na pinamagatang *“The Old Man and the Sea “*(Ang Matanda at ang Dagat). Bahagi ng aralin ang pagtalakay sa paggamit ng pahayag na pagsang-ayon at pagtutol sa pagbibigay ng puna o panunuring pampanitikan.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasagawa ng isang suring-basa ng isang nobelang isinapelikula. Itataya ang iyong ginawa batay sa sumusunod na pamantayan: a.) kabuluhan ng nilalaman at lalim ng mga pananaw, b.) lohikal na pagkakaayos ng mga kaisipan, c.) isinaalang-alang ang elemento ng suring-basa, at d.) makabuluhang presentasiyon.

Inaasahan sa katapusan ng aralin, masasagot mo nang may pag-unawa ang mga tanong na: Paano naiiba ang nobela sa iba pang uri ng akdang tuluyan ayon sa elemento nito at kung paano nakatutulong ang paggamit ng pahayag na pagsang-ayon at pagtutol sa pagsasagawa ng isang suring-basa.

## Yugto ng Pagkatuto




### Tuklasin

Handa ka na ba? Simulan nating pagyamanin ang iyong kaalaman at kakayahan sa panitikang kinagiliwan at isa sa naging popular sa bansang United States of America.

Batid ko na may ideya ka na sa araling ito. Subukin nating alamin kung ang iyong mga ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng aralin. Simulan natin sa pamamagitan ng gawain na susukat sa lawak ng iyong kaalaman.


**GAWAIN 1:** Ang Aking Kaalaman, Hanggang Saan?
Batay sa iyong nalalaman, subukin mong isulat ang hinihingi sa dayagram kaugnay ng araling iyong pag-aaralan. Huwag kang mag-aalala, ito'y pag-alam lamang kung gaano na ang iyong kaalaman tungkol sa pag-aaralan natin. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.

Matapos na mataya ang dati mong kaalaman sa paksa, oras na upang alamin naman ang iyong nalalaman kaugnay ng paksang tatalakayin. Subukin mong sagutin ang kasunod na gawain.




**GAWAIN 2:** Tuklas-Suri
Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na teksto.

**ISANG SURING-PELIKULA**
"Harry Potter and the Sorcerer's Stone"



Ang *Harry Potter and Sorcerer's Stone (Philosopher's Stone)* ay unang libro ni J.K. Rowling mula sa serye ng Harry Potter. Sinasabing ang nobelang ito ay naghatid kay Rowling ng kasikatan bilang isang mahusay na manunulat sa buong mundo. Isinapelikula ito noong 2001 na idinirek ni Chris Columbus at ibinahagi ng Warner Bros. Pictures. Pinagbibidahan ito nina Daniel Radcliffe bilang Harry Potter, Rupert Grin bilang Ron Weasley at Emma Watson bilang Hermione Granger. Tinatayang umabot sa $980 milyon ang kinita nito na naging *worldwide box office hit* at kinilala sa iba't ibang *award-giving bodies* tulad ng Academy Awards.

Nagbukas sa isang pagdiriwang ang kuwento na kadalasang palihim dahil sa ang mga nagdaang taon ay laging ginugulo ni Lord Voldemort. Bago ang gabing iyon, natuklasan ni Voldemort ang pinagtataguan ng tagong mag-anak ng Potter, at pinatay sina Lily at James Potter. Ngunit nang itinuro na niya ang kaniyang *wand* sa sanggol nitong anak na si Harry, ang sumpang patayin ito ay bumalik sa kaniya. Ang kaniyang katawan ay nasira, at si Voldemort ay naging isang walang kapangyarihang kaluluwa,

naghahanap ng isang lugar sa mundo na walang makaka-istorbo samantalang si Harry naman ay naiwang may marka ng kidlat sa kaniyang noo, ang natatanging palatandaan ng sumpa ni Voldemort. Ang misteryosong pagkakatalo ni Voldemort kay Harry ay nagresulta sa pagkakakilalang "ang batang nabuhay" sa mundo ng mga wizard.

Ang ulilang si Harry Potter ay sumunod na pinalaki ng kaniyang malupit, at walang kapangyarihang kamag-anak, ang Dursleys, na walang pakialam sa pinagmulan ng mahika at sa hinaharap ni Harry. Subalit, sa paparating na ikalabing-isa niyang kaarawan, nagkaroon si Harry ng kanyang unang kontak sa daigdig ng mahika nang makatanggap siya ng sulat galing sa Hogwarts School of Witchcraft and Wizardry, na kinuha naman ng kaniyang Tiya at Tiyo bago pa niya ito magawang mabasa, Sa kaniyang ikalabing-isang kaarawan, sinabihan na siya ay isang *wizard* at inaanyayahan na pumunta sa Hogwarts. Sinabihan siya ni Hagrid na nagturo sa kaniya kung paano gumamit ng mahika at gumawa ng *potions*. Natutuhan din ni Harry na malampasan ang mga panlipunan at emosyonal na hadlang sa kaniya sa paglaban niya hanggang sa kaniyang pagbibinata at pagharap sa makapangyarihang si Voldemort.

Marami man ang nangyari kay Harry sa simula, nalagpasan niya ito sa tulong ng kaniyang mga kaibigan na sila Ron at Hermione. Katulong din niya si Professor Dumbledore na laging nariyan nagbibigay ng payo at paalala sa kaniya.


Totoo naman na nakuha ng pelikulang ito ang kiliti ng masa lalo ng kabataan. Ang mga karakter na ginamit dito ay nagpapaalala ng mga taong kilala na natin at sa mga taong dapat pa nating kilalanin. Tulad ng batang mataba na laki sa layaw na si Dudley o kaya ang mala 'boss' at mapanghimasok ngunit may malambot na pusong si Hermione. Malaking bilang rin ng mga batang manonood ang makaka-*relate* kay Harry partikular sa kaniyang inisyal na damdamin ng ganap na pagkakahiwalay at di kasali sa isang pamilya ngunit dumating ang panahon na dapat na niyang iwanan ang naturang buhay niya upang pumunta sa lugar kung saan siya kabilang at magiging ganap na masaya.

Sadyang nailarawan nang mabuti at detalyado ang Hogwarts bilang kaakit-akit na lugar na hindi lamang puno ng salamangka at mahika na tunay na katangiang pinapangarap na mapuntahan ng pangunahing tauhan. Iba't ibang pakikipagsapalaran ang dinaanan ni Harry kasama ang dalawang kaibigan (Ron at Hermione) sa lugar ng Hogwarts. Malakas ang nais sabihin ng pelikula tungkol sa pakikipagkaibigan na naipakita sa mahusay na pagkakaganap ng mga artista. Mas lutang na lutang ang kahusayan ni Daniel bilang si Harry na dumanas ng malaking hamon sa buhay.

Totoong magaling ang pagkakasulat ng iskrip. Ang kasaysayan nito ay inilahad sa pamamagitan ng malalim na pananaliksik at pag-iisip. Buhay na buhay ang pelikula kung saan nakatulong ng malaki ang kulay na nakaangkop sa kapaligirang kinunan ng kamera bagaman hindi rin maiiwasan ang pagkakaroon ng larawang kulang sa ilaw.

Sa kabuuan, ang pelikulang Harry Potter and Sorcerer's Stone ay isang napakagandang pelikula. Sa pamamagitan ng pelikulang ito, nakikilala natin ang kultura ng ibang bansa at impluwensiyang nadala nito sa atin.

*- Mula sa Elements of Literature nina Holt et. al. 2008. Texas, USA*




Sagutin ang mga gabay na tanong:

1. Batay sa iyong nabasa, ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng nobela at pelikula? Sagutin sa pamamagitan ng *Venn Diagram*. Gawin ito sa sagutang papel. Gayahin ang kasunod na pormat.
2. Makikita ba sa bawat paksa ng nobela at pelikula ang tatak ng kultura ng bansang pinagmulan o pinanggalingan nito? Patunayan.
3. Ano-anong elemento ang lumutang dito?
4. Bakit nanaisin ng mga tao na isapelikula ang nasa nobela?
5. Kung ikaw ang prodyuser, gugustuhin mo bang isapelikula ang nobelang tulad ng Harry Potter? Bakit?

**Alam mo ba na...**

ang nobela ay itinuturing na makulay, mayaman at makabuluhang anyo ng panitikang tuluyan? Binubuo ito ng mga yugto na nagsasalaysay ng mga kawing-kawing na pangyayari ng buhay ng mga tao na bukod sa nagbibigay-aliw ay nagpapakilos at pumupukaw sa damdamin at kamalayan ng mga mambabasa.


Sa nobela, maraming pangyayari ang inilalahad, samantalang sa maikling kuwento, iisang pangyayari lamang ang inilalahad. Iisa ang balangkas ng nobela at maikling kuwento ngunit nagkakaiba lamang ito sa nilalaman dahil ang mga pangyayaring isinasalaysay dito ay may kaugnayan sa lipunang ginagalawan ng mamamayan at naglalarawan ng kultura ng bawat bansang pinanggalingan nito.

Ang isang nobela ay may mga katangiang dapat taglayin. Ito ay ang sumusunod: a.) maliwanag at maayos na pagsulat ng mga tagpo at kaisipan, b.) pagsaalang-alang sa kailangang kaasalan, c.) kawili-wili at pumupukaw ng damdamin, d.) pumupuna sa lahat ng larangan sa buhay at sa mga aspekto ng lipunan tulad ng gobyerno at relihiyon, e.) malikhain at may dapat maging maguniguning paglalahad, at f.) nag-iiwan ng kakintalan.

**Elemento ng Nobela**

a. Tagpuan - lugar at panahon ng mga pinangyarihan
b. Tauhan - sa nagpapagalaw at nagbibigay-buhay sa nobela
c. Banghay - pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari
d. Pananaw - panauhang ginagamit ng may-akda (a. una-kapag kasali ang may-akda; b. pangalawa- ang may-akda ang nakikipag-usap; c. pangatlo- batay sa nakikita o obserbasyon ng may-akda)
e. Tema - paksang-diwang binibigyang-diin sa nobela
f. Damdamin - nagbibigay-kulay sa mga pangyayari
g. Pamamaraan - estilo ng manunulat/awtor
h. Pananalita - diyalogong ginamit
i. Simbolismo - nagbibigay nang mas malalim na kahulugan sa tao, bagay, at pangyayari

Sa tulong ng mga impormasyon na iyong nalaman tungkol sa nobela, naniniwala ako na nadagdagan ang iyong kaalaman sa pag-unawa sa aralin. Ngayon, tunghayan mo na ang sumusunod na bahagi ng nobelang isinulat ni Ernest Hemingway sa Cuba (1951) at inilabas taong 1952. Nanalo ng Pulitzer Prize for Fiction (1953) at Nobel Prize (1954). Ito ang kahuli-hulihang nobela na nailimbag ni Hemingway. Suriin ang mga elementong taglay nito. Nailahad ba nang tiyak ang mga pangyayari sa nasabing nobela? Tuklasin sa bahaging ito ng nobela kung ano ang pakikipagsapalarang pinagdaanan ng matandang si Santiago.



**Linangin**


Basahin at unawain ang bahagi ng nobela.

**Ang Matanda at Ang Dagat**

Isinalin sa Filipino mula sa Ingles ni Jesus Manuel Santiago

*"The Old Man and the Sea*" ni Ernest Hemingway

(bahagi lamang)



Maayos silang naglayag at ibinaba ni Santiago ang kaniyang mga kamay sa tubig-alat at sinikap na linawin ang kaniyang isip. Mataas ang *cumulus clouds* at may sapat na *cirrus* sa ibabaw kaya alam ng matanda (Santiago) na tatagal ang simoy sa buong magdamag. Palaging tinitingnan ng matanda ang isda para makatiyak na totoo ito. Isang oras ito bago siya unang dinunggol ng pating.

Hindi aksidente ang pating. Pumaimbabaw siya mula sa kalaliman ng tubig habang tumitining at kumakalat ang maitim na ulap ng dugo sa dagat na isang milya ang lalim. Napakabilis niyang pumaimbabaw at walang kaingat-ingat na binasag ang rabaw ng asul na tubig at nasinagan siya ng araw. Pagkaraa'y bumalik siya sa tubig at sinundan ang amoy at nagsimulang lumangoy patungo sa direksiyon ng bangka at ng isda.

Kung minsan, naiwawaglit niya ang amoy. Pero malalanghap niya itong muli, o kahit bahagyang-bahagya lang ng amoy nito, at mabilis at masigla siyang lalangoy para sundan ito. Isa siyang napakalaking pating na Mako, ang katawan ay sadyang para lumangoy na kasimbilis ng pinakamabilis na isda sa dagat at napakaganda ng kaniyang kabuuan maliban sa kaniyang panga. Kasing asul ng isdang-espada ang kaniyang likod, at pilak ang tiyan, at madulas at makisig ang kaniyang balat. Kahawig siya ng espada maliban sa kaniyang dambuhalang panga na nakatikom ngayon habang matulin siyang lumalangoy, halos nasa rabaw, parang kutsilyong humihiwa sa tubig ang mataas niyang palikpik sa likod. Sa loob ng sarado niyang panga, nakahilig paloob ang kaniyang walong hanay na ngipin. Hindi siya katulad ng karaniwang hugis-piramidong ngipin ng karamihang pating. Kahugis sila ng mga daliri ng tao kapag nakabaluktot na parang sipit. Kasinghaba sila halos ng mga daliri ng matanda at sintalas ng labaha ang talim sa magkabilang gilid. Ito ang isdang nilikha para manginain sa lahat ng isda ng dagat, napakabilis at napakalakas at armadong-armado kaya wala silang sinumang kaaway. Binilisan pa niya ngayon nang malanghap ang mas sariwang amoy at humiwa sa tubig ang kaniyang asul na palikpik sa likod.

Nang makita ng matanda na paparating ito, alam niyang isa itong pating na walang takot at gagawin ang lahat ng gusto nitong gawin. Inihanda niya ang salapang at hinigpitan ang lubid habang pinagmamasdan niya ang paglapit ng pating. Maigsi ang lubid dahil binawasan niya ito ng ipinangtali sa isda.

Malinaw at matino ang isip ng matanda ngayon at buong-buo ang pasiya pero halos walang pag-asa. Sa loob-loob niya, makatagal sana ang katinuang ito. Pinagmasdan niyang maigi ang malaking isda habang pinanonood ang paglapit nito. Mas mabuti pang naging isang panaginip lang ito, sa loob-loob niya. Hindi ko siya mapipigil sa pag-atake sa akin pero baka makuha ko siya. Dentuso, sa loob-loob niya. Malasin sana ang nanay mo.

Mabilis na nakalapit sa popa ang pating at nang sagpangin nito ang isda, nakita ng matanda ang pagbuka ng bunganga at ang kakatwa nitong mata at ang lumalagatok na pagtadtad ng mga ngipin habang nginangatngat ang karne sa may ibabaw ng buntot. Nakaangat sa tubig ang ulo ng pating at lumilitaw ang likod at naririnig ng matanda ang ingay ng balat at lamang nalalaslas sa malaking isda nang isalaksak niya ang salapang sa ulo ng pating sa dakong nagtatagpo ang guhit ng mga mata at ang guhit ng ilong. Walang gayong mga guhit. Ang naroon lamang ay ang mabigat at matulis na ulong asul at ang malalaking mata at ang lumalagutok, umuulos, nanlalamong mga panga. Pero ang kinalalagyan ng utak ang napuruhan ng matanda. Inulos niya ito ng mahusay na salapang na ubos-kayang ipinukol ng kaniyang kamay na nanlalagkit sa dugo. Inulos niya ito nang walang pag-asa pero may katatagan ng pasiya at lubos na hangaring maminsala.

Kumampay ang pating at nakita ng matanda na walang buhay ang mga mata nito at muli itong kumampay, at napuluputan siya ng dalawang ikid ng lubid. Alam ng matandang patay na pero hindi ito matanggap ng pating. Pagkatapos, nakatihaya, humahagupit ang buntot at lumalagutok ang mga panga, sinuyod ng pating ang tubig tulad sa paghaginit ng isang speed-boat. Puti ang tubig sa hambalos ng kaniyang buntot at tatlong sangkapat ng katawan ang nakaangat sa tubig nang mabanat ang lubid, kuminig at saka nalagot. Saglit na humigang tahimik sa ibabaw ng tubig ang pating at pinanood siya ng matanda. Pagkaraa'y dahan-dahan itong lumubog.

"Mga kuwarenta libras ang dala niya," malakas na sabi ng matanda. Tinangay nito ang salapang ko at ang buong lubid, sa loob-loob niya, at nagdurugo ngayon ang isda ko at marami pang susunod.

Ayaw na niyang tingnan ang isda dahil nagkagutay-gutay na ito. Nang sagpangin ang isda, para siya rin ang nasagpang.

Pero napatay ko ang pating na sumagpang sa isda ko, naisip niya. At siya ang pinakamalaking dentuso na nakita ko. At alam ng Diyos na nakakita na ako ng malalaki.

Hindi kapani-paniwalang makatatagal siya, naisip niya. Sana'y isa lang itong panaginip ngayon at hindi ko sana nabingwit ang isda at nag-iisa akong nakahiga sa mga diyaryo.

"Pero hindi nilikha ang tao para magapi," sabi niya. "Maaaring wasakin ang isang tao pero hindi siya magagapi." Nagsisisi ako na napatay ko ang isda, sa loob-loob niya. Parating na ngayon ang masamang panahon at wala man lang akong salapang. Malupit ang dentuso, at may kakayahan at malakas at matalino. Pero mas matalino ako kaysa kaniya. Siguro'y hindi, sa loob-loob niya. Siguro'y mas armado lang ako.

“Huwag kang mag-isip, tanda,” malakas niyang sabi. “Magpatuloy ka sa paglalayag at harapin ang anumang dumating.”

Pero dapat akong mag-isip, naisip niya. Dahil iyon na lang ang natitira sa akin. Iyon at ang beisbol. Ewan ko kung magugustuhan ng dakilang DiMaggio ang pagkakaulos ko sa kaniya sa utak. Walang bagay ‘yon, sa loob-loob niya. Kayang gawin iyon ng kahit sino. Pero sa palagay mo ba’y malaking partida ang mga kamay ko kaysa mga taring buto? Hindi ko malalaman. Hindi ako nagkaroon kahit kailan ng sugat sa aking sakong maliban noong minsan na nakagat ito ng page nang matapakan ko siya nang lumalangoy at naparalisa ang ibabang binti at kumirot nang napakatindi.

“Mag-isip ka ng isang bagay na masaya, tanda,” sabi niya. “Bawat sandali’y papalapit ka na sa bahay. Mas magaan ngayon ang paglalayag mo dahil sa pagkawala ng kuwarenta libras.”

Alam na alam niya kung ano ang maaaring mangyari pagsapit niya sa panloob na bahagi ng agos. Pero wala nang magagawa ngayon.

“Oo, meron pa,” malakas niyang sabi. “Puwede kong itali ang aking lanseta sa puluhan ng isang sagwan.”

Kaya ginawa iyon habang kipkip ang timon at nakatapak sa tela ng layag.

“Ngayon,” sabi niya. “Isa pa rin akong matanda. Pero meron akong armas.”

Sariwa ngayon ang simoy at maayos siyang naglayag. Tiningnan niya ang bungad na bahagi ng isda at bumalik nang bahagya ang kaniyang pag-asa.

Kalokohan ang hindi umasa, sa loob-loob niya. Bukod pa’y naniniwala akong kasalanan ‘yon. Huwag kang mag-isip tungkol sa kasalanan, naisip niya. Marami nang problema ngayon kahit walang kasalanan. T’saka hindi ko ito naiintindihan.

Hindi ko iyon naiintindihan at hindi ko sigurado kung naniniwala ako roon. Kasalanan sigurong patayin ang isda. Iyon ang palagay ko kahit na ginawa ko iyon para ako mabuhay at mapakain ang maraming tao. Pero lahat naman ay kasalanan. Huwag kang mag-isip tungkol sa kasalanan. Masyado nang huli para diyan at may mga taong binabayaran para gawin iyon. Hayaan mong sila ang mag-isip tungkol doon. Isinilang ka para maging isang mangingisda tulad ng isda na ipinanganak para maging isang isda. Mangingisda si San Pedro at gayundin ang ama ng dakilang DiMaggio.

Pero gusto niyang pag-isipan ang lahat ng bagay na kinasasangkutan niya at nang husto at nag-isip siya nang nag-isip tungkol sa kasalanan. Hindi mo pinatay ang isda para lamang mabuhay ka  o para ibenta bilang pagkain, sa loob-loob niya. Pinatay mo siya dahil sa iyong dangal at dahil isa kang mangingisda. Minahal mo siya noong siya’y buhay pa at minahal mo siya pagkatapos. Kung mahal mo siya, hindi kasalanang patayin mo siya. O mas malaking kasalanan ‘yon?

“Sobra kang mag-isip, tanda,” malakas niyang sabi.

Pero tuwang-tuwa kang patayin ang dentuso, naisip niya. Nabubuhay siya sa buhay na isda, tulad mo. Hindi siya isang tagahalungkat ng basura o isa lamang gumagalang gutom tulad ng ilang pating. Maganda siya at marangal at walang kinakatakutan.

“Napatay ko siya sa pagtatanggol ko sa sarili,” malakas na sabi ng matanda. “At pinatay ko siyang mahusay.”

Bukod pa, naisip niya, pinapatay naman ng lahat ang isa’t isa, kahit paano. Kung paano ako pinapatay ng pangingisda, gayon din niya ako binubuhay. Binubuhay ako ng bata, sa loob-loob niya. Hindi ko dapat masyadong linlangin ang aking sarili.

Sumandig siya sa gilid at pumilas ng kapirasong karne ng isda sa pinagkagatan ng pating. Nginuya niya ito at napansin niya ang kalidad at sarap ng lasa nito. Matigas ito at makatas, parang karne, pero hindi ito pula. Hindi ito mahilatsa at alam niyang mataas ang magiging presyo nito sa palengke. Pero hindi matatanggal ang amoy nito sa tubig at alam ng matanda na may dumating na malaking kamalasan.

Panatag ang simoy. Medyo umatras ito sa may hilagang silangan at alam niya ang ibig sabihin niyon ay hindi ito huhupa. Tumanaw sa malayo ang matanda pero wala siyang makitang mga layag at wala na rin siyang makitang ni balangkas o usok ng anumang bangka. Ang naroon lamang ay ang isdang-lawin na patalon-talon sa magkabilang gilid ng kaniyang prowa at ang mga dilaw na kumpol ng damong Gulpo. Ni wala siyang makitang isa mang ibon.

Dalawang oras na siyang naglalayag, nagpapahinga sa popa at paminsan-minsa’y ngumunguya ng kapirasong karne ng marlin, nagsisikap na magpahinga at magpalakas, nang makita niya ang una sa dalawang pating.

“Ay,” malakas niyang sabi. Walang salin para sa katagang ito at marahil ay isa lamang itong ingay na magagawa ng gayong tao, hindi sinasadya, na nakararamdam sa pagbutas ng pako sa kaniyang kamay at pagtagos nito sa kahoy.

“Galanos,” malakas niyang sabi. Nakita na niya ngayon ang pag-angat ng pangalawang palikpik sa likuran ng una at natukoy niya na ang mga ito ay pating na hugis-pala ang nguso batay sa kayumanggi, hugis-tatsulok na palikpik at sa pahalihaw na galaw ng buntot. Naamoy nila at tuwang-tuwa sila at sa kagunggongan ng kanilang matinding gutom, naiwawaglit nila at natatagpuan ang amoy sa kanilang katuwaan. Pero palapit sila nang palapit.

Mabilis na iniligpit ng matanda ang tela at isinisiksik ang timon. Pagkaraa’y kinuha niya ang sagwang tinalian niya ng lanseta. Maingat na maingat niyang binuhat ito dahil nagpupuyos sa sakit ang kaniyang mga kamay. Pagkaraa’y ibinukas-sara niya ang mga ito roon upang lumuwag sila. Isinara niya nang mahigpit para matiis ang sakit at huwag mamilipit at pinagmasdan niya ang pagdating ng mga pating. Nakikita niya ngayon ang kanilang malapad, sapad, hugis-palang mga ulo at ang kanilang malalapad, puti ang dulong palikpik sa dibdib. Sila ay mga kamuhi-muhing pating, masama ang amoy, tagahalukay ng basura at mamamatay, at kapag sila’y gutom, kinakagat nila ang sagwan o katig ng isang bangka. Ang mga pating na ito ang pumuputol sa paa at kampay ng mga pagong kapag nakakatulog sa ibabaw ang mga pagong, at nanagpang sila ng taong nasa tubig, kung sila’y gutom, kahit hindi amoy dugo ng isda o malansan ang tao.

“Ay,” sabi ng matanda. “Galanos. Sige, Galanos.”

Dumating sila. Pero dumating silang di tulad ng Mako. Pumihit ang isa at naglaho sa paningin sa ilalim ng bangka at naramdaman ng matanda na naalog ang bangka habang kumikislot siya at hinihila ang isda. Pinanood ng isa ang matanda, naningkit ang dilaw na mga mata, at sinagpang ng kaniyang panga ang isda sa dakong nakagat na. Kitang-kita ang guhit sa ibabaw ng kaniyang kayumangging ulo at likod na hugpungan ng utak at gulugod at inulos ng matanda ang lanseta sa sagwan

sa hugpungan, hinugot ito, at muling iniulos sa dilaw, tila sa pusang mata ng pating. Binitiwan ng pating ang isda at dumausdos, lulon-lulon ang kaniyang nakagat habang siya'y namamatay.

Gumigiwang pa ang bangka dahil sa pamiminsala sa isda ng isa pang pating at binitiwan ng matanda ang layag para makabaling ang bangka at mapalitaw ang pating mula sa ilalim. Pagkakita niya sa pating, dumukwang siya sa gilid at hinambalos ito. Laman lamang ang tinamaan niya at matigas ang balat at hindi niya halos naibaon ang lanseta. Hindi lamang ang kaniyang mga kamay ang nasaktan sa kaniyang pag-ulos kundi pati ang kaniyang mga balikat. Pero mabilis na pumaimbabaw ang pating, una ang ulo, at tinamaan ito ng matanda sa gitnang-gitna ng sapad na ulo habang lumilitaw sa tubig ang nguso at inginasab sa isda. Hinugot ng matanda ang talim at muling inulos sa dating lugar ang isda. Nakakapit pa rin siya sa isda, sarado ang panga, at sinaksak ito ng matanda sa kaliwa nitong mata. Nakapangunyapit pa rin doon ang pating.

"Hindi pa rin?" sabi ng matanda at inulos niya ang patalim sa pagitan ng gulugod at utak. Madali na ngayon ang ulos na iyon at naramdaman niyang napatid ang litid. Binaligtad ng matanda ang sagwan at isiningit ang talim sa panga ng pating para buksan ito. Pinilipit niya ang talim sa panga ng pating para buksan ito. Pinilipit niya ang talim at habang dumadausdos ang pating, sabi niya, "Sige, galanos. Dumausdos ka nang isang milya ang lalim. Sumige ka at katagpuin ang iyong kaibigan, o baka iyon ang iyong ina."

Pinunasan ng matanda ang talim ng kaniyang lanseta at inilapag ang sagwan. Pagkaraa'y nakita niyang lumulobo ang tela at layag at ibinalik niya ang bangka sa dating paglalayag.

"May sangkapat niya siguro ang natangay nila at ang pinakamahusay na laman," malakas niyang sabi. "Sana'y panaginip lang ito at hindi ko sana siya nabingwit kailanman. Ikinalulungkot ko, isda. Dahil doo'y mali ang lahat.

Tumigil siya at ayaw na niyang tingnan ang isda ngayon. Said na ang dugo at lulutang-lutang, kakulay siya ng pilak na likod ng salamin at nakikita pa rin ang kaniyang mga paha.

"Hindi ako dapat nagpakalaot-laot, isda" sabi niya. "Hindi para sa iyo o para sa akin. Ikinalulungkot ko, isda."

Ngayon, sabi niya sa sarili. Tingnan mo ang pagkakatali ng lanseta at tingnan mo kung nalagot. Pagkatapos ay ayusin mo ang iyong kamay dahil marami pang darating.

"Nakapagdala sana ako ng bato para sa lanseta," sabi ng matanda matapos tingnan ang tali sa puluhan ng sagwan. "Dapat akong nagdala ng bato." Marami kang dapat dinala, sa loob-loob niya. Pero hindi mo dinala, tanda. Hindi ngayon ang oras para isipin kung ano ang wala ka. Isipin mo kung ano ang magagawa sa kung ano ang naririyan.

"Sobra kang magpayo ng mabuti," sabi niyang malakas. "Sawa na ko r'on." Kinipit niya ang timon at ibinabad ang dalawang kamay sa tubig habang umuusad ang bangka.

"Alam ng Diyos kung gaano ang nakuha ng huling iyon," sabi niya. "Pero hamak na mas magaan siya ngayon." Ayaw niyang isipin ang nagkagutay-gutay na tiyan ng isda. Alam niyang sa bawat pakislot na bunggo ng pating ay napipilas ang

karne at ngayo'y sinlapad ng haywey sa dagat ang nalilikhang bakas ng isda na pagsusumundan ng lahat ng pating.

Mairaraos ng isang tao ang buong taglamig sa isdang iyon, sa loob-loob niya. Huwag mong isipin iyan. Magpahinga ka lang at ihanda ang mga kamay mo para sa ipagtanggol ang nalalabi sa kaniya. Balewala na ang amoy ng dugo sa mga kamay ko ngayong nangangamoy ang buong dagat. Bukod pa'y hindi na sila gaanong nagdurugo. Walang anumang sugat na dapat ikabahala. Baka makatulong pa ang pagdurugo para huwag pulikatin ang kaliwa.

Ano pa ba ang puwede kong isipin ngayon? Naisip niya. Wala. Wala akong dapat isipin at hintayin ang mga susunod pa. Sana nga'y panaginip lang iyon, sa loob-loob niya. Pero sino ang makapagsasabi? Baka naman mapaigi pa 'yon.

**Alam mo ba na…**
litaw na litaw sa nobelang "Ang Matanda at ang Dagat ang pananaw Realismo?" Matapat na pagsasalamin ng realidad ang ginagawa ng panitikan para higit nitong mapaunlad ang lipunan. Nakatuon ito sa nilalaman ng teksto at ang matapat nitong paggagad sa lipunan.

Inilalarawan din sa linyang ito ang karanasan at lipunan na parang sa tunay na buhay. Ninanais na ilarawan ang ugali at gawi ng tao at ng kaniyang kapaligiran na pareho ng kanilang pagkilos at ng kanilang anyo sa buhay.


Naniniwala ang may-akda sa teoryang ito na hindi ito na hindi dapat pigiliin ang katotohanan mas higit na binibigyang pansin ang tauhan hindi ang banghay.

**GAWAIN 3:** Paglinang ng Talasalitaan
Bigyang-kahulugan ang sumusunod na salitang may salungguhit.

1. inihanda niya ang <u>salapang</u>
   kahulugan:______________________________________
2. at siya ang pinakamalaking <u>dentuso</u> na nakita ko
   kahulugan:______________________________________
3. hindi nilikha ang tao para <u>magapi</u>
   kahulugan:______________________________________
4. magkabilang gilid ng kaniyang <u>prowa</u>
   kahulugan:______________________________________
5. nagpapahinga sa <u>popa</u>
   kahulugan:______________________________________

**GAWAIN 4:** Mga Gabay na Tanong
Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Mula sa nobela, gumawa ng maikling balangkas hinggil dito. Sundan ang dayagram sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.




2. Balikan ang tauhan sa nobelang binasa. Isa-isahin ang mga kilos o gawi, paniniwala at saloobing taglay nito na maaaring gawing huwaran tungo sa mabuting pamumuhay. Ihanay ang sagot sa talahanayan sa ibaba.

| Santiago | Kilos o Gawi | Saloobin o Paniniwala | Paano gagawing huwaran? |
|---|---|---|---|
| | | | |

3. Ano-anong pakikipagsapalaran ang hinarap ni Santiago (ang matanda) sa nobela? Isa-isahin ang mga ito, gayundin kung anong uri ng tunggalian at ang naging bunga nito.

| Pakikipagsapalaran ni Santiago | Uri ng Tunggalian | Bunga |
|---|---|---|
| | | |

4. Ano-anong pagpapahalaga sa buhay ang pinanghahawakan ng tauhan? Saan ito maaaring maugat o nagmumula? Ipaliwanag ang mga sagot.
5. Sa iyong palagay, bakit pinamagatang “Ang Matanda at ang Dagat” ang nobela? Ano ang positibong epekto ang naidulot ng dagat kay Santiago?
6. Ano-anong kalupitan at karahasan sa lipunan ang malinaw na inilalarawan sa nobela? Nangyayari  ba ito sa kasalukuyang sistema ng ating lipunan?
7. Magtala ng tatlong mahahalagang kultura mula sa nobela. Iayos ito ayon sa kahalagahan. Gamitin ang kasunod na pabaligtad na piramid. Ipaliwanag sa klase ang iyong sagot.



Matapos mong mabasa ito marahil unti-unti ka ng makabubuo ng iyong sariling paglalahat kung paano ba naiiba ang nobela sa isa pang akdang tuluyan.

**GAWAIN 5:** Panunuri sa Suring Basa

Ang pagbabasa at panonood ay bahagi na ng buhay ng isang tulad mong mag-aaral. Nalilibang ka sa pagbabasa ng anumang akda gayundin pag nanonood ka ng mga palabas o pelikula na nagtataglay ng makatotohanang pangyayari sa buhay. Upang masabing naunawaan mo ito, ang pagbibigay-puna o panunuri ay kailangan.

**Alam mo ba…**
ang panunuri ay isang uri ng pagtalakay na nagbibigay-buhay at diwa sa isang likhang-sining? Hindi lamang ito nagsusuri o nagbibigay-kahulugan kundi ito’y isang paraan ng pagsusuri sa kabuuan ng tao-ang kaniyang anyo, ugali, kilos, paraan ng pagsasalita at maging ang kaniyang pakikipag-ugnayan sa kaniyang kapwa at sa lipunang kinabibilangan niya.

Halimbawa sa panunuri ng maikling kuwento,dapat suriin ang mga elementong taglay nito: tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, simbolo, pahiwatig, magagandang kaisipan o pahayag at maging ang paraan kung paano ito nagsimula at nagwakas. Samantala sa nobela, karaniwan na inaalam ang mga katangiang pampanitikang napapaloob sa akda (tulad ng elemento ng maikling kuwento); inaalam din ang aspektong panlipunan, pampolitikal, pangkabuhayan, at pangkultural na nakapaloob sa nobela at paggamit ng angkop na teoryang gagamitin sa pagsusuri.

**Panunuri o Suring Basa**

Ang suring basa ay isang anyo ng pagsusuri o rebyu ng binasang teksto o akda tulad ng nobela, maikling kuwento, tula, sanaysay, o iba pang gawa/uri ng panitikan.

Ang pagsusuri o rebyu ay ang pag-alam sa nilalaman (*content*), kahalagahan (*importance*) at ang estilo ng awtor o may-akda (*author's writing style*). Sa pagsasagawa nito maaaring gumamit ng isang balangkas o format ng suring-basa tulad ng sumusunod:

I. Pamagat, may-akda, *genre*
II. Buod (kung maikling kuwento, sanaysay, nobela)
III. Paksa
IV. Bisa (sa isip, sa damdamin)
V. Mensahe
VI. Teoryang Ginamit

Ang **buod** ay maaaring isulat sa lima hanggang anim na mahahalagang pangungusap (lalo na kung maikling kuwento). Matapos basahin ang teksto, balikan isa-isa ang mahahalagang pangyayari, pagdugtung-dugtungin ito at mabubuo ang buod. Kung pelikula o kaya naman maikling kuwento, magsimula sa pangunahing tauhan at sabihin ang mahahalagang nangyari sa kanya mula simula hanggang wakas. Samantala, ang **paksa** ay sumasagot sa tanong na tungkol saan ang binasa. Tumutukoy naman sa kung paano naimpluwensiyahan ang pag-iisip/utak/ o paraan ng pag-iisip ng mambabasa ang **bisa sa isip**. **Bisa sa damdamin** naman ay kung ano ang nadama at paano natigatig ang emosyon ng mambabasa. Tumutukoy ang **mensahe** sa kung ano ba ang gustong sabihin ng teksto sa mambabasa, o maaari ding gustong sabihin ng sumulat ng teksto. Nagpapahiwatig ang manunulat at hinihinuha naman ng mambabasa ang pahiwatig nito.

Mas madaling makuha ang mensahe ng manunulat kung ang mambabasa ay may malalim na pag-unawa sa panitikan. Mahalaga rin na masuri ang tiyak na teoryang pampanitikan na lumutang sa nasabing akda. Halimbawa kung mas binigyang-diin ang tungkol sa pagiging marangal ng tauhan, humanismo. Naturalismo kung pinahahatid ng awtor sa pamamagitan ng mga pangyayari sa buhay ng tauhan na ang kapalaran ay bunga ng kultura at *heredity* at hindi sa pamamagitan ng kaniyang sariling pagpili.

Eksistensiyalismo kung ipinakita at mas lumutang na ang naganap sa buhay ng tauhan, mga pangyayari ay bunga ng kaniyang sariling pagpili dahil naniniwala siya na ang isa dahilan ng *existence* ng tao sa mundo at hubugin ang sarili niyang kapalaran. Mahalagang makapagbigay ng maraming halimbawa ang guro para mas malawak ang sakop ng pagtalakay. Sa teoryang ginamit madalas nakikita din ang kahalagahan ng panitikan sa lipunan lalo na kung ang teksto ay nasulat sa isang mahalagang panahon ng kasaysayan.

Basahin mo nang may pag-unawa ang isang halimbawa ng panunuring pampanitikan.

**Sa Mga Kuko ng Liwanag**
(Isang Suring Basa)

Lumabas sa unang pagkakataon bilang isang serye sa mga pahina ng Liwayway Magazine ang nobelang Sa Mga Kuko ng Liwanag ni Edgardo M. Reyes. Isinasalaysay nito ang buhay pakikipagsapalaran nina Julio at Ligaya na kapwa galing probinsiya. Kinakatawan nila ang libo-libong kapuspalad na nakipagsapalaran sa Maynila.

Si Ligaya ang naunang nagbakasakali kasama ng isang matronang babae na nagnangangalang Mrs. Cruz na nangako sa kaniya ng isang simpleng trabaho na may posibilidad na siya ay makapag-aral pa at makapagpadala ng kaunting tulong sa naiwan niyang mga magulang at kapatid. Pagkalipas ng ilang panahon na hindi nakapagpadala ng sulat si Ligaya sa kaniyang mga magulang at pati na rin kay Julio, naisip nito na sundan sa Maynila si Ligaya upang hanapin.

Sa paghahanap ni Julio ay naharap siya sa realidad ng buhay sa lungsod. Tulad ng ipinahihiwatig ng pamagat ng nobela, maaakit siya sa mga naggagandahang liwanag ng Kamaynilaan.

Totoong may nilalaman ang pagkakasulat ng Sa Kuko. Ang mga simbolong tulad ng gusali na unti-unting nagagawa mula sa mga sangkap o materyales nito na bakal, graba at semento, na sa bandang huli ay magiging mistulang panginoon pa ng mga kamay at katawang humugis dito. Ang alamat ng esterong walang nagmalasakit na tandaan, na sa kaitiman ay maaaring nagsisimbolo na rin mismo sa kaibuturan ng lungsod.

Tunay na nahuli ng nobela ang ingay at kalaswaan ng Maynila. Talagang tugma ang pagsasalarawan nito sa mga lugar, pangyayari at tauhang mapupuntahan, mararanasan at makikilala nina Julio at Ligaya. Ibinibigay nito sa mambabasa ang isang makatotohanang buhay sa Lungsod ng mga Pangarap at Kasawian.

Kung babasahin muli ang nobela, maiisip na maaari pa ring mangyari ang kuwento nito sa kasalukuyang panahon. Baguhin lamang ang mga pangalan ng kalye sa mga kasalukuyang pangalan nito, bigyan lang ng cellphone sina Mister Balajadia at Misis Cruz, gawin lang mas modern ang tindahan ni Ah Tek, pasakayin lang kahit minsan si Julio  sa LRT at iba pa. Sa tingin ko pa nga, kung may makakaisip mang gawin muling pelikula ang librong ito, magiging swak pa rin ito sa panlasa ng masa.

Kung lubog man sa dumi at alikabok ang Maynilang inilarawan sa nobela, mayroon pa ring liwanag o pag-asang nagpupumilit na umilaw dito. Ang mga nakilala ni Julio na mabubuting tao, kapos man sila sa mismo sa materyal na mga bagay at kahit hindi nila halos maitawid ang kanilang mga sarili sa pang-araw-araw nilang pangangailangan, nagagawa pa rin nilang magbigay ng tulong at kabaitan kay Julio.

Tunay na isang mabisa, walang kupas at makatotohanang salamin ng lipunan ang nobela. Mabisa sapagkat hindi nito itinatago ang katotohanan, bagkus ipinapakita nito sa mambabasa sa paraang hindi ito maaaring isantabi. Sa makatotohanan nitong pagkakasulat, wala kang magagawa kundi harapin at tanggapin ito.

Totoo na malungkot mang isipin, kuwento ito ng libo libong Julio at Ligayang ipinapadpad ng kapalaran mula sa kanilang tahimik ngunit napakahirap na buhay sa probinsiya patungo sa buhay na hindi nila akalain na mas magiging mahirap pa.

Makatotohanan ito sapagkat hindi nito inihihiwalay ang sarili nito sa realidad ng lipunang sinasalamin nito. Tinatalakay dito ang di-makatarungang sitwasyon ng mga manggagawa, ang kaawa-awang kalagayan ng mga maralitang tagalungsod,ang diskriminasyon ng ilang tao at ang bulok na sistema na nagpapatakbo rito.

Ngunit higit sa lahat, ipinapakita ang pagkamakatotohanang ito sa katauhan ni Julio at sa kung paano siya kumilos at tumugon sa mga nangyayari sa kaniya. Hindi siya walang-kibong biktimang nagpapadala lamang sa kaniyang kapalaran. Hindi siya ang taong tama at wasto lamang ang gagawin ano pa man ang mangyari sa kaniya. Hindi si Ibarra si Julio na iniinda lamang ang mga kasamaang idinudulot sa kaniya ng kaniyang mga kaaway. Ngunit hindi rin naman siya si Simoun na naniniwalang

na kasamaan din ang dapat iganti sa kaniyang mga kaaway. Sa huli,sabi nga ng may-akda, paano mo mamahalin ang isang tulad ni Julio? Ano ang karapat-dapat na redemption niya sa bandang huli? At ano ang kabuluhan at kahulugan ng kaniyang kinasapitan?

Maaaring hindi intensiyon ng nobela na sagutin ang mga huling tanong na iyan. Maaaring inakala ng may-akda na sapat nang maging salamin ng realidad ang kaniyang nobela. Ipinauubaya niya marahil sa ating ang paghahanap ng mga sagot, ang pagbibigay ng kabuluhan at kahulugan sa nasabing realidad. Hindi man nito tuwirang sinasabi, maaaring inaanyayahan nito palawakin ng mambabasa ang kaniyang kamalayan sa realidad na ito at harinawa, sabayan ng pagkilos.

*- halaw sa Isang Suring Basa (Sa mga Kuko ng Liwanag)*
*ni Kevin Ventura, kinuha noong Nobyembre 12, 2014 mula sa*
*http://vjk112001.blogspot.com/2008/02/sa-mga-kuko-ng-liwanag-isang-suring.html*

**GAWAIN 6:** Alamin, Suriin, Tuklasin

Sagutin ang mga gabay na tanong:

1. Isa-isahin ang mga elementong taglay ng binasang suring basa. Isulat ito sa talahanayan. Gawin ito sa sagutang papel.

| Mga Elementong Ginamit | Patunay |
|---|---|
| | |

2. Naging patas ba ang ginawang pagsusuri? Patunayan.
3. Bakit mahalaga ang pagsusuri sa anomang uri ng panitikan?
4. Pansinin ang mga salitang maysalungguhit sa suring-basa ng "Sa Mga Kuko ng Liwanag," paano ito nakatulong sa pagsasagawa ng panunuri?

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

**Alam mo ba na...**

kaugnay ng pagiging interaktibo ng tao ang pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon hinggil sa kaniyang naranasan, nakita o napanood, narinig at nabasa? Sa pagbibigay ng tiyak na reaksiyon sa mga ito, karaniwang humahantong sa pagsang-ayon o pagtutol. Gayunpaman, ang konsepto ng pagtutol o kawnter-asersiyon at pagsang-ayon o konsesyon ay maaari ring mapagsama sa isang pangungusap. Maaari ring maipahayag ang argumento sa di-ganap na pagsang-ayon o pagtutol sa tulong ng mga pang-ugnay. Suriin ang mga halimbawa sa ibaba:

1. Totoo/Tinatanggap ko/Tama ka/ Talaga/ Tunay (nga)/pero/ subalit/ngunit/ Datapwat

   Halimbawa:

   **<u>Talagang</u>** mahusay ang pagkakaganap ng bawat artista sa pelikula.
2. Tama ka/ Totoo ang sinasabi mo, pero/ ngunit/ subalit

   Halimbawa:

   **<u>Totoo</u>** naman na kakaunti ang kaniyang eksena, **<u>ngunit</u>** nagpakita pa rin ng kahusayan sa pagganap bilang dalagang katutubo si Angel Aquino.
3. Sadyang/Totoong/Talagang, pero/ngunit

   Halimbawa:

   **<u>Sadyang</u>** malakas ang nais sabihin ng pelikula tungkol sa pakikipagkapwa.

**Pagsasanay 1:** Balikang muli ang nobelang *Harry Potter* at ang Sa Mga Kuko ng Liwanag. Itala sa talahanayan sa ibaba ang pagsang-ayon at pagtutol na ginamit. Pagkatapos gamitin ito sa pagbuo ng pangungusap.

| Pagsang-ayon/Pagtutol | Pangungusap |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**Pagsasanay 2:** Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang sumusunod na pang-ugnay na pagsang-ayon at pagtutol.

a. talaga
b. tunay
c. totoo
d. bagkus
e. datapwat

**Pagsasanay 3:** Magsaliksik at bumasa ng iba pang suring basa sa *internet*. Sumulat ng pangungusap na pagsang-ayon at pagtutol batay sa binasang suring basa.




**Pagnilayan at Unawain**

Ngayon matapos mong maisagawa ang mga gawaing ibinigay, alam kong handa ka nang sagutin ang pokus na tanong:

1. Paano naiiba ang nobela sa iba pang uri ng akdang tuluyan ayon sa elemento nito?
2. Paano nakatutulong ang paggamit ng pahayag na pagsang-ayon at pagtutol sa pagsasagawa ng suring basa?

Matapos mong mapalalim ang iyong pag-unawa sa aralin na ito, handa ka nang ilipat ang iyong natutuhan.



**Ilipat**

Layunin mo sa bahaging ito na mailapat ang mga konseptong natutuhan sa mga araling tinalakay. Basahin nang may pag-unawa ang kasunod na sitwasyon upang maisagawa ito.

Ipinagdiriwang sa tuwing Nobyembre ang *National Reading Month*. Bilang bahagi nito, isasagawa ng inyong unibersidad ang *Book Festival* na inaasahang dadaluhan ng mga batikang manunulat, professor at mga guro sa iba't ibang *state college* at mga mag-aaral.

Kaugnay nito, naanyayahan ka ng organizer na maging isa sa mga *book critic* na sasala sa pinakamahuhusay na librong magiging kasama sa sampung opisyal na kalahok na itatampok sa *Book Festival*.

Isasagawa mo ang ***book review*** *(suring basa)* batay sa sumusunod na pamantayan: a) kabuluhan ng nilalaman at lalim ng mga pananaw, b) lohikal na pagkakaayos ng mga kaisipan, c) pagsasaalang-alang ng mga elemento ng panunuring pampanitikan at d. makabuluhang presentasiyon.

Tatayahin ang iyong ginawa ayon sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| 10 puntos | - lahat ng pamantayan ay naisakatuparan |
| 8 puntos | - tatlo sa mga pamantayan ang naisakatuparan |
| 6 puntos | - dalawa sa mga pamantayan ang naisakatuparan |
| 4 puntos | - isa sa mga pamantayan ang naisakatuparan |

Binabati kita! Maluwalhati mong natapos ang mga gawaing nakatulong sa iyo upang madagdagan ang iyong kaalaman sa mga konsepto ng aralin. Humanda ka na para sa susunod na aralin, ang mitolohiya mula sa bansang Iceland.

## Aralin 2.4

| | |
|---|---|
| **A. Panitikan:** | Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante (Mitolohiya mula sa Iceland) ni Snorri Sturluson (Isinalin ni Sheila C. Molina) |
| **B. Gramatika at Retorika:** | Paggamit ng Wastong Pokus ng Pandiwa na Tagaganap at Layon sa Pagsusuri |
| **C. Uri ng Teksto:** | Nagsasalaysay |

## Panimula

Nagsasaad ang Edda ng mga pinaniniwalaan ng mga sinaunang tao sa hilagang Europa kabilang dito ang kanilang pinaniniwalaang mga diyos at diyosa na matutunghayan sa kanilang mitolohiya. Tinatawag na mitolohiyang Norse o mitolohiyang Eskandinaba ang mitolohiyang mula sa hilagang Europa kung saan ang mga tao ay nagsasalita ng Germanic *languages*. Kabilang dito ang Svandinavia, Sweden, Norway, Denmark, at Iceland.

Matutunghayan mo sa araling ito ang mitolohiya ng Iceland na pinamagatang **Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante** na orihinal na isinulat ni Snorri Sturluson. May mga gawain na inilaan upang makita mo ang mga elementong taglay ng mitolohiya na wala sa ibang akdang tuluyan at magamit mo ang mga pokus na tagaganap at layon sa pagsusuri at ang tekstong nagsasalaysay.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang makasusulat ka ng pagsusuri sa mga elemento ng mitolohiya ng alinmang bansa. Ito ay mamarkahan sa pamamagitan ng sumusunod na pamantayan: a.) naipakilala nang mahusay ang tauhan sa mitolohiya, b.) nailalarawan nang mabuti ang tagpuan, c.) naisasalaysay nang maayos ang mga pangyayari, at d.) nailalahad nang wasto ang tema ng mitolohiya.

Inaasahan ding masasagot mo ang mahahalagang tanong na: Paano naiiba ang mitolohiya sa iba pang akdang tuluyan? At paano magagamit sa pagsusuri ng mitolohiya ang pokus tagaganap at pokus sa layon.

## Yugto ng Pagkatuto



### Tuklasin

Narito ang mga gawain na makatutulong sa iyo upang masagot mo ang mahahalagang tanong na: Paano naiiba ang mitolohiya sa iba pang akdang tuluyan At paano magagamit sa pagsusuri ng mitolohiya ang pokus tagaganap at pokus sa layon.

**GAWAIN 1:** Magbasa at Magsuri
Basahin at unawain ang mitolohiya na nagsasalaysay ng pagkakalikha ng mundo. Pagkatapos, sa kasunod na bahagi ay lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung ang binabanggit na elemento ng mitolohiya ay taglay ng binasa at isulat sa kuwaderno kung ang may salungguhit na paksa ng pangungusap ay nasa pokus tagaganap o pokus sa layon.

**Paano Nagkaanyo ang Mundo?**

Si Odin kasama ang dalawang kapatid na sina Vili at Ve ay nagawang paslangin ang higanteng si Ymir. Ito ang dahilan kaya hindi magkasundo ang mga Aesir at mga higante. Lumikha sila ng isang mundo mula sa katawan nito at iba't ibang bagay mula sa iba't ibang parte ng katawan nito.

Binuo nila ang gitnang bahagi ng mundo o ang mundo ng mga tao mula sa katawan ng higante. Mula sa laman at ilang buto nito ay lumikha sila ng kalupaan at mga bundok. Ginamit nila ang dugo nito upang makalikha ng karagatan at iba't ibang anyo ng katubigan. Ang mga ngipin at ilang buto nito ay nagsilbing mga graba at hanggahan. Ang bungo nito ay inilagay sa itaas ng mundo at nagtalaga ng apat na duwende sa apat na sulok nito. Ang mga duwendeng ito ay pinangalanang Silangan, Kanluran, Timog at Hilaga. Ginamit nila ang kilay ni Ymir upang lumikha ng kagubatan sa buong mundo na magpoprotekta upang hindi makapasok dito ang mga higante. Tinawag nila itong Midgard o *Middle-Earth*. Ang utak ni Ymir ay ginawang mga ulap.

Lumikha sila ng isang lugar para sa mga liwanag na nakakawala sa Muspelheim, isang mundo na nag-aapoy at inilayo nila ito sa mundo. Ang mga liwanag nito ang nagsisilbing mga bituin, araw at buwan. Ang maitim subalit napakagandang anak na babae ng isang higante na pinangalanang Gabi ay nagkaroon ng anak na lalaki sa isang Aesir god at tinawag niya itong Araw. Si Araw ay isang matalino at masayahing bata. Binigyan ng mga diyos sina Gabi at Araw ng kani-kanilang karwahe at mga kabayo at inilagay sila sa kalangitan. Sila ay inutusang magpaikot-ikot habang nakasakay sa mga kabayo nila. Ang mga pawis na tumutulo sa kabayo ni Gabi ay siyang nagsisilbing hamog sa umaga. Dahil sa sobrang liwanag at init ni Araw ay naglagay ang mga diyos ng bagay sa mga paa ng kabayo nito upang hindi ito masunog. May isang mangkukulam na naninirahan sa silangang bahagi ng *Middle-Earth* ay nagsilang ng dalawang higanteng anak na lalaki na nasa anyo ng isang asong-lobo.

Si Skoll ang humahabol sa araw at si Hati naman ang humahabol sa buwan. Ang magkapatid na ito ang dahilan ng paghahabulan ng araw at buwan kaya nagkakaroon ng paglubog at paglitaw ng araw.

Mula sa mga uod sa katawan ni Ymir nilikha ang mga duwende. Ang mga ito ay naninirahan sa mga kuweba sa ilalim ng mundo at naghahatid ng mga bakal, pilak, tanso at ginto sa mga diyos. Lumikha din sina Odin ng iba pang mga nilalang tulad ng *light-elves* na nakatira sa itaas ng mundo na tinatawag na Alfheim, mga diwata at espiritu at pati na rin mga hayop at isda. Ito ang simula ng pagkakaroon ng anyo ng mundo.

*Norse Mythology, kinuha noong Nobyembre 5, 2014*
*mula sa (http://www.wattpad.com/71491550-norse-mythology)*

**Mga Elemento ng Mitolohiya**

1. Tauhan
   - ☐ mga diyos o diyosa na may taglay na kakaibang kapangyarihan
   - ☐ mga karaniwang mamamayan sa komunidad
2. Tagpuan
   - ☐ may kaugnayan ang tagpuan sa kulturang kinabibilangan
   - ☐ sinaunang panahon naganap ang kuwento ng mitolohiya
3. Banghay
   - ☐ maraming kapana-panabik na aksyon at tunggalian
   - ☐ maaaring tumalakay sa pagkakalikha ng mundo at mga natural na mga pangyayari
   - ☐ nakatuon sa mga suliranin at paano ito malulutas
   - ☐ ipinakikita ang ugnayan ng tao at ng mga diyos at diyosa
   - ☐ tumatalakay sa pagkakalikha ng mundo, pagbabago ng panahon at interaksiyong nagaganap sa araw, buwan at daigdig
4. Tema
   - ☐ ipinaliliwanag ang natural na mga pangyayari
   - ☐ pinagmulan ng buhay sa daigdig
   - ☐ pag-uugali ng tao
   - ☐ mga paniniwalang panrelihiyon
   - ☐ katangian at kahinaan ng tauhan
   - ☐ mga aral sa buhay

**GAWAIN 2:** Pagtatala ng mga Impormasyon

Basahin ang paglalahad tungkol sa mga diyos ng Norse. Pagkatapos sa tulong ng grapikong representasiyon, itala ang nakuha mong impormasyon at sagutin ang tanong.

### Ang mga Diyos ng Norse

Ang mga diyos ng Norse ay kilala sa tawag na *Aesir*. Ang mga *Aesir* ay ang mga diyos ng digmaan at ng kalangitan. Sila ay kawangis ng mga mortal na tao subalit mas malalaki na tulad ng higante. Bihira silang makihalubilo sa mga tao hindi tulad ng *Greek Gods*.


Ang mga *Aesir* ay naninirahan sa *Asgard*. Ang *Asgard* ay iba sa langit na iyong pinapangarap na makita. Wala itong ningning ng kasiyahan o labis na kaligayahan. Ito ay isang tahimik na lugar na may nagbabantang tiyak na kamatayan. Alam ng mga diyos na darating ang panahon na sila ay mawawasak. Darating ang kanilang mga kalaban na handa silang sugpuin. At ang *Asgard* ay mawawasak. Ang mga mortal nilang kalaban ay ang mga higante na nananahan naman sa *Jotunheim*.


Ang katotohanang ito ay hindi kaila sa lahat ng mga nanahan sa *Asgard* lalo na sa kanilang pinuno na si Odin. Tulad ni Zeus, si Odin ang bathala ng mga diyos at lumikha sa mga tao. Siya ang may pinakamabigat na tungkulin na pigilan ang araw ng pagwawakas. Ang kaniyang asawa ay si Frigga, isang makapangyarihang diyosa na may kakayahang makita ang hinaharap.

Sa lahat ng mga diyos na naninirahan sa Asgard, lima sa kanila ang pinakamahalaga. Sila ay sina Balder, Thor, Freyr, Heimdall, at Tyr.

Si Balder ang pinakamamahal sa lahat ng mga diyos. Ang kaniyang kamatayan ang maituturing na pinakalamalaking sakuna na dumating sa mga *Aesir*. Si Thor ang diyos ng kulog at kidlat; siya rin ang pinakamalakas sa lahat ng diyos sa Aesir. Sa kaniya ring pangalan hinango ang araw ng Huwebes. Makikitang madalas niyang dala ang malaking martilyo na tinatawag na *Mjolnir*. Ang tagapangalaga naman ng mga prutas sa mundo ay nasa kamay ni Freyr. Samantalang si Heimdall ang tanod ng *Bilfrost,* ang bahagharing tulay patungo sa Asgard. At si Try ang diyos ng digmaan at sa kaniyang pangalan hinago ang araw ng Martes.

*- Mula sa Mythology (Hamilton, 1969)*



Tanong: Suriin ang tagpuan at mga tauhan na inilarawan sa binasang teksto. Ano ang masasabi mo rito?

Inaasahan ko na nagkaroon ka ng kabatiran tungkol sa mga elementong taglay ng mitolohiya at nakilala mo ang pokus na tagaganap at pokus sa layon. Ipagpatuloy mo pa ang pag-aaral!


**Alam mo ba na…**
ang mitolohiya ay isang tradisyunal na salaysay na isinilang mula sa sinapupunan ng kultura ng tradisyong oral? Ang salitang mitolohiya ay hango sa salitang Griyego na *myhtos* na ang ibig sabihin ay kuwento. Ang mitolohiya ay isang natatanging kuwento na kadalasang tumatalakay sa kultura, sa mga diyos o bathala at ang kanilang mga karanasan sa pakikisalamuha sa mga tao. Maaaring nagsimula ang mitolohiya mula nang magsimulang magtanong ang tao tungkol sa pagkakalikha ng mundo at ano ang kanilang tungkulin dito. Sa pamamagitan ng mitolohiya ay nabibigyan ng kalinawan ang mga kababalaghang pangyayari at ang mga nakatatakot na puwersa sa daigdig tulad ng pagbabago ng panahon, apoy, kidlat, pagkagutom, pagbaha, at kamatayan.

**Bakit mahalaga ang mitolohiya?**
Mahalaga ang mitolohiya upang maipaliwanag ang pagkakalikha ng mundo at mga natural na pangyayari. Sa mitolohiya rin mababasa ang mga sinaunang paniniwalang panrelihiyon. Nagtuturo rin ito ng aral at nagpapaliwanag ng kasaysayan. Mahalaga rin ito upang maipahayag ang takot at pag-asa ng sangkatauhan.

**Ano-ano ang elemento ng mitolohiya?**

1. Tauhan
   Ang mga tauhan sa mitolohiya ay mga diyos o diyosa na may taglay na kakaibang kapangyarihan.
2. Tagpuan
   May kaugnayan ang tagpuan sa kulturang kinabibilangan at sinauna ang panahon.
3. Banghay
   Maaaring ang banghay o mga pangyayari ay tumatalakay sa sumusunod:
   a. maraming kapana-panabik na aksiyon at tunggalian
   b. maaaring tumalakay sa pagkakalikha ng mundo at mga natural na mga pangyayari
   c. nakatuon sa mga suliranin at paano ito malulutas
   d. ipinapakita ang ugnayan ng tao at ng mga diyos at diyosa
   e. tumatalakay sa pagkakalikha ng mundo, pagbabago ng panahon at interaksiyong nagaganap sa araw, buwan at daigdig
4. Tema
   Maaaring ang tema ng mitolohiya ay nakatuon sa sumusunod:
   a. magpaliwanag sa natural na pangyayari
   b. pinagmulan ng buhay sa daigdig
   c. pag-uugali ng tao
   d. mga paniniwalang panrelihiyon
   e. katangian at kahinaan ng tauhan
   f. mga aral sa buhay

*- Mula sa Elements of Literature, (Anderson et. al ,1993)*
*at Enjoying Literature, (Ferrara et. al, 1991)*



## Linangin

Alam kong handa ka nang basahin ang paglalakbay ni Thor sa lupain ng mga higante. Makatutulong ito upang matuklasan mo kung paano naiiba ang mitolohiya sa iba pang akdang tuluyan.


### Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante

ni Snorri Sturluson
Isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina

Mga Tauhan:
diyos: Thor- diyos ng kulog at kidlat; pinakamalakas sa mga diyos ng Aesir
Loki – kasama ni Thor sa paglalakbay, may kapilyuhan
higante: Skymir – naninirahan sa kakahuyan
Utgaro-Loki - hari ng mga higante
Logi, Hugi, at Elli - kabilang sa kuta ni Utgaro-Loki

Mga tao: Thjalfti at Rosvka – anak na lalaki at babae ng magsasaka

Napagpasiyahan nina Thor at Loki na maglakbay patungo sa Utgaro, lupain ng mga higante, ang kalaban ng mga diyos. Kinaumagahan, sila ay naglakbay sakay ng karuwahe na hinihila ng dalawang kambing.



Nang abutin ng gabi sa paglalakbay, nagpahinga sila sa bahay ng isang magsasaka. Kinatay ni Thor ang dalang kambing at inilagay sa malaking kaldero. Iniluto at inihain ito sa hapunan. Inanyayahan ni Thor na sumalo sa kanila sa pagkain ang mag-anak na magsasaka. Ang anak na lalaki ng magsasaka ay nagngangalang Thjalfi at Roskva naman ang anak na babae. Inutos ni Thor sa magsasaka na paghiwalayin ang buto ng kambing sa balat nito. Ngunit hindi sumunod ang anak na lalaki na si Thjalfi sa halip ay kinuha ang bahaging pige at hinati ito gamit ang kutsilyo. Kinabukasan, nagbihis si Thor, kinuha ang kaniyang maso, itinaas ito at binentidahan ang kambing. Tumayo ang mga kambing ngunit ang isa ay bali ang paa sa likod. Napansin ito ni Thor. Nagalit ito nang husto at nanlilisik ang kaniyang mga mata. Gayon na lamang ang takot ng buong pamilya. Halos magmakaawa sila kay Thor at sinabing handa nilang ibigay ang lahat. Nang makita ni Thor kung gaano natakot sa kaniya ang mag-anak, naglubag din ang kaniyang kalooban at hininging kapalit ang mga anak nito. Kaya't sina Thjalfi at Roskva ay naging alipin niya pagkatapos.

Ang kanilang paglalakbay ay nagpatuloy patungo sa silangang bahagi sa lupain ng mga higante. Naglakbay sila buong araw at nang abutan ng dilim humanap sila ng matutuluyan. Doon nila nakita ang malaking pasilyo at nagpasyang manatili roon. Hatinggabi na nang gulatin sila ng malakas na lindol, umuuga ang buong paligid at pakiramdam nila ay nagiba ang kanilang kinatatayuan. Nang siyasatin nila ang paligid ay nakakita sila ng isang silid. Natakot ang mga kasama ni Thor kaya't binunot niya

ang kaniyang maso at humanda sa pakikipaglaban. Maya-maya pa ay nakarinig sila nang malakas na ungol. Kinaumagahan, nakita ni Thor sa labas ang isang higante. Natutulog ito at umuungol nang malakas. Akmang pupukpukin ni Thor ng kaniyang maso ang higante nang bigla itong magising. Tinanong ni Thor ang pangalan ng higante.

Siya raw si Skrymir at nakikilala niya si Asa-Thor. Tinanong nito kung inalis ba ni Thor ang kaniyang guwantes. Noon nalaman ni Thor na higante na pala ang kanilang tinulugan at ang hintuturo nito ang inaakalang silid.



Tinanong ni Skrymir si Thor kung maaari siyang sumama sa kanilang paglalakbay at ito ay pumayag naman. Nang buksan na ni Skrymir ang baon niyang bag at humandang kumain ng almusal wala ang baon nina Thor at ito ay nasa ibang lugar. Napagkasunduan nila na pagsamahin ang kanilang mga baon. Pumayag si Thor, kaya't pinagsama ni Skrymir ang kanilang mga baon sa isang bag at ibinuhol ito. Sa kanilang paglalakad nauuna ang higante dahil sa malalaki nitong hakbang, sila ay nagpahinga sa isang malabay na puno. Napagod ang higante kaya't ito'y nakatulog agad at napakalakas humilik. Kinuha ni Thor ang baon nilang bag at inalis ang buhol nito ngunit hindi niya maalis kaya't uminit ang kaniyang ulo at agad kinuha ang kaniyang maso at pinukpok sa ulo ang higante. Nagising si Skrymir at inaakalang may nalaglag na dahon sa kaniyang ulo, tinanong si Thor kung sila ay kumain na. Sinabi nitong tapos na. Nang handa nang matulog lumipat sila ng ibang puno. Hatinggabi na nang marinig na naman ni Thor ang malakas na hilik ng higante. Nagising si Thor, kinuha ang kaniyang maso at muling pinukpok ang higante. Nagising ang higante at tinanong kung may *acorn* ba na nahulog sa kaniyang ulo. "Ano ang nangyayari sa iyo Thor?" sabi ng higante. Sinabi nitong siya ay naalimpungatan lamang at mahaba pa ang oras para matulog. Naisip niya na kapag pinukpok niya sa pangatlong beses si Skrymir ay maaaring hindi na nito kayanin kaya't hinintay niyang muling matulog ang higante.

Kinabukasan, habang natutulog pa ang higante ay hinugot ni Thor ang maso sa ulo nito. Napatayo si Skrymir, kinamot ang kaniyang pisngi at nagwika kung may mga ibon ba sa itaas ng puno. Nang siya ay magising tila may mga nahuhulog na dahon sa kaniyang ulo. "Gising ka na ba Thor?" wika niya. Oras na upang bumangon at magbihis. Malapit na kayo sa kaharian ni Utgaro. Narinig ko kayong nagbubulungan na ako ay walang kuwentang higante. Kung makararating kayo kay Utgaro makikita ninyo ang malalaking tao roon. Bibigyan ko kayo ng mabuting payo. Huwag kayong magpapakita ng pagmamataas kay Utgaro Loki." sabi pa nito.

Nagpatuloy sa paglalakbay ang grupo ni Thor hanggang makita nila ang matibay na tanggulan. Sinubok na buksan ni Thor ang tarangkahan ngunit hindi niya mabuksan. Nakakita sila ng mataas na pader, pinanhik iyon at doon ay may daanan. Nakita nila ang malalaking tao na nakaupo sa dalawang bangko. Sumunod na araw ay kaharap na nila ang hari na si Utgaro-Loki. Nakilala niya si Thor ang mahusay na mandirigma. "Ikaw ay malakas kaysa tingin ko lamang. Anong kakayahan na mahusay kayo ng iyong mga kasama? Hindi namin hinahayaan na manatili rito ang taong walang ipagmamalaki." wika nito.

Sumagot si Loki. “Mayroon akong kakayahan na nais kong subukin. Walang sinuman sa naririto ang bibilis pa sa akin sa pagkain.” Tinawag ni Utgaro-Loki ang nakaupo sa dulong upuan na nagngangalang Logi. Inilagay sa gitna ng mesa ang mga hiniwang karne. Magkatapat sa dulo ng mesa, naupo ang dalawang magkatunggali. Kinain nila nang sobrang bilis ang karne, buto na lamang ang naiwan sa parte ni Loki ngunit ni walang butong natira sa parte ni Logi. Kaya’t malinaw na natalo si Loki sa nasabing labanan.

Sumunod na paligsahan naman ang pabilisan sa pagtakbo na nilahukan ng batang si Thjalfi laban sa bata rin na si Hugi. Sa unang paglalaban, masyadong malayo ang agwat ni Hugi. Inulit ito nang tatlong beses ngunit hindi talaga maabutan ni Thjalfi si Hugi.



Tinanong ni Utgaro-Loki si Thor kung anong kakayahan naman ang ipakikita nito. Sinabi nitong gusto niyang subukin ang labanan sa pabilisan ng pag-inom. Kaya’t tinawag ni Utgaro-Loki ang *cupbearer* na dala-dala ang tambuli na madalas inuman ng mga panauhin.


“Isang mahusay na manginginom ang makauubos nito sa isang lagukan, ang iba ay kaya ito ng dalawa ngunit kadalasan ay nauubos ito nang tatlong lagukan,” sabi ng pinuno ng mga higante.

Hindi pinansin ni Thor ang sukat ng tambuli dahil siya ay uhaw na uhaw. Nilagok niya nang malaki ang lalagyan ngunit hindi na siya makahinga kaya’t nang tingnan ang lalagyan ay parang wala pa ring nabawas. Ganito rin ang nangyari sa ikalawang lagok.

Sinabi ni Utgaro-Loki “Kailangan mong lagukin itong lahat sa pangatlong pagkakataon. Tingin ko ay hindi ka kasinlakas ng inaasahan ko.” Nagalit si Thor kaya’t ininom ang alak gamit ang lahat ng lakas ngunit tila wala pa ring nabawas sa laman ng tambuli kaya’t binitiwan ito hanggang sa matapon lahat ng laman.

“Ipinakikita lamang na ang lakas mong taglay ay hindi kasintindi tulad ng aming iniisip. Gusto mo pa bang subukin ang iba pang uri ng pakikipaglaban?” tanong ni Utgaro-Loki. “Anong labanan ang maimumungkahi mo?” sagot ni Thor.

“Isang laro na paborito ng kabataan dito buhatin ang aking pusa mula sa lupa.” Isang abuhing pusa ang lumundag sa lupa. Malaki ito ngunit hinawakan ni Thor ang palibot ng tiyan nito at sinubok na itaas gamit ang lahat ng lakas. Ngunit paa lamang ng pusa ang naiangat ni Thor.



“Tapos na ang labanang ito tulad ng aking inaasahan, walang laban si Thor sa aking malaking pusa, ano pa kaya sa malalaking tao rito?” wika ni Utgaro-Loki. “Tawagin mo na akong maliit kung gusto mo pero tumawag ka ng sinumang makikipagbuno sa akin, galit na ako ngayon,” sabi ni Thor.

"Wala akong alam na gustong makipagbuno sa iyo ngayon pero hayaan mong tawagin ko ang aking kinalakihang ina, ang matandang si Elli. Siya ang labanan mo ng *wrestling*, marami na siyang pinatumbang mga lalaki na tulad mong malakas."

Hindi na dapat pahabain pa ang kuwento, habang gamit ni Thor ang kaniyang buong lakas lalo lamang matatag ang matandang babae hanggang mawalan ng balanse si Thor. Pumagitna si Utgaro-Loki at sinabing itigil na ang labanan. Hindi na kailangang makipagbuno pa ni Thor kaninuman sa tagapaglingkod. Malalim na noon ang gabi kaya't sinamahan sila ni Utgaro-Loki kung saan sila makapagpapahinga at inasikaso nang maayos.

Kinaumagahan, si Thor at ang kaniyang mga kasamahan ay nagbihis at humanda na sa paglalakbay. Hinandugan sila ni Utgaro-Loki nang masaganang agahan. Sa kanilang paghihiwalay tinanong ni Utgaro-Loki si Thor kung ano ang naiisip nito sa kinalabasan ng kanilang paglalakbay at kung may nakilala ba itong lalaki na higit na malakas kaysa kaniya (Utgaro-Loki). Sumagot si Thor na hindi niya maikakaila na nalagay siya sa kahihiyan sa kanilang pagtatagpo at marahil iniiisip nito na siya ay walang halaga at hindi niya ito gusto.

Sinabi ni Utgaro-Loki, "Ngayong palabas ka na sa aking kuta ay ipagtatapat ko sa iyo ang katotohanan, kung ako ay mabuhay at may kontrol sa mga mangyayari, hindi mo na kailangang bumalik pa ritong muli. Sa aking salita, ni hindi ka makakapasok dito kung alam ko lang kung gaano ka kalakas, muntik ka nang magdulot ng kapahamakan sa aming lahat. Ngunit nilinlang kita gamit ang aking mahika. Noong una tayong magkita sa kakahuyan agad kitang nilapitan at nang tangkain mong alisin ang pagkakatali ng bag hindi mo ito nagawa dahil binuhol ko ito ng alambre. Pagkatapos noon hinampas mo ako ng iyong maso nang tatlong ulit. Ang una ay mahina pero kung umabot ito sa akin ay patay na ako. Nang makita mo ang burol na tila upuan ng kabayo malapit sa aking kuta kung saan naroon ang tatlong kuwadradong lambak, ang isa ay napakalalim, ito ang marka ng iyong maso. Inilagay ko talaga ang burol na hugis kabayo sa harap ng iyong mga hampas pero hindi mo ito nakita. Gayun din ang nangyari nang magkaroon ng paligsahan laban sa aking mga tagapaglingkod. Ang una, nang kainin nang mabilis ni Loki ang mga hiniwang karne sa sobrang kagutuman pero ano ang laban niya kay Logi na tulad ng mapaminsalang apoy na kayang sunugin ang kakahuyan. At si Thjalfi na lumaban ng takbuhan sa tinatawag naming Hugi, siya ay lumaban sa aking kaisipan. Walang makatatalo sa bilis ng aking kaisipan. At noong ikaw naman ay uminom mula sa tambuli inakala mo na ikaw ay mabagal. Sa aking salita, anong himala na ang dulo ng tambuli ay nakakabit sa dagat pero hindi mo ito nakita pero tingnan mo ang dagat halos masaid ang tubig nito. Hindi rin kamangha-mangha sa akin nang maiangat mo ang paa ng pusa sa lupa, pero para sabihin ko sa iyo ang totoo ang lahat ng nakasaksi nito ay nahintakutan. Ang pusang iyon ay hindi totoong pusa kundi isang Miogaro, isang ahas na ang haba ay sapat na upang yakapin ang daigdig ng kaniyang ulo at buntot. Iniangat mo ito nang mataas halos abot hanggang langit. Kamangha-mangha rin nang makipagbuno ka nang matagal at napaluhod ng isang tuhod lamang sa iyong pakikipaglaban kay Elli na wala kahit sino mang makagagawa niyon. At ngayon tayo ay maghihiwalay mas makabubuti para sa ating dalawa na tayo'y di na muling magkita. Ipagpapatuloy ko ang pagtatanggol sa aking kuta gamit ang aking mahika o anumang paraan upang hindi manaig ang iyong kapangyarihan sa akin.


Nang marinig ito ni Thor kinuha niya ang kaniyang maso upang ipukol ngunit wala na si Utgaro-Loki. Sa kaniyang paglingon wala na rin ang kuta kundi isang malawak lamang na kapatagan. Muli siyang lumisan at ipinagpatuloy ang kaniyang paglalakbay hanggang sa makabalik sa Thruovangar, ang mundo ng mga diyos.


*- Mula sa Elements of Literature nina Holt et. al. 2008. Texas, USA*

Matapos mong mabasa ang akda, alam kong handa ka nang isagawa ang mga gawain na makatutulong sa iyo upang masagot ang tanong na: Paano naiiba ang mitolohiya sa iba pang akdang tuluyan.

**GAWAIN 4:** Paglinang ng Talasalitaan
Magbigay ng mga salitang maisasama sa punong salita upang makabuo ng iba pang kahulugan. Gawin sa iyong kuwaderno.

Halimbawa:





**GAWAIN 5:** Unawain Mo
Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang ikinagalit ni Thor sa magsasaka at sa pamilya nito? Paano sila pinarusahan ni Thor?
2. Bakit nagalit si Thor kay Skrymir? Ano ang nangyayari kapag sa galit niya ay hinahampas niya ng maso si Skymir?
3. Ano-anong paligsahan ang nilahukan ng mga panauhin sa kaharian ni Utgaro-Loki? Ilahad ang naging resulta nito.
    a. Loki vs Logi
    b. Thjalfi vs Hugi
    c. Thor vs cupbearer
4. Ano ang ipinagtapat ni Utgaro-Loki kay Thor nang sila'y paalis na? Iparinig ito sa klase. Ilahad ang pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan.
5. Kung ikaw si Thor at kaniyang mga kasama, ilarawan ang iyong magiging damdamin kapag nalaman mong nalinlang ka sa paligsahan? Bakit?
6. Paano mo maiuugnay ang mga pangyayari sa mitolohiyang nabasa sa pamumuhay ng tao ngayon?

**GAWAIN 6:** Pagsusuri sa Elemento ng Mitolohiya
Suriin ang elementong taglay ng binasang mitolohiya sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa *flow chart*.




**GAWAIN 7:** Magsanay Magsuri
Basahin ang mitolohiya mula sa Pilipinas at pagkatapos ay suriin ang taglay nitong elemento sa tulong ng talahanayan.

### Rihawani

Sa isang kagubatang maraming bundok sa isang lugar ng Marugbu, isang liblib na pook, ang mga naninirahan doon ay may pinaniniwalaang isang diyosa o diwata ng puting usa. Ito ang kuwento ng kanilang mga ninuno na unang nanirahan doon.

Ang Diyos raw na ito ay tinatawag na Rihawani. Kung minsan ay nagpapalit daw ito ng anyo bilang isa ring puting usa. Ang mga naninirahan sa liblib na pook na ito ay ingat na ingat at takot na takot na magawi o maglagalag sa kagubatan, pinananahanan ni Rihawani, kahit alam nilang dito sila maraming makukuhang mga bagay na maaari nilang magamit o mapagkakitaan. Mga prutas, mga hayop-gubat, mga halamang-gubat, at iba pa.

Sang-ayon sa kanila, may nakakita na kay Rihawani. Isa sa mga taong naninirahan din doon. Minsan daw, nang maligaw ito sa pangunguha ng mga kahoy at prutas ay napadako ito sa pook ni Rihawani. Nakita raw at nasumpungan nito ang diyosa. Kahit sa malayo ay kapansin-pansin ang angking kagandahan nito, habang nakikipag-usap sa ilang mga usang puti na nasa kaniyang paligid. Nang maglakad ang mga ito sa dakong patungo sa kinaroroonan ng mga tao ay mabilis na humangos itong tumalilis dahil sa takot na makita ni Rihawani, ang diyosa. Nang makarating ito sa bahay ay hindi magkumahog sa pagbabalita sa kaniyang nasaksihan. Mula noon ay lalo nang naging katatakutan ang kagubatang iyon.

Isang araw ay may mga dayuhan na dumating doon na ang pakay ay mangaso o mamaril ng hayop-gubat. Nagtanong-tanong daw ang mga ito kung saang gubat marami ang mga hayop o ibon na maaaring puntahan. Itinuro nila ang gubat ngunit isinalaysay rin ang kasaysayan nito na pinanahanan ni Rihawani. Itinagubilin ding huwag ibiging puntahan ang pook na iyon. Para sa ikatitiyak ng lakad ay ipinagsama ng mga ito ang isang tagagabay. At lumisan ang mga ito patungo sa gubat na pupuntahan. Pagdating sa paanan ng isang bundok ay napagkasunduan ng mga itong maghiwa-hiwalay at magkita-kita na lamang sa isang lugar sa dakong hapon. Ngunit lingid sa kaalaman ng lahat, ang isa ay nagkainteres na dumako sa gubat na pinanahanan ni Rihawani. Hindi nito pinakinggan ang tagubilin ng nakatatanda sa lugar na iyon. Nang makasapit na ito sa dakong itaas ng bundok ay naglalakad-lakad naman at nagsipat-sipat ng mababaril na hayop. Naisip nito ang puting usa na sinasabi ng matanda. Nang mapadako ito sa tabing-ilang, napansin niya ang isang pangkat ng mapuputing usa. Nang maramdaman ng mga hayop na may tao, nabulabog ang mga ito at nagtakbuhang papalayo. Hinabol nito ang isa at tinangkang barilin, ngunit walang matiyempuhan. Hanggang sa may makita ito sa dakong kadawagan ng gubat, agad inasinta at binaril. Tinamaan ang puting usa sa binti at hindi na nakatakbo. At nang lalapitan ng mga mangangaso ang puting usa may biglang sumulpot sa likuran na isang puting-puting usa na malayo sa hitsura ng nabaril. Lalo siyang namangha nang ang usa ay mag-iba ng anyo at naging isang napakagandang babae. Sinumbatan nito ang mangangaso. Sa ginawang iyon ng dayuhan, umusal ng sumpa ang diwata at ang lalaki ay naging isang puting usa at mapabilang na sa mga alagad ni Rihawani. Nang dakong hapon na, hinanap ito ng mga kasamahan. Tinawag nang tinawag ang pangalan nito ngunit walang sumasagot. Napaghinuha na lamang ng lahat lalo na ng kasamang gabay na sinuway nito marahil ang tagubilin, tuloy nabilang sa sumpa ni Rihawani. Mula noon, bukod sa naging aral na sa mga nandoon ang pangyayaring iyon, ay pinangilagan na ng mga nangangaso ang dakong iyon ng kagubatan.

*- Mula sa Panitikang Filipino (Pampanahong Elektroniko), (Arrogante et. al, 1991)*

| **Tauhan** | **Tagpuan** | **Banghay** | **Tema** |
|---|---|---|---|
| | | | |

**GAWAIN 8:** Dagdag... Pagsusuri

Palawakin mo pa ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa ng buhay ni Samson, isang kilalang karakter sa Bibliya. Alamin mo kung paanong tulad ni Thor ay may pinagmumulan din ang lakas na taglay ni Samson. Gayundin, aalamin mo kung paano magagamit sa pagsusuri ng mitolohiya ang pokus tagaganap at pokus sa layon.

**Ang Pakikipagsapalaran ni Samson**

Mula sa Bibliya (Mga Hukom 16)

Umibig si Samson kay Delilah na taga-Sorek na naging dahilan ng kaniyang pagbagsak. Nalaman ng mayaman at makapangyarihang mga Philistino ang kanilang ugnayan. Binigyan nila ng maraming salapi ang babae upang makipagsabwatan sa kanila. Nais nilang malaman ang sikreto ni Samson kung saan nagmumula ang kaniyang pambihirang lakas.

Gamit ang kaniyang kagandahan at husay sa panlilinlang, ilang beses niyang tinanong si Samson kung saan nanggagaling ang lakas nito. Hanggang sa ipagkatiwala ni Samson ang kaniyang sikreto sa dalaga. Ang Panginoon at mga magulang ni Samson ay may kasunduan na hindi maaaring gupitin ang buhok ni Samson kung hindi siya ay manghihina. Ang sikretong ito ay sinabi ni Delilah sa lider ng Philistino.


Isang araw, habang natutulog si Samson sa kandungan ni Delilah tinawag nito ang kanilang kasabwat at ginupit ang mga buhok nito. Si Samson ay nanghina kaya't nahuli siya ng mga kalaban.

Sa halip na siya ay patayin, mas pinili ng mga Philistino na ipahiya si Samson. Dinukot ang mga mata nito at pinagtrabaho ng mabigat sa kulungan sa Gaza. Habang siya ay nasa kulungan, humaba na ang kaniyang buhok na hindi pinansin ng mga kalaban. Nagbalik-loob si Samson sa Panginoon at nanalangin nang taimtim.

Nagkaroon ng pagtitipon ang mga Philistino sa Gaza bilang pagsamba sa kanilang paganong diyos. Nakaugalian na nila na magparada ng isang bilanggo sa harap ng mga naghihiyawang manonood. Inunat ni Samson nang malakas ang kaniyang mga kamay kaya't nawasak ang mga haligi ng templo. Libo-libong Philistino ang namatay kabilang na si Samson. Sa kaniyang kamatayan, nalipol niya ang kaniyang mga kaaway sa pamamagitan ng pagbubuwis ng sarili niyang buhay.

**GAWAIN 9:** Unawain Mo
Sagutin ang mga tanong batay sa binasang teksto.

1. Ano ang sikretong taglay na lakas ni Samson? Paano ito nalaman ng kaniyang mga kalaban?
2. Ilarawan ang ginawa ng mga Philistino kay Samson nang siya'y madakip.
3. Ikuwento ang sakripisyong ginawa ni Samson sa wakas ng salaysay. Magbigay ng reaksiyon tungkol dito.
4. Paghambingin ang taglay na katangian at kahinaan nina Thor at Samson sa tulong ng *diagram*.




**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

> **Alam mo ba na...**
> isang di-pangkaraniwang katangian ng wikang Filipino ang pagtiyak ng *semantic* na relasyon ng pandiwa sa paksa ng pangungusap sa tulong ng iba't ibang panlapi? Napapaloob ito sa konsepto ng pagpopokus. Maipopokus o maitutuon ang pandiwa sa tagaganap o aktor ng kilos, sa layon o gol, gayon din sa tagatanggap o benepisyari, direksiyon, sanhi o dahilan, ganapan o lokasyon, gamit o instrumento.

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang pokus tagaganap at pokus sa layon. Nasa pokus tagaganap ang pokus ng pandiwa kung ang paksa ng pangungusap ang siyang gumaganap ng kilos nito. Sa pokus na ito, magagamit sa pandiwa ang panlaping um-/-um. mag-, ma-, mang (m/n)-, mag- an, at magsipag- an/han. Pananda ng pokus o paksa ang si/sina at ang, at magagamit din bilang pokus tagaganap ang mga nominatibong panghalip na ako, ka,kita, siya, tayo, kami, kayo, at sila.

Pansinin ang isa sa mga pangungusap na ginamit sa parabula:

Umibig si Samson kay Delilah na taga-Sorek na naging dahilan ng kaniyang pagbagsak.

Ang pandiwang ginamit sa pangungusap ay umibig at ang tinutukoy ay si Samson. Ito ay nasa pokus na tagaganap dahil ang paksa o ang tinutukoy ng pandiwa ang siyang gumanap ng kilos nito at gumamit ng panandang si.

Iba pang halimbawa:

1. Nagbihis **si Thor** at kinuha ang kaniyang maso.
2. Naglakbay **sila** buong araw.
3. Napagod **ang higante** at ito'y nakatulog agad.

Ang pokus ay nasa pokus sa layon kung ang pinag-uusapan ang siyang layon ng pangungusap. Ginagamit na panlapi sa pandiwa ang –in/hin, -an/-han, ma, paki, ipa, at pa at panandang ang sa paksa o pokus.

Pansinin naman ang pangungusap na ito:

Nais nilang malaman **ang sikreto** ni Samson

Sa pangungusap sa itaas ang ginamit na pandiwa ay malaman na tumutukoy sa ang sikreto na siyang paksa ng pangungusap at makikita rin ang panandang ang.

Tunghayan ang iba pang halimbawa:

1. Isinakay ni Thor sa kaniyang karuwahe **ang kaniyang kambing**.
2. Iniutos ni Thor sa magsasaka na ihiwalay **ang buto** sa balat ng kambing.
3. Kinuha ni Thor **ang baon** niyang bag.

**Pagsasanay 1:** Salungguhitan ang pandiwang ginamit at bilugan ang paksa ng pangungusap. Pagkatapos ay isulat ang pokus ng pandiwa. Gawin sa sagutang papel.

1. Nais nilang malaman ang sikreto ni Samson.
2. Ipinagkatiwala ni Samson ang kaniyang sikreto sa dalaga.
3. Ang sikretong ito ay sinabi ni Delilah sa lider ng Philistino.
4. Habang natutulog si Samson sa kandungan ni Delilah ay ginupit ng mga kalaban ang buhok nito.
5. Nagbalik-loob si Samson sa Panginoon at nanalangin nang taimtim.
6. Gumawa ng paraan si Utgaro-Loki upang hindi sila madaig ng kapangyarihan ni Thor.
7. Inihampas ni Thor ang kaniyang maso sa natutulog na higante.
8. Nilagok ni Thor nang malaki ang lalagyan ng alak ngunit tila wala pa rin itong bawas.
9. Tumakbo nang mabilis si Thjalfi upang mahabol ang kalaban.
10. Kinain nila ang karne hanggang sa buto na lamang ang maiwan.

**Pagsasanay 2**: Batay sa pagkakakilala mo sa sumusunod na tauhan, bumuo ka ng mga pangungusap na nasa pokus tagaganap at pokus sa layon. Gawin sa iyong kuwaderno.

1. Thor
2. Odin
3. Rihawani

**Pagsasanay 3:** Sumulat ng isang talata tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mitolohiya ni Thor at Rihawani. Sikaping gumamit ng pokus na tagaganap at pokus sa layon. Isulat sa isang buong papel.




**Pagnilayan at Unawain**


Natutuwa ako na matagumpay mong naisagawa ang mga gawaing ibinigay. Alam kong handa ka ng sagutan ang mga tanong na ibinigay sa iyo sa panimula ng aralin.


Sagutin ang mga tanong sa tulong ng *concept organizer technique* at *dialog box*.

1. Paano naiiba ang mitolohiya sa iba pang akdang tuluyan?




2. Paano magagamit sa pagsusuri ng elemento ng mitolohiya ang pokus tagaganap at pokus sa layon?





**Ilipat**

Ito na ang yugto na magkakaroon na ng bunga ang iyong pagtitiyaga sa pag-aaral. Magsasaliksik ka ng mitolohiya ng anumang bansa na iyong maibigan at susuriin mo ang taglay nitong elemento. Basahin mo muna nang mabuti ang sumusunod na hakbang.

Ikaw ay isang manlalakbay at sa isang bansa sa kanluran na iyong napuntahan ay nagsaliksik ka ng kanilang mitolohiya. Nais mong suriin ang taglay nitong elemento. Tutulungan ka ng sumusunod na tanong upang makapagsuri nang mahusay:

1. Ang tauhan ba ay isang diyos o diyosa na may taglay na kakaibang kapangyarihan? Ipakilala.
2. Saan at kailan naganap ang mga pangyayari? Ilarawan.
3. Saan nakatuon ang mga pangyayari o banghay? Isalaysay.
4. Ano ang temang tinatalakay sa mitolohiya?

Sagutin ang mga ibinigay na tanong sa loob ng apat na talata at pagkatapos ay ipadala sa hatirang pangmadla o *social media*.

Tatayain ang ginawa mong pagsusuri gamit ang sumusunod na pamantayan:

a. Naipakikilala nang mahusay ang tauhan sa mitolohiya.
b. Nailalarawan nang mabuti ang tagpuan.
c. Naisasalaysay nang maayos ang mga pangyayari.
d. Nailalahad nang wasto ang tema ng mitolohiya.

Ang bawat pamantayan ay bibigyan ng katumbas na eskala:

4 – Napakahusay
3 – Mahusay
2 – Katamtaman
1 – Dapat pang paunlarin

Binabati kita at napagtagumpayan mo ang mga gawaing inihanda para sa iyong pagkatuto. Maghanda para sa mga bagong hamon ng susunod na aralin. Tula naman ng bansang Inglatera ang iyong pag-aaralan.

## Aralin 2.5

| | |
|---|---|
| **A. Panitikan:** | Ang Aking Pag-ibig<br>Tulang Pandamdamin mula sa England<br>Isinalin sa Filipino Alfonso O. Santiago<br>Mula sa Ingles na "How Do I Love Thee" Sonnet 43<br>ni Elizabeth Barrett Browning)<br>Mula sa Pandalubhasang Panitikan nina Pineda et. al.<br>1990, Quezon City |
| **B. Gramatika at Retorika**: | Mabisang Paggamit ng Matatalinghagang Pananalita |
| **C. Uri ng Teksto:** | Naglalarawan |

## Panimula

Matapos mong pag-aralan ang pakikipagsapalaran ng mga tauhan sa mito na mula sa bansang Iceland, maglakbay ka naman sa makulay at madamdaming daigdig ng Inglatera. Ang **Aralin 2.5** ay naglalaman ng akdang "Ang Aking Pag-ibig" mula sa Italya na isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa kahalagahan ng angkop at mabisang paggamit ng matatalinghagang pananalita sa pag-unawa mo sa tula na tatalakayin gayundin ang paraan ng paglalarawan nito.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagtatanghal ng Sabayang Pagbigkas mula sa likhang tula na may hawig sa paksang tinalakay ng tula batay sa sumusunod na pamantayan: a.) angkop ang lakas ng tinig para sa mga nakikinig, b.) taglay ang mga elemento ng sabayang pagbigkas, c.) kaangkupan ng emosyon batay sa binasang tula, d.) pagtitiwala sa sarili.

Aalamin natin kung naging mabisa bang paraan ang tula sa paglalarawan ng karanasan at damdamin ng mga bansang Kanluranin. Gayundin kung paano nakatutulong ang angkop at mabisang paggamit ng matatalinghagang pananalita sa paglalarawan.

## Yugto ng Pagkatuto



### Tuklasin

Sa sumusunod na gawain, tutuklasin natin kung may alam ka na sa pagkakaibang tulang liriko sa iba pang uri ng tula.

Makikinig ka ng isang awiting inihanda sa iyo ng guro. Matapos itong mapakinggan, gawin mo ang Gawain 1.

**Awit kay Inay**
mula sa awit ni Carol Banawa

May hihigit pa ba sa isang katulad mo
Inang mapagmahal na totoo
Lahat nang buti ay naroon sa puso
Buhay man ay handang ialay mo
Walang inang matitiis ang isang anak
Ika'y dakila at higit ka sa lahat

Ang awit na ito ay alay ko sa iyo
Ang himig at titik ay pag-ibig sa puso ko
Ika'y nag-iisa Ikaw lang sa mundo
Ang may pusong wagas ganyan ang tulad mo


Lahat ibibigay lahat gagawin mo
Ganyan lagi ikaw sa anak mo
Lahat ng buti niya ang laging hangad mo
Patawad ay lagi sa puso mo...

Walang inang matitiis ang isang anak
Ika'y dakila at higit ka sa lahat

Ang awit na ito
Ay alay ko sa iyo
Ang himig at titik ay pag-ibig sa puso ko
Ika'y nag-iisa ikaw lang sa mundo
Ang may pusong wagas ganyan ang tulad mo

**GAWAIN 1:** Lantad-Damdamin

1.1 Ilahad ang mga damdamin na naghahari sa nasabing awitin. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.




1.2 Sagutin ang mga gabay na tanong.

1. Tungkol saan ang awit na iyong napakinggan?
2. May mga damdamin ba ng pag-ibig ang inilahad dito?
3. Makatotohanan ba o hindi makatotohanan ang nilalaman ng awit?
4. Anong kongklusyon ang nabuo sa iyong imahinasyon matapos mong mapakinggan ang nasabing awit?

**GAWAIN 2:** Tula-Awit… Ano ang Pinagkaiba?
Makinig sa isahang pagbigkas ng tula. Suriin kung paano binigkas ang tula. Pagkatapos, ihambing mo ito sa awit na iyong pinakinggan (Awit Kay Inay). Gayahin mo ang kasunod na pormat sa sagutang papel.

| | **PAGKAKAIBA** | **PAGKAKATULAD** |
|---|---|---|
| Tulang binigkas | | |
| Awit na pinakinggan | | |



**Linangin**

Tunghayan ang sumusunod na tulang liriko ng tanyag na manunulat na si Elizabeth Barrett Browning ng Inglatera (hango sa Sonnet 43) at isagawa ang hinihingi ng kasunod na mga gawain.




(How Do I Love Thee-Sonnet XLIII ni Elizabeth Barret Browning
Isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)

Ibig mong mabatid, ibig mong malaman
Kung paano kita pinakamamahal?
Tuturan kong lahat ang mga paraan,
Iisa-isahin, ikaw ang bumilang.

Iniibig kita nang buong taimtim,
Sa tayog at saklaw ay walang kahambing,
Lipad ng kaluluwang ibig na marating
Ang dulo ng hindi maubos-isipin.

Yaring pag-ibig ko'y katugon, kabagay
Ng kailangan mong kaliit-liitan,
Laging nakahandang pag-utus-utusan,
Maging sa liwanag, maging sa karimlan.

Kasinlaya ito ng mga lalaking
Dahil sa katwira'y hindi paaapi,
Kasingwagas ito ng mga bayaning
Marunong umingos sa mga papuri.

Pag-ibig ko'y isang matinding damdamin,
Tulad ng lumbay kong di makayang bathin
Noong ako'y isang musmos pa sa turing
Na ang pananalig ay di masusupil.

Yaring pag-ibig ko, ang nakakabagay
Ay ang pag-ibig ko sa maraming banal,
Na nang mangawala ay parang nanamlay
Sa pagkabigo ko at panghihinayang.

Yaring pag-ibig ko ay siyang lahat na,
Ngiti, luha, buhay at aking hininga!
At kung sa Diyos naman na ipagtalaga
Malibing ma'y lalong iibigin kita.

**Alam mo ba na...**
ang tula ay isang anyo ng panitikan na may matalinghagang pagpapahayag ng isipan at damdamin? Mababasa sa mga tula ang mga kaisipang naglalarawan ng kagandahan, kariktan, at kadakilaan.

Maitutulad sa isang awit ang tula. Nagsisilbi rin itong pagpapagunita sa dapat na kaasalan ng mga bata at kabataan, at naglalayong maipahayag ang karanasan, damdamin, pananaw, kabayanihan at ang maigting na pagmamahal sa sariling bansa. Hanggang sa kasalukuyan, ang pagsulat at pagbigkas ng tula ay nananatiling tulay ng kaalaman mula sa kasaysayan ng kahapon patungo sa kasalukuyan.

Isa sa elemento ng tula ay ang kariktan. Ang kariktan ang tumutukoy sa paggamit ng matatalinghagang salita, mga salitang may malalalim na ibig ipakahulugan at mga tayutay tulad ng pagwawangis, pagtutulad, at iba pa.

May apat na pangkalahatang uri ang tula: tulang pandamdamin o tulang liriko, tulang pasalaysay, tulang padula at tulang patnigan.

Ang binasa mong tula ay isang soneto na nasa anyo ng tulang pandamdamin o tulang liriko. Ang soneto ay isang uri ng tula na nagmula sa Italya na may labing apat na taludtod at sampung pantig sa bawat taludtod. May tiyak na sukat at tugma na kinakailangang isaalang-alang ng mga manunulat. Malalim na pag-iisip at mayamang karanasan ang nakakaapekto sa isang manunulat upang makabuo ng isang mahusay na likhang sining. Kung kaya't ang mga soneto ay kinapapalooban ng damdamin ng isang manunulat. Ang bawat taludtod nito sa karaniwang damdamin at kaisipan ay nagpapakilala ng matinding damdamin.


**GAWAIN 3:** Paglinang ng Talasalitaan
Ibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pananalita na ginamit sa tula. Isulat sa kasunod na tsart ang sagot. Gayahin sa sagutang papel ang tsart.

1. Lipad ng kaluluwang ibig na marating
   Ang dulo ng hindi maubos-isipin.

2. Kasinlaya ito ng mga lalaking
   Dahil sa katwira'y hindi paaapi,
   Kasingwagas ito ng mga bayaning
   Marunong umingos sa mga papuri.
3. Yaring pag-ibig ko ay siyang lahat na,
   Ngiti, luha, buhay at aking hininga!
   At kung sa Diyos naman na ipagtalaga
   Malibing ma'y lalong iibigin kita.

| Ang Aking Pag-ibig | | |
|---|---|---|
| Bilang 1 | Bilang 2 | Bilang 3 |
| | | |

**GAWAIN 4:** Sa Antas ng Iyong Pag-unawa
Sagutin ang mga gabay na tanong.




1. Suriin ang binasang tula batay sa elemento nito. Gawin sa sagutang papel.
2. Ano ang pag-ibig na tinutukoy ng makata sa tula?
3. Tukuyin ang magiging bunga ng pagkakaroon ng tunay na pag-ibig.
4. Paano ipinamalas ng may-akda ang masidhing pagmamahal sa kaniyang tula?
5. Ayon sa tula, paano ipinamalas ng makata ang masidhing pagmamahal?
6. Sa iyong palagay, aling bahagi ng tula ang nagpalutang sa ganda at kariktan nito? Patunayan ang sagot.
7. Paano nakatulong ang paggamit ng mga matalinghagang salita upang maihatid ng may-akda sa mga mambabasa ang mensahe?
8. Sa iyong palagay, ano ang epekto ng karanasan sa paglikha ng tula ng makata? Ipaliwanag ang sagot.
9. Ipaliwanag ang kaugnayan ng pahayag sa akda. "Ang pag-ibig ay buhay, ang buhay ay pag-ibig. Nabubuhay ang tao upang umibig at magmahal sapagkat sapol pa sa pagkasilang, kakambal na ng tao ang tunay na kahulugan ng pag-ibig."

**GAWAIN 5:** Suriin at Ihambing
Bigkasing mabuti at unawain ang isa pang halimbawang tula. Suriin ang pagkakabuo nito at ihambing sa iba pang uri ng tulang pandamdamin.

**Babang-Luksa**
salin mula sa Kapampangan ni Olivia P. Dante
sa isang "Pabanud" ni Diosdado Macapagal

Isang taon ngayon ng iyong pagpanaw
Tila kahapon lang nang ika'y lumisan;
Subalit sa akin ang tanging naiwan,
Mga alaalang di malilimutan.

Kung ako'y nasa pook na limit dalawin
Naalala ko ang ating paggiliw;
Tuwa'y dumadalaw sa aking paningin
Kung nagunita kong tayo'y magkapiling.

Kung minsan sadya kong dalawin ang bahay
Na kung saan una tayo'y nag-ibigan
Sa bakura't bahay, sa lahat ng lugar
Itong kaluluwa'y hinahanap ikaw

Sa matandang bahay napuno ng saya
Sa araw na iyo'y pinagsaluhan ta;
Ang biyayang saglit, kung nababalik pa
Ang ipapalit ko'y ang aking hininga.

Bakit ba, mahal ko, kayagang lumisan
At iniwan akong sawing kapalaran
Hindi mo ba talos, kab'yak ka ng buhay
At sa pagyaon mo'y para ring namatay?

Marahil tinubos ka ni Bathala
Upang sa isipa'y hindi ka tumanda
At ang larawan mo sa puso ko't diwa
Ay manatiling maganda at bata

Sa paraang ito, kung nagkaedad na
Ang puting buhok ko'y di mo makikita
At ang larawan kong tandang-tanda mo pa
Yaong kabataan taglay na tuwina.

At dahil nga rito, ang pagmamahal
Ay hanggang matapos ang kabataan
Itong alaala ay laging buhay
Lalaging sariwa sa kawalang hanggan

Kaya, aking mahal sa iyong pagpanaw
Tayo'y nagtagumpay sa dupok ng buhay
Ang ating pagsintang masidhi't marangal
Hindi mamamatay, walang katapusan

Ang kaugalian ng ninuno natin
Isang taon akong magluluksa mandin
Ngunit ang puso ko'y sadyang maninimdim
Hanggang kalangitan tayo'y magkapiling.

*- Mula sa Panitikang Filipino nina Sulit et. al.*
*1989. Grandwater Publication*

Sagutin ang mga gabay na tanong

1. Tungkol saan ang tula?
2. Ano-anong pangyayari ang ginugunita ng makata? Ang mga pangyayari bang ito ay karapat-dapat pang gunitain? Pangatuwiranan.
3. Ihambing ang tulang “Babang-Luksa” sa tulang “Ang Aking Pag-ibig.” Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gayahin ang kasunod na pormat.

| | |
|---|---|
| Paraan ng paglalarawan ng pag-ibig | |
| Kadakilaan ng pag-ibig na inialay sa minamahal | |
| Mga salitang ginamit na nagpatunay sa kahulugan ng pag-ibig | |

Matapos mong suriin ang dalawang tula, basahin mo naman ang isa pang tula at bigyang-pansin ang mga elementong taglay nito.

**“Ang Pamana”**
ni Jose Corazon de Jesus

Isang araw ang ina ko’y nakita kong namamanglaw
Naglilinis ng marumi’t mga lumang kasangkapan.
Sa pilak ng kanyang buhok na hibla ng katandaan
Nabakas ko ang maraming taon niyang kahirapan;
Nakita ko ang ina ko’y tila bagay nalulumbay
At ang sabi “itong piyano sa iyo ko ibibigay,
Ang kubyertos nating pilak ay kay Itang maiiwan,
Mga silya’t aparador kay Tikong nababagay
Sa ganyan ko hinahati itong ating munting yaman.”

Pinilit kong pasayahin ang lungkot ng aking mukha
Tinangka kong magpatawa upang siya ay matuwa,
Subalit sa aking mata’y may namuong mga luha
Naisip ko ang ina ko, ang ina ko na kawawa;
Tila kami iiwan na’t may yari nang huling nasa
At sa halip na magalak sa pamanang mapapala,
Sa puso ko ay dumadalaw ang malungkot na gunita
Napaiyak akong tila isang kaawa-awang bata
Niyakap ko ang ina ko at sa kanya ay winika.

“Ang ibig ko sana, Ina’y ikaw aking pasayahin
at huwag nang makita pang ika’y nalulungkot mandin,
O, Ina ko, ano po ba at naisipang hatiin
Ang lahat ng munting yamang maiiwan sa amin?
“Wala naman,” yaong sagot “baka ako ay tawagin ni Bathala
mabuti nang malaman mo ang habilin!

Iyang piyano, itong silya’t aparador ay alaming
Pamana ko na sa iyo, bunsong ginigiliw.

“Ngunit Inang” ang sagot ko, “ang lahat ng kasangkapan
Ang lahat ng yaman dito ay hindi ko kailangan
Ang ibig ko’y ikaw ina, ang ibig ko’y ikaw inang
Hinihiling ko sa Diyos na ang pamana ko’y ikaw
Aanhin ko iyong piyano kapag ikaw ay namatay
At hindi ko matutugtog sa tabi ng iyong hukay?
Ililimos ko sa iba ang lahat ng ating yaman
Pagka’t di ka maaring pantayan ng daigdigan
Pagkat, ikaw O Ina ko, ika’y wala pang kapantay.”




Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang kahulugan ng ideyal na pag-ibig (ng ina sa anak, ng anak sa ina) na mababasa sa tula?
2. Bakit ginagamit na sukatan ang mga materyal na bagay sa abstraktong damdamin gaya ng pag-ibig sa tula?
3. Saan mauugat ang pagkakamali ng tao sa materyal na bagay o pagiging materyalistiko? Ano ang posisyon ng makata hinggil dito?

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

Suriin ang halaw na bahagi sa tulang “Ang Aking Pag-ibig” at “Ang Pamana.”

Isang araw ang ina ko’y nakita kong namamanglaw
Naglilinis ng marumi’t mga lumang kasangkapan.
Sa pilak ng kanyang buhok na hibla ng katandaan
Nabakas ko ang maraming taon niyang kahirapan;
Nakita ko ang ina ko’y tila bagay nalulumbay
At ang sabi “itong piyano sa iyo ko ibibigay,
Ang kubyertos nating pilak ay kay Itang maiiwan,
Mga silya’t aparador kay Tikong nababagay
Sa ganyan ko hinahati itong ating munting yaman.”

*- Ang Pamana*

Kasinlaya ito ng mga lalaking
Dahil sa katwira’y hindi paaapi,
Kasingwagas ito ng mga bayaning
Marunong umingos sa mga papuri.

*- Ang Aking Pag-ibig*

**Alam mo ba na...**
isang katangian ng tula ang paggamit nito ng matatalinghagang pahayag o pananalitang hindi tuwirang inihahayag ang literal na kahulugan nito? Karaniwan itong ginagamitan ng paghahambing ng mga bagay na nagpapataas ng pandama ng mga mambabasa. Ang talinghaga ang nag-uugnay sa mga karanasan, pangyayari at bagay-bagay na alam ng taumbayan. Ang talinghaga ang mismong larawan ng kamalayan ng manunulat. Isa sa madalas na gamiting talinghaga ang pagpapahayag na patayutay o tayutay.

Ang tayutay ay sadyang paglayo sa karaniwang paggamit ng mga salita, kung kaya't magiging malalim at piling-pili ang mga salita rito. Tinatawag ding palamuti ng tula ang tayutay dahil ito ang nagpapaganda sa isang tula.

**Mga Uri ng Tayutay:**
1. **Pagtutulad o simile** – isang paghahambing ng dalawang bagay na magkaiba sa pangkalahatang anyo subalit may mga magkatulad na katangian. Ito'y ginagamitan ng mga salita't pariralang tulad ng, katulad ng, parang, kawangis ng, anaki'y, animo, at iba pa.
2. **Pagwawangis o metapora** – naghahambing ng dalawang bagay ngunit tuwiran ang ginagawang paghahambing
3. **Pagmamalabis o hyperbole** – pagpapalabis sa normal upang bigyan ng kaigtingan ang nais ipahayag
4. **Pagtatao o personipikasyon** – paglilipat ng katangian ng isang tao sa mga walang buhay

May napansin ka ba sa gamit ng mga salita? Naglalaman ng talinghaga ang dalawang saknong buhat sa binasang mga tula.

Kung naunawaan mo ang paliwanag tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng matatalinghagang pananalita, bibigyan kita ng pagsasanay na susubok sa iyong natutuhan. Natitiyak ko, makakaya mo itong gawin.

**Pagsasanay 1:** Basahin ang sumusunod na paglalarawan. Isulat sa sagutang papel ang tayutay na ginamit.

- Pagtutulad (*Simile*)
- Pagwawangis (*Metaphor*)
- Pagmamalabis (*Hyperbole*)

1. Ang mga mata niya ay tila mga bituing nangniningning sa tuwa.
2. Rosas sa kagandahan si Prinsesa Sarah.
3. Napanganga ang mga manonood sa pagpasok ng mga artista sa tanghalan.
4. Ang ulap ay nagdadalamhati sa kaniyang pagpanaw.
5. Tila mga anghel sa kabataan ang mga bata.
6. Diyos ko! Patawarin mo sila.
7. Salaysay niya saksakan ng guwapo ang binatang nasa kaniyang panaginip.
8. O buhay! Kay hirap mong unawain.
9. Sa kagubatan, ang mga ibon ay nagsisiawit tuwing umaga.
10. Naku! Kalungkutan mo ay di na matapos-tapos.

**Pagsasanay 2:** Batay sa binasang mga tula, isulat sa nakalaang talahanayan ang matatalinghagang pahayag/pananalita na ginamit dito. Pagkatapos, tukuyin ang pakahulugan nito.

| Matalinghagang pahayag/ pananalita | | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| | Ang Aking Pag-ibig<br><br>Ang Pamana | |

**Pagsasanay 3:** Sumulat ng isang talatang naglalarawan na pumapaksa sa pag-ibig (pag-ibig sa Diyos, kapwa, at iba pa.) Gumamit ng matatalinghagang pahayag/ pananalita sa iyong susulating talata. Salungguhitan ang mga ito.




**Pagnilayan at Unawain**

Mahusay ang ipinakita mong tiyaga upang matutuhan at maunawaan ang aralin sa modyul na ito. Bilang pagsubok sa iyong pag-unawa ng aralin, punan ang sumusunod na mga *balloon* batay sa iyong nalaman, babaguhin sa sarili, ikinatuwa, ikinalungkot at ikinagulat.

Sa aralin na ating tinalakay, ano ang iyong nalaman o natutuhan at babaguhin sa sarili? Ano ang iyong ikinatuwa, ikinalungkot at ikinagulat sa araling ito?

Nalaman ko po sa araling ito na ___________________ kaya babaguhin ko po sa sarili ko ang ___________________ sa pamamagitan ng ______________. Ikinatuwa ko po ang ___________ Nalungkot naman po ako dahil ____________________. Ang ikinagulat ko ay ang __________.

[redacted]



**Ilipat**

Natukoy na sa nakaraang aralin ang paggamit ng kariktan at tayutay sa pagsulat ng tula. Handa ka na bang magsagawa o magtanghal ng sabayang pagbigkas? Ngunit bago ka tumungo sa madamdaming pagbigkas, masining, maaksyon at madulang pagtatanghal na ito, alamin muna ang mahahalagang kaalaman tungkol sa sabayang pagbigkas.

Ang Sabayang Pagbigkas (*Readers Theater*) ay isang masining na pagpapakahulugan o interpretasyon sa anumang anyo ng panitikan sa pamamagitan ng sabayang pagbabasa o pagbigkas ng isang koro o pangkat. Isang matimbang at maindayog na pangkatang tinig na nagpapahayag ng isang uri ng kaisipang masining at madamdamin. At isang pandulang pagtatanghal ng isang akdang pampanitikan na ginagamitan ng maraming tinig na pinag-isa sa pagbigkas.

Nauuri ito sa tatlo:

**a.** **Payak** – sa uring ito, maaaring ipabasa lamang ang bibigkasing tula. Maaaring gumamit ng ingay, tunog at/o musika, payak lamang ang mga kilos at galaw ng mga nagsisiganap

**b.** **Walang kilos** – bukod sa wastong bigkas, ang wastong ekspresyon ng mukha ang maaaring pagbatayan. Dahil walang kilos, pagtango lamang ang maaaring maipakita ng mga mambibigkas

**c.** **Madula** – bukod sa nagtataglay ng koryograpi ang pagtatanghal, inaaasahang makagagalaw o makakikilos ang mga tauhang nagsisiganap nang buong laya. Bukod dito, may angkop silang kasuotan batay sa katauhang kanilang inilalarawan. Taglay rin ng tula ang isang makabuluhang iskrip, musika at tunog, pag-iilaw, kagamitian/props, diyalogo, at iba pa.

Sa pagsasagawa ng sabayang pagbigkas, nararapat lamang na isaalang-alang bilang paghahanda ang sumusunod:

1. Pagpili ng piyesa – Ang piyesang dapat piliin sa sabayang pagbigkas ay may paksang napapanahon, makabuluhan at angkop sa okasyon o pagdiriwang. Dapat isaalang-alang ang uri ng mga manonood. Higit sa lahat ang piyesa ay dapat may uring pagkamatanghal
2. Pagbuo ng iskrip – Mahalagang isa-iskrip ang piyesa upang mabigyang-diin ang bigkas, kumpas at ang paglalapat ng wastong musika at tunog. Dapat isaalang-alang ng susulat ng iskrip ang mga pananda at simbolong kanyang gagamitin. Sa puntong ito, madaling mauri ang mga salitang dapat bigkasin nang mabagal, mabilis, mataas, mababa, karaniwan, mahina, at malakas
3. Pagpili ng mambibigkas – Ang tagapagsanay ng sabayang pagbigkas ay dapat makapili ng mga mambibigkas na bubuo ng isang koro. Karaniwan na ang pamimili ng mga mambibigkas ay nakasalalay sa tatlong uri ng tinig: mataas/matinis, karaniwang at mababa. Mahalagang maipangkat-pangkat ang mga uring ito bago bumuo ng koro.
4. Wastong pagbigkas at pagkumpas – Hindi lahat ng salitang bibigkasin nang sabayan ay dapat lapatan ng angkop na kumpas. Kailangang magkaugnay ang bigkas sa kumpas. Mahalagang malaman kung aling mga salita ang dapat kumpasan ng isa o dalawang kamay, paibaba o pataas, at iba pa.

Ngayon naunawaan ang patungkol sa pagsasagawa ng sabayang pagbigkas, siguradong magagamit mo na ito sa isang kapaki-pakinabang na gawain.

Nalalapit na ang ika-25 Taong Pagkakatatag ng inyong bayan na isang *tourist spot* sa inyong lalawigan. Malaki ang naitulong ng turismo sa pagpapasigla ng ekonomiya ng iyong bayan. Kaya bilang tagapangulo ng Departamento ng Turismo sa inyong lugar, layunin mo na hikayatin muli ang mga turista na balik-balikan ang iyong bayan. Naatasan ka na bumuo at magtanghal ng isang sabayang pagbigkas mula sa likhang tula na may paksa ng pagmamahal at pagpapahalaga. Ang presentasyon ay dapat magtaglay ng sumusunod na pamantayan: 1) angkop ang lakas ng boses; 2) taglay ang mga elemento ng Sabayang Pagbigkas; 3) kaangkupan ng emosyon batay sa binasang tula; 4) pagtitiwala sa sarili. Tatayain ito ayon sa sumusunod:

10 puntos lahat ng pamantayan ay naisakatuparan
8 puntos tatlo sa mga pamantayan ay naisakatuparan
6 puntos dalawa sa mga pamantayan ay naisakatuparan
4 puntos isa sa mga pamantayan ay naisakatuparan

Mahusay! Madali mong naisagawa ang inaasahang pagganap. Patunay ito na naunawaan mo ang kabuuan ng ating aralin. Naniniwala ako na ang susunod na araling iyong pag-aaral ay magiging kapana-panabik. Kaya, simulan mo na muli ang iyong paglalakbay na may buong ang pagtitiwala sa sarili.

## Aralin 2.6

| | | |
|---|---|---|
| A. | **Panitikan:** | Sipi mula sa Sintahang Romeo at Juliet<br>(Dula mula sa England)<br>ni William Shakespeare<br>Salin ni Gregorio C. Borlaza |
| B. | **Gramatika at Retorika:** | Wastong Gamit ng Pokus sa Pinaglalaanan at Pokus sa Kagamitan sa Pagsulat ng Sariling Damdamin |
| C. | **Uri ng Teksto:** | Nagsasalaysay |

## Panimula

Pagkatapos mong pag-aralan ang tulang nagmula sa Inglatera na naglarawan sa wagas at walang kamatayang pag-ibig ng isang babae sa kaniyang sinisinta, pasukin naman natin ang nakalulungkot na romansa ng dalawang kabataang lihim na nagmahalan subalit humantong sa kasawian.

Pasukin mo ang daigdig ng panitikan ng bansang England nang lubos mong maunawaan ang mga pangyayari sa pinakadakilang obra ni William Shakespeare na Romeo and Juliet. At upang mabigyan ka ng kaunting kaalaman ukol sa bansang pinanggalingan ng akdang pampanitikang ito, narito ang ilang impormasyong dapat mong nalaman.

Ang England ay isang bansa na bahagi ng United Kingdom. Kahangganan nito ang Scotland sa hilaga at Wales sa kanluran. Sakop ng bansa ang higit sa gitna at katimugang bahagi ng pulo ng Gran Britanya na nasa Hilagang Atlantiko at higit 100 maliliit na pulo gaya ng Isles of Scilly at Isle of Wight.

Kung sa panitikan naman, ang pagsisimula ng panitikan ng England ay masasalamin sa epikong *Beowulf* noong ika-8 hanggang ika-11 siglo na itinuturing na pinakatanyag na obra nito. Isa pa sa pinakamahalagang akdang napatanyag sa larangan ng panitikan dito ay ang *The Canterbury Tales* na akda ng manunulat na si Geoffrey Chaucer (1343-1400). Ito rin ang sinasabing akda na may malaking impluwensiya kay Dr. Jose P Rizal upang sulatin ang dakilang obra nito na Noli Me Tangere. At noong huling mga taon sa pagitan ng ika-16 hanggang ika 17 na siglo sa panahon ng Renaissance ay napatanyag ang mga pamosong mandudula tulad ni Ben Jonson, John Donne at William Shakespeare. Si William Shakespeare(1564-1616) ang itinuturing na pinakadakilang manunulat sa wikang Ingles. Sinulat niya ang mga tanyag na dula tulad ng Julius Caesar (1599-1600) at Anthony and Cleopatra (circa 1606-1607) na hinango niya mula sa kasaysayang Greek at Roman.

Ang **Aralin 2.6** ay naglalaman ng "Sintahang Romeo at Juliet" na hango sa Romeo at Julieta ni Gregorio C. Borlaza sa orihinal na akdang Romeo at Juliet ni William Shakespeare. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa Wastong Gamit ng Pokus sa Pinaglalaanan at Pokus sa Kagamitan na makatutulong sa pagsulat ng damdamin at saloobin.

Sa daloy ng aralin, inaasahang masasagot nang may pag-unawa ang mga pokus na tanong na: Paano nakatutulong ang dula sa paglalarawan ng tradisyon at kultura ng isang bansa; at Paano nakatutulong ang pokus sa pinaglalaanan at pokus sa kagamitan sa pagsulat ng sariling damdamin at saloobin.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang magiging bahagi ng pagtatanghal ng isang dulang trahedya na naglalarawan sa kultura ng isang bansa na may kaugnayan sa tema ng binasang akda. Mamarkahan ka ayon sa sumusunod na pamantayan: a.) kaangkupan sa tema/paksa, b.) orihinalidad/ sining at estilo ng paglalarawan, c.) kaaliwan, at d.) kasuotan/props/musika.

Aalamin din natin kung paano nakatutulong ang dula sa paglalarawan ng tradisyon at kultura ng isang bansa. Gayundin, kung paano nakatutulong ang pokus sa pinaglalaanan at sa kagamitan sa pagsulat ng sariling damdamin at saloobin.

## Yugto ng Pagkatuto




### Tuklasin

Paglakbayin ang iyong diwa sa pag-aaral mo sa bagong aralin. Aaralin mo muna kung gaano na ang nalalaman mo sa aralin upang sa gayo'y higit mong maunawaaan kung paano nakatutulong ang dula sa paglalarawan ng tradisyon at kultura ng isang bansa at kung paano nakatutulong ang pokus sa pinaglalaanan at sa kagamitan sa pagsulat ng sariling damdamin at saloobin.

Subukin mong paglakbayin ang iyong kaisipan sa bansang pinagmulan ng araling tatalakayin. Sagutin mo ang sumusunod na gawain upang magkaroon ka ng sapat na kaalaman ukol dito.

**GAWAIN 1:** Lakbayin Natin
Magbigay ng impormasyon tungkol sa bansang England batay sa sumusunod na aspekto. Gamitin ang grapikong representasyon sa pagsagot sa gawain.




**GAWAIN 2:** Palawakin Mo

Pumili ng kapareha at magpakita ng isang maiksing dula-dulaan upang mailarawan ang tungkol sa alinman sa sumusunod na pahayag.

| | |
|---|---|
| **"Pag nasok ang pag-ibig sa puso ninuman; hahamakin ang lahat, masunod ka lamang"** | ***Love at first sight*** |

**GAWAIN 3:** Tayo na't Magkuwentuhan

Magsalaysay ng kuwentong nabasa, napanood, narinig, at nasaksihan na humantong sa trahedya ang wakas. Gamitin ang grapikong representasyon sa pagsagot.

| | | |
|---|---|---|
| KUWENTONG NABASA | ⇨ | |
| KUWENTONG NAPANOOD | ⇨ | |
| KUWENTONG NARINIG | ⇨ | |
| KUWENTONG NASAKSIHAN | ⇨ | |

**GAWAIN 4:** Punan Mo

Punan ng angkop na pandiwa ang patlang upang mabuo ang diwang ipinapahayag ng bawat pangungusap. Piliin sa kahon ang sagot.

1. __________ ni Romeo ang matatamis na pananalitang binitiwan niya kay Juliet.
2. __________ ng tapat na pag-ibig si Juliet ng isang binatang hindi niya kaangkan.
3. Ang prinsesa'y __________ ng kapatawaran at ang prinsipe'y __________ ng kaparusahan.
4. __________ ni Tybalt kay Romeo ang bantang kamatayan ang kapalit ng pag-ibig sa prinsesa.
5. __________ ni Romeo ng lason ang apatnapung ducado sa isang butikaryo.

| | | |
|---|---|---|
| Tumanggap | Ipinang-akit | Ipinambili |
| Ipinatakot | Ginawaran | Inalayan |


Bago mo basahin ang nilalaman ng dulang Romeo at Juliet, pag-aralan ang katangian ng dula bilang isang anyo ng panitikan. Gayundin, alamin mo ang katangian ng dulang trahedya na uring kinabibilangan ng dulang iyong pag-aaralan.

**Alam mo ba na...**

ang dula ay isang uri ng panitikan? Nahahati ito sa ilang yugto na maraming tagpo. Pinakalayunin nitong itanghal ang mga tagpo sa isang tanghalan o entablado. Gaya ng ibang panitikan, ang karamihan sa mga dulang itinatanghal ay hango sa totoong buhay maliban na lamang sa iilang dulang likha ng malikhain at malayang kaisipan.

Samantala, ang trahedya ay isang dulang ang bida ay hahantong sa malungkot na wakas o sa kabiguan. Mayroon ding mga uri ng ganitong dulang may malungkot ngunit makabuluhang wakas. Nagsimula ang ganitong uri ng drama mula sa Sinaunang Gresya. Kabilang sa maagang mga bantog na tagapagsulat ng trahedya sa Gresya na sina Aeschylus, Sophocles, at Euripides.

Ngayong nalaman mo na ang ilang mahahalagang impormasyon tungkol sa dula, marahil handa ka nang galugarin ang isa sa dakilang akda ni Shakespeare. Pag-igihin mo ang pag-aaral.




## Linangin

Ang pag-ibig na dapat sanang makapaghihilom sa lahat ng mga suliranin sa pagitan ng kanilang angkan ang nagdulot ng mga pangyayaring humantong sa kamatayan. Sundan mo kung paanong ang dalisay na pagmamahalan ay nauwi sa masaklap na trahedya. Basahin at unawain ang dula upang sa gayo'y matuklasan mo rin kung paano nakatutulong ang dula sa paglalarawan ng tradisyon at kultura ng isang bansa.

**Sintahang Romeo at Juliet**
**Hango sa Romeo at Juliet**
**na Isinalin ni Gregorio C. Borlaza**

### Unang Tagpo



(Sa pag-iisa ni Romeo. Kinakausap ang sarili)

Romeo: Bata pa ba ang araw?
Mahaba ang malungkot na mga oras.
Walang paglingap ng aking minamahal.
O, nag-aaway na pag-ibig!
O, pag-ibig na nagagalit!
O, kahit na anong sa wala nanggagaling!

Ganito ang pag-ibig kong walang pag-ibig na nadarama.
Pakitaan ako ng isang babaing labis na marikit,
Di ba't ganda nito'y isa lamang pantawag ng isip
Sa lalo pang may malaking kagandahan?
Sa paglimot, di mo ako ma'aring turuan.

(Sa pag-iisa ni Juliet. Kinakausap ang sarili.)

Juliet: Pag-aasawa'y isang karangalang hindi ko pinapangarap.
Bata pa sa gulang kong labing-apat, banggit ni ina,
Mga dalaga dito ay nagiging ina na.
Sino si Paris? Isang lalaki raw na guwapong-guwapo?
Maiibig ko ba ang ginoo?
Hangad ng magiting na ito, ang pag-ibig ko.
Sa piging mamayang gabi, siya'y makikita ko.
Sa pagbasa ng aklat ng kay Paris na mukha,
Sana nga ay matagpuan ang itinitik ng kagandahang tuwa;

### Ikalawang Tagpo

(Nagsimula na ang kasiyahan sa bulwagan. Naroon din si Juliet na nakikipagsayawan. Darating si Romeo at makikita niya si Juliet sa hanay ng mga babaeng sumasayaw.)

Romeo: Liwanag ng tanglaw, sa pagtuturo niya'y lumalaki,
Para siyang nakabitin sa pisngi ng gabi,
Katulad ng mamahaling hikaw sa tenga ng babaing Ethiopia,
Kagandahang di dapat gamitin pagkat lubhang mahalaga,
Parang puting kalapating kasama ng mga uwak
Ang binibini ko sa piling ng mga hamak.
Pagkatapos nitong sayaw, titingnan kung saan siya uupo,
Mabibindita ang kamay kong magaspang pag ang kaniya ay nahipo,
Puso ko ba'y mayroon nang minahal? Itakwil mo, mata,
Pagkat ang tunay na ganda'y ngayon ko lamang nakita.

(Makikita ni Tybalt si Romeo. Sisitahin niya ito.)

Tybalt: Ito sa tinig ay marahil isang Montague.
Bakit naparito ang aliping itong mukha'y di mapinta?
Upang kutyain lamang ang ating pagsasaya?
Sa ngalan ng lipi at dangal ng aking angkan,
Ang patayin siya'y hindi masasabing kasalanan.

Capulet: Bakit pamangkin ko, ano ang ipinagpuputok mo?

Tybalt: Tiyo, ito ay ating kaaway na isang Montague;
Isang buhong na dahil sa galit naparito,
Upang libakin ang kasayahang ito.

Capulet: Siya ba ang batang si Romeo?

Tybalt: Siya nga, si Romeong buhong.

Capulet: Masiyahan ka pinsan ko, pabayaan siya.
Parang maginoong tunay ang mga kilos niya,
Dahil sa taglay na dangal at kilos niyang sakdal buti.
Kahit ibayad sa akin ang yaman ng buong bayan,
Hindi ko siya sisiraan sa aking tahanan.
Kaunting tiyaga, huwag mo siyang pansinin.

Tybalt: ‘ Pag panauhin ay isang buhong ay angkop iyan.
Hindi ko siya mapagtitiyagaan.

Capulet: Pagtitiyagaan siya. Bakit, iho
Ganiyan ang sabi ko. Alis ka diyan!
Ako ba ang panginoon dito o ikaw?
Alis ka diyan! Nais mong sumikat, nais mo na ikaw ang masunod!

Tybalt: ‘Pag ang pasensiya'y pinilit kong pumigil sa galit na pag-ayaw,
Nanginginig sa tagisan ang lahat kong mga laman.
Ako ay aalis; subalit ang ganitong panghihimasok
Na ngayo'y waring matamis ay magiging mapait na lubos.

(Lalabas si Tybalt. Magtatagpo ang paningin nina Romeo at Juliet)

Romeo: Kung lapastangan ng kamay kong hindi marapat,
Ang iyong dambanang banal, ang parusang ilalapat;
Ang mga labi kong dalawa'y namumulang mamamakay
Ay handang hagurin ng halik ang ginaspang ng aking kamay.

Juliet: Mabait na mamamakay, ikaw ay nagkakasala
Sa kamay mong mabuting kilos ang nakikita;
Mga santo'y may kamay na hinihipo ng may-pakay;
At ang pagdadaop-palad ay parang halikang banal.

Romeo: Kung gayon, santa ko,
bayaang gawin ng labi ang gawain na pangkamay!
Sila ay dumadalangin upang ang paniniwala ay hindi mamatay.

(Hahalikan ni Romeo si Juliet.)

| | |
|---|---|
| Juliet: | Kung gayon ay nasa aking labi ang salang sa iyo ay nakuha. |
| Romeo: | Salang buhat sa labi ko?<br>O salang malambing na iyong binanggit,<br>Ang sala ko ay muling ibalik |

(Hahalikan niyang muli si Juliet.)

| | |
|---|---|
| Juliet: | Parang pinag-aralan mo ang paghalik. |
| Nars: | Senyorita, nais kang makausap ng iyong ina. |
| Romeo: | Sino ang kaniyang Ina? |
| Nars: | Aba, binata. Ang nanay niya ay ginang nitong tahanan. |
| Romeo: | Siya ba'y Capulet?<br>O kay samang kapalaran!<br>Ang buhay ko'y utang ng aking kaaway.<br>Ito na ang ikinatatakot ko, lalo akong hindi mapalagay. |

**Ikatlong Tagpo**

| | |
|---|---|
| Juliet: | O Romeo, Romeo!<br>Itanggi ang iyong ama't ang pangala'y itakwil mo!<br>O kung hindi, isumpa mong ako'y iniibig,<br>At hindi na ako magiging Capulet |
| Romeo: | Maghintay pa kaya ako, o ngayon din ay tumugon? |
| Juliet: | Pangalan mo lamang ang masasabi na kaaway ko,<br>Ikaw ay ikaw rin kung hindi ka man Montague.<br>Ano ang Montague? Hindi kamay, hindi paa,<br>Ni braso, mukha, o anumang bahagi pa ng katawang tao.<br>O, magpalit ka na ng pangalan!<br>Ang rosas kung tagurian,<br>Sa ibang taguri'y mananatiling mabango ang pangalan |
| Romeo: | Susundin ko ang wika mong binitiwan.<br>Tawagin mo akong mahal at pamuli kong bibinyagan;<br>Buhat ngayon hindi na ako magiging Romeo. |
| Juliet: | Sino ka bang nagkukubli sa gabing madilim,<br>Na nakatuklas sa aking lihim? |
| Romeo: | Sa pangalan, Hindi ko malaman kung paano ipakikilala yaring katauhan.<br>Ang ngalan ko, santang mahal, ay kinasusuyaan ko<br>Pagka't yao'y isang kaaway mo.<br>Kung nasusulat 'yon ay pupunitin ko. |

Juliet: Hindi ko pa nalalanghap,' sandaang kataga,
Ng sinabi ng dilang yan,ngunit alam ko na yata.
Hindi ka ba si Romeo, at isang Montague?

Romeo: Hindi ang kahit alin, o santang butihin, kung kamumuhian
mo rin.

Juliet: Paano ka naparito, sabihin sa akin, at saan nanggaling?
Pader dito ay mataas. Mahirap akyatin,
At kung iisipin, ang pook ay kamatayan,
'Pag natagpuan ka rito ng sino mang aking kasamahan.

Romeo: Nilundag ko yaong pader sa pakpak ng pagmamahal;
Pagkat ang pag-ibig ay di mapipigil ni'yong batong humahadlang.
Ginagawa ng pag-ibig ang bawat kaya niyang gawin,
Kaya't ang mga pinsan moy hindi sagabal sa akin.

Juliet: 'Pag nakita nila ay papatayin ka.

Romeo: Tamisan mo lang ang titig,
Ay ligtas na ako sa kanilang pagkagalit.

Juliet: Mawala na buong mundo, huwag ka na lamang makita rito.

Romeo: Nariyan ang talukbong ng gabing tatakip sa akin,
Hindi baleng matagpuan nila ako, iyo lamang mamahalin.

Juliet: Sinong nagturo sa iyo ng lugar na ito?

Romeo: Ang pag-ibig na nagturo sa aking magmatyag,
Binigyan ako ng payo't binigyan siya ng pangmalas.

Juliet: O mabait na Romeo,Kung ikaw ay umiibig ay tatapatin mo.
O kung akala mo'y ako'y napakadaling mahuli,
Ang totoo, butihing Montague, labis akong mapagmahal,
Dahil, dito'y maaari mong sabihing kilos ko'y buhalhal;
Ngunit maniwala ka, ginoo, magiging lalong matapat ako
Kaysa mga mukhang mahiwaga dahilan sa tuso.

Romeo: Binibini ako'y nanunumpa sa ngalan ng buwang iyon
Na nagpuputong ng pilak sa lahat na nariritong punong kahoy.

Juliet: Huwag kang manumpa sa ngalan ng buwang di matimtiman
Na buwan-buwan ay nagbabago sa kaniyang ligiran.
Baka ang pag-ibig mo ay maging kasinsalawahan
Masyadong kaparis ng kidlat na biglang nawawala
Bago masambit ang 'kumikidlat'. Paalam na mahal!

Romeo: Iiwanan mo ba akong ganitong di nasisiyahan?

Juliet: Anong kasiyahan ang maaari mong ngayon ay makamtan?

Romeo: Magpalitan tayo ng tapat ng sumpa ng pag-ibig.

Juliet: Ibinigay ko na sa iyo ang akin bago mo hiningi.

Romeo: Babawiin mo ba? Anong dahilan sa iyo’y muling ibigay?

Juliet: Tatapatin kita, upang sa iyoy muling ibigay.
Ang kagandahang-loob ko ay kasing lawak ng dagat,
Pag-ibig koy kasinlalim; habang binibigyan kita
Lalong marami ang natitira, kapwa sila walang hanggan.
Maging tapat ka Montague kong matamis
Maghintay ka, ako ay muling babalik.

Romeo: O, gabing lubhang pinagpala, ako’y n i<g1a(.)TjETEMC /Span </MCID9.234 >BDC BT/TT

Juliet: Magandang gabi po sa mabunying kumpesor ko.

Padre: Para sa aming dalawa, si Romeo ang pasasalamat sa iyo.

Juliet: Gayon din ako sa kaniya;
O, ang pasasalamat niya ay magiging kalabisan.

Romeo: A, Juliet, kung ang kaligayahan mo
kagaya ng aki'y iipunin at ang kakayahang iyong angkin.
Ang maglalarawan doon, patamisin ng iyong hininga

Juliet: Pagmamapuring mayaman kaysa sabi-sabi,
Ipinagmamalaki ay laman, hindi palamuti,
Pulubi lamang ang kayang bilangin ang yaman;
Ngunit pag-ibig kong tapat ay labis ang kayamanan
Kahit kalahati ay hindi ko mabilang

Padre: Madali nating tatapusin na,
Pagkat di kayo nararapat bayaang nag-iisa

**Ikalimang Tagpo**

Benvolio: Si Tybalt na nahulog kay Romeong kamay;
Si Romeo ang nagsabi sa kaniyang malumanay
Na walang k'wenta ang pagtatalunan,
Itong lahat – sinabi niya nang buong hinahon,
maaamo ang tingin at yukod ang tuhod –
Hindi makapayapa sa pusong mapusok
ni Tybalt na bingi sa payapang panawagan,
Umulos ng armas sa dibdib ni Mercutiong matapang;
Sa galit, ay lumaban, armas sa armas,
At parang isang sundalo'y tinabig ng isang kamay niya
Ang kamatayang malamig, saka ibinalik ng ikalawang kamay
Kay Tybalt na dahilan ang liksing taglay ay biglang gumanti.
Isang inggit na saksak ni Tybalt ang lumagot
Sa buhay ng matapang na si Mercutio.
Kumaykay ng takbo si Tybalt at saka binalikan si Romeo
Na bago la'ng nakaisip na gumanti rito,
At parang kidlat silang nagtagis; bago ko nakuha
Ang armas upang sila'y nabubuwal ay tumakbo si Romeo
Ito ang katotohanan, mamatay man si Benvolio

Prinsipe: At dahil sa kasalanang iyan.
Siya'y aking ipatatapong biglaan.
Palayasin agad si Romeo,
Katapusan niyang araw pag nahuli rito.
Iligpit ang bangkay at ang utos ko ay sundin
Ang awa'y nakamamatay sa paglingap sa salarin.

## Ikaanim na Tagpo

Juliet: Huwebes ng umaga!
Ako'y namamangha sa pagmamadali,
Ako'y pakakasal sa isang taong di pa man nanliligaw.
Hay, ama at ina ko, isang salita ko sana'y dinggin.
Di ako nagmamalaki ngunit nagpapasalamat
Di maipagmamalaki ang kinapopootan ng lahat,

O, matamis kong ina, h'wag akong talikuran!
O kung hindi ay ihanda ang aking kamang pangkasal
Sa madilim na libingan kay Tybalt na hinihigan.
Ako'y tutungo kay Padre Laurence na silid,
Upang ikumpisal ang kay Tatay na ikinagalit.

## Ikapitong Tagpo

Padre: Ah, Juliet, batid ko na ang iyong hinagpis;
Ako'y nababahalang labis na abot nitong pag-iisip.
Narinig kong kailangan at hindi mapipigilang
Sa Huwebes na darating ang Konde ay iyong pakasalan.

Juliet: H'wag sabihin, padre, na narinig mo 'yan
Kundi masasabi kung paano ninyo'y ito maaaring hadlangan.
Kung sa karunungan ninyo'y di makatutulong,
Sabihin man lamang na tama ang nilalayon
At sa tulong ng lansetang ito'y gagawin ko.
Huwag nang mag-atubili, nais kong mautas
Kung ang inyong sasabihin ay hindi makalulunas.

Padre: Umuwi ka, matuwa't pumayag kay Paris pakasal .
Miyerkules bukas. At bukas ng gabi, mahiga kang nag-iisa;
Matapos mahiga'y kunin ang garapang ito
At ang lamang alak nama'y tunggain mo.
Pagkatapos nito'y sa mga ugat mo'y maglalagos
Ang pagdaramdam ng antok at ang tibok
Ng pulso mo'y titigil at mawawala,
Walang init o hiningang sa buhay mo'y magbabadha;
Ang rosas mong labi't mga pisngi ay kukupas
Parang kamatayang nagpipinid sa araw ng buhay:
Bawa't bahaging malambot ng iyong katawa'y
Maninigas, manlalamig at parang tunay na patay;
Sa ganitong hiram na anyo ng kamatayan
Mamamalagi ka sa loob na apatnapu't dalawang oras.

## Ikawalong Tagpo

Nars: Binibini! Ano ba, binibini!
Juliet! Ano't nakabihis, magara ang damit, at nahiga uli?
Kailangang gisingin ka. Binibini! Ano ba, binibini!
Juliet! Naku, naku, naku.
Tulong, tulong ang binibini ko'y patay
O kay sawi, bakit pa ba ako isinilang
Kumuha ng alak, madali! Aking ginoo!  Aking ginang!
Araw na kasumpa-sumpa, malungkot, hamak, nakamumuhi!

## Ikasiyam na Tagpo

(Romeo at Baltazar.Dumating si Baltazar mula sa Verona dala ang masamang balita para kay Romeo.)

Romeo: Balitang buhat sa Verona! Baltazar, anong iyong masasabi?
Wala ka bang dalang sulat na buhat sa Padre?
Kumusta ang aking ginang? Mabuti ba ang aking ama?
Ang muli kong itatanong, kumusta ba ang aking Juliet?
Walang magiging masama kung mabuti ang kalagayan niya

Baltazar: Kung gayo'y mabuti, siya'y walang magiging masama.
Ang kaniyang bangkay sa libinga'y namamayapa,
At ang kaniyang kaluluwa'y kasama ng mga anghel.
Nakita ko siyang inilibing sa tumba ni Capel.

Romeo: Gayon ba? Kung gayon ay humarang na ang mga bituin!
Aalis ako ngayon din! Wala bang sulat ang Padreng sa iyo'y padala?

Baltazar: Wala po, mabuti kong panginoon.

Romeo: Ano ang dapat kong gawin?
May naalala akong isang butikaryo,
Na sa dakong ito nakatira, napansin ko.

(Sa may Butikaryo)

Butikaryo: Sinong tumatawag nang kaylakas?

Romeo: Nakikita kong ikaw ay mahirap.
Heto ang apatnapung *ducado*.
Bigyan ako agad ng isang lagok na lasong kakalat
Upang mamatay ang iinom na sa buhay ay nagsawa na.

Butikaryo: Mayroon nga akong lason;
ngunit parusa ng batas ng Mantua'y kamatayan sa magbili na pangahas.

Romeo: Ang mundo't ang batas ay hindi mo kaibigan;
Walang batas sa mundong sa iyo ay magpapayaman;
Huwag mamalagi sa hirap, labagin ang batas, kunin mo iyan.

Butikaryo: Ilahok mo ito sa kahit na anong tunaw at saka inumin.
At kung ang lakas mo'y katimbang
Ng sa dalawampung katao, ay bigla kang mamamatay.

## Ikasampung Tagpo

Juan: Banal na padreng Pransiskano, kapatid ko!
Samantalang humahanap ng kasama,
Pinakuan ang pintuan at di kami pinalabas
Kaya't ang bilis ng pagtungo ko sa Mantua ay napigil agad.

Padre: Sino ang nagdala ng sulat ko kay Romeo?

Juan: Wala akong mapapagdala – narito nang muli –

Padre: Malungkot na kapalaran!
Ang sulat ay hindi biro
kundi mayrong nilalamang mahalagang bagay

**Ikalabing-isang Tagpo**

Romeo: O mahal ko! O asawa ko!
Ang kamatayang humigop ng pukyutan ng iyong hininga
Sa takot na ganito nga, ako'y titigil sa iyong piling,
Dito, dito na ako tatahan
Kasama ng mga uod na iyong utusan.
O dito ko gaganapin ang pamamahingang walang hanggan

Mga mata; katapusang yakap, mga kamay; hayo na't tatakan
Mga labi ng makatarungang halik, sa pintuan ng hininga
Ang kasunduan namin ni kamatayang walang hanggan!
Halika na, aking tagaakay na mapait at hindi mainam

(Iinumin ang lason.)

O tapat na butikaryo! Mabisa ang lason.
Matapos ang isang halik, mamamatay ako.

(Pagkalipas ng itinakdang oras ay muling nagising mula sa hiram na kamatayang sinapit ni Juliet.)

Juliet: Ano ito? Lason, nakita ko, ang sanhi ng kaniyang pagkamatay.
O, inubos niya at walang nalabi
kahit kapatak man lamang upang tumulong sa akin?
Hahagkan ko iyong labi baka sakaling may lason pang natira kahit konti
Upang ang gamot na halik ay lumagot sa buhay kong sawi.
Oh, mabuting balaraw!
Ang puso ko ang bayaan mo; tumimo ka riya't bayaang ako'y mamatay

(Sasaksakin ni Juliet ang kaniyang sarili.)

Babae: Kapayapaang mahilom ang dulot nitong umaga
Ang araw ng kalungkuta'y hindi ngayon pakikita
Lumakad na kayo't pag-uusapan pa ang malungkot na naganap
Ang iba'y patatawarin at sa iba'y parusa ay ilalapat;
Sapagkat wala pang makakasinlungkot
Ang naging buhay ni Juliet at ni Romeo na kaniyang irog.

**Alam mo ba na…**
ang *Romeo at Juliet* ay isang dulang sinulat ni William Shakespeare tungkol sa dalawang maharlikang mga angkan na nagkaroon ng alitan kung kaya't naging magkaaway? Nakabatay ang balangkas ng dulang ito sa isang kuwento mula sa Italy na isinaling wika upang maging taludtod bilang *The Tragical History of Romeus and Juliet* (Ang Kalunos-lunos na Kasaysayan nina Romeus at Julieta) ni Arthur Brooke noong 1562 at muling isinalaysay na nasa anyong tuluyan o prosa sa *Palace of Pleasure* (Palasyo ng Kaluguran) ni William Painter noong 1567.

**GAWAIN 5:** Paglinang ng Talasalitaan

Ibigay ang pinag-ugatan ng mga salitang may salungguhit. Gawing batayan ang kasunod na halimbawa. Pagkatapos gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.


| | |
|---|---|
| Salita: | susundin |
| Pinagmulan: | su (pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat) + sunod+in<br>= susunodin (pagkakaltas)<br>= susundin |
| Pangungusap: | Susundin ko ang wika mong binitiwan. |

1. ang ganitong <u>panghihimasok</u> mapait na lubos
2. sa ngalan ng buwang <u>matimtiman</u>
3. mabait na <u>mamamakay</u>
4. O, gabing pinagpala, ako'y <u>nangangamba</u>
5. Sa tulong ng isang <u>susuguin</u> ko
6. Ang <u>marahas</u> na ligaya
7. Madilim na libingang <u>hinihigan</u>
8. <u>Hahagkan</u> ko iyong mga labi
9. <u>Titingnan</u> kung saan siya uupo
10. Kasiyahang maaari mong <u>makamtan</u>

**Gawain 6:** Pag-unawa sa Akda


Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang damdaming namayani kay Romeo nang makita si Juliet?
2. Ilarawan ang pag-iibigan nina Romeo at Juliet. Ano ang nakita nilang balakid sa kanilang pag-iibigan?
3. Paano ipinaglaban nina Romeo at Juliet ang pag-ibig nila sa isa't isa?
4. Bakit humantong sa masaklap na trahedya ang pag-iibigan nina Romeo at Juliet?
5. Kung ikaw si Juliet at alam mong magkagalit ang inyong pamilya sa lalaking iniibig mo, ipaglalaban mo ba ang pag-ibig mo? Pangatuwiranan.
6. Ano ang nadama ni Romeo nang malaman ang sinapit ni Juliet? Ano ang nadama ni Juliet sa sinapit ni Romeo?
7. Bakit umiiral ang gayong pamantayan o kalakaran sa pag-ibig sa panahon ni Shakespeare?
8. Ano ang iniingatan ng pamantayang ito? Ipaliwanag.
9. Paano pinadalisay nina Romeo at Juliet ang konsepto ng pag-ibig? Ihambing ito sa mga tulang pag-ibig na natalakay sa naunang aralin. Gamitin ang *Venn diagram* sa paghahambing.




**GAWAIN 7:** Paghambingin Mo

Ipakita sa pamamagitan ng *double cell diagram* ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kulturang nakapaloob sa dulang Romeo at Juliet sa iba pang dulang iyong nabasa batay sa





**GAWAIN 8:** Ibahagi Mo

Isa kang binatang lubhang napaibig sa isang dalagang napakahigpit ng magulang? Anong plano o paraan ang gagawin mo upang maipakilala ang wagas na hangarin mo para sa kaniya? Anong kultura ang naging batayan mo sa pagbuo ng plano?




**GAWAIN 9:** Subukin Mo

1. Pumili ng isang pangyayari sa akda. Pagkatapos, sabihin ang saloobin at damdamin nito sa iyo. Gayahin ang kasunod na pormat sa papel.



2. Pagkatapos mong mabasa ang dula:
    a. Ano ang naging epekto nito sa iyong sarili?
    b. Ano ang natutuhan mo?
    c. Ano ang naramdaman mo?

Mahusay ang ipinakita mong sigasig sa paggawa ng mga gawain. Pagkatapos mong galugarin ang panitikan ng England sa dulang Sintahang Romeo at Juliet, narito ang karugtong na aralin upang mas lalo pang mapatingkad ang iyong kaalaman na makatutulong sa iyo upang matamo ang inaasahang produktong inaasahang maisakatuparan mo sa katapusan ng aralin.

**GAWAIN 10:** Isa pang Dula

Basahin mo nang may pag-unawa ang susunod na teksto mula sa dulang trahedya na akda ni Rogelio R Sicat na "Moses, Moses" upang iyong malaman ang tungkol dito. Tiyak na makatutulong ang kaalamang matututuhan mo rito upang matulungan kang masagot ang pokus na tanong kung paano nakatutulong ang pokus na pinaglalaanan at kagamitan sa pagsulat ng sariling damdamin at saloobin.

**Buod ng Dulang "MOSES, MOSES"**
**ni Rogelio Sicat**
Ibinuod ni Eric O. Cariño

Pinag-uusapan ng magkapatid na Ana at Regina Calderon ang tungkol sa kalagayan ni Aida na ginahasa ng anak ng isang politiko. Nasa gayon silang pagkukuwentuhan nang tumambad sa pintuan ng kanilang apartment ang Alkalde at ang konsehal. Naparoon sila upang magdiskargo. Pinakiusapan nila si Regina na iurong niya ang kasong isinampa laban sa anak ng alkalde at upang ihingi ng tawad ang ginawa nito sa kaniyang anak. Dahil isang malaking kaabalahan diumano ang ginawa ng anak ng alkalde kay Aida, tinangka ng Alkalde na ayusin na lamang ito sa labas ng husgado ayon na rin sa rekomendasyon ng kompadre niyang si Judge Joaquin. Sinubok niyang ipang-areglo sa kaso ang sampung libong piso. Tinanggihan naman ito ni Regina at naging mainit ang pagtatalo ng magkabilang panig. Nanindigan pa rin si Regina na itutuloy niya ang kaso laban sa anak ng alkalde at ihahanap niya ng hustisya ang sinapit ng kaniyang dalaga. Hinamon naman siya ng alkalde at binantaan si Regina na mapupunta lamang sa wala ang kaniyang ipinaglalaban.

Pagtakatapos sumibad ng sasakyang kinalululanan ng dalawang bisita ay napaupo si Regina sa isang tabi. Tumayo sa harapan niya ang panganay na anak na si Tony. Nangusap ang anak sa kaniya at ipinakiusap na iurong na lamang ang demanda. Naniniwala siya na mapupunta lamang sa wala ang kasong iyon subalit nanindigang muli si Regina na lalaban siya kahit pa ipanlalaban niya ang sarili niyang kuko sa malalaking bato. Naputol lamang ang pagtatalo ng mag-ina nang mapansin nilang pababa ng hagdan si Aida. Doon lamang niya naalalang magpabili ng gamot sa botika para sa dalaga.

Si Tony ang lumabas ng bahay upang bumili ng gamot. Pagkaalis ng binata ay siya namang paglapit ni Ben na takot na takot. Ipinagtapat nito sa ina na bitbit ni Tony sa kaniyang paglabas ang isang baril. Labis pang nabahala si Regina nang ipagtatapat ng bunso na gabi-gabing lumalabas ng bahay si Tony para hanapin ang anak ng alkalde. At upang saglit na mapanatag ang kalooban ni Regina ay pinagpahinga muna siya ni Ana.

Naalimpungatan lamang siya nang marinig ang tunog mula sa nabasag na bote ng gamot na natabig ni Aida. Dali-dali namang lumapit si Regina sa kinaroroonan ng anak. Nilinis niya ang nagkalat na bubog sa sahig. Nangusap ang anak na dalaga sa ina at sinabi rito ang paghanga niya sa kaniyang kuya Tony. Katulad ni Regina nababahala rin siya sa kaniyang kuya.




Umaga na noon at naiwang mag-isa si Regina samangtalang namamalikmata siyang nakatingin sa pinto nang dumating ang isang taksi sa tapat ng kanilang bahay. Takot na takot na sumibad sa loob ng bahay si Tony. <u>Ipinaghiganti</u> niya ang sinapit ni Aida sa anak ng Alkalde. Pinatay niya ito. Hindi pa man napipigil ni Regina ang plano ng anak na tumakas ay dumating na ang pulis kasama ang Alkalde. Pinasusuko siya sa batas. Maluwat naman siyang isinuko ni Regina sa kanila subalit pinagtulungan nilang saktan ang walang kalaban-labang si Tony. Mabilis na inagaw ni Regina ang sandata ng isang pulis at <u>ipinambaril</u> niya ito sa kawawang anak. Makalawang makagpapaputok si Regina at bago pa man maagaw ng pulis ang baril ay bumagsak na si Tony. Pinatay niya ang sarili niyang anak at habang bitbit siyang inilalabas ng mga pulis ay makailang ulit niyang sinasabing “pinatay ko ang sarili kong anak!”

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang pangunahing suliranin sa akda?
2. Ano ang layunin ng Alkalde sa pakikipagkita kay Regina? Ano ang mahihinuha mong katangian niya batay sa kaniyang pananalita at paraan ng pagkilos?
3. Paano pinalitaw sa teksto na ang Pilipino ay labis na nagpapahalaga sa kanilang dangal?
4. Anong sakit ng lipunan ang nais nitong ilantad? Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Paano pinatunayan sa teksto ang katotohanan ng kasabihang “Higit na malapot ang dugo kaysa sa tubig.”
6. Anong uri ng teksto ang iyong binasa. Patunayan ang iyong sagot.

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

**Alam mo ba na...**
ang pahayag na nakasalungguhit ay nasa Pokus sa Kagamitan at Pokus sa Pinaglalaanan? Kadalasan nang ginagamit ang katangiang ito ng pandiwa sa paghahatid ng mabisang pagpapahayag. Mahalagang alam mo ang pokus na nabanggit dahil malaking tulong ito sa pagsasagawa mo ng inaasahang pagganap. Naririto ang paliwanag na dapat tandaan.

**Pokus sa Kagamitan** ang tawag sa instrumento o kasangkapan sa pagsasagawa ng kilos na isinasaad ng pandiwa na gumaganap bilang paksa o simuno ng pangungusap. Gumagamit ang pokus na ito ng mga panlaping ipang-, ma-+ipang-

Halimbawa:

1. I<u>panlalaban</u> niya ang sariling niyang mga kuko sa malalaking bato.
2. I<u>pinambaril</u> niya ito sa kawawang anak.
3. Sinubok niyang <u>ipang-areglo</u> sa kaso ang sampung libong piso.

Sa unang pahayag, ang simuno o paksang sarili niyang mga kuko ang nagsisilbing instrumento sa kilos ng pandiwang ipanlalaban. Samantala, ang panghalip na ito naman sa ikalawang pangungusap ang gumanap na simuno o paksa ng pangungusap at kasangkapan para sa pandiwang ipinambaril. Ang sampung libong piso na paksa sa ikatlong pangungusap ang pokus ng pandiwang ipang-areglo.

Tinatawag naman na **Pokus sa Pinaglalaanan/Kalaanan** ang pandiwa kapag ang pinaglalaanan ng kilos ay ang paksa o simuno ng pangungusap. Ginagamit sa pokus na ito ang mga panlaping makadiwang i-, ipag-, ma+ipag-, ipagpa-
Halimbawa:

1. Ihahanap niya ng hustisya ang sinapit ng kaniyang dalaga.
2. Upang ihingi ng tawad ang ginawa nito sa kaniyang anak.
3. Ipinaghiganti niya ang sinapit ni Aida sa anak ng Alkalde.

Sa unang pangungusap, ang pariralang sinapit ng kaniyang dalaga ang nagsisilbing kalaanan sa kilos ng pandiwang ihahanap. Samantala, ang pariralang ginawa nito sa kaniyang anak naman sa ikalawang pangungusap ang gumanap na simuno o paksa ng pangungusap at kalaanan para sa pandiwang ihingi. Gayundin, ang paksang ang sinapit ni Aida sa anak ng Alkalde sa ikatlong pangungusap ay pokus ng pandiwang ipinaghiganti.

Ngayong natutuhan mo na ang gamit at kahalagahan ng pokus sa kagamitan at pinaglalaanan sa iba't ibang pahayag, tatayahin ang lawak ng iyong natutuhan.

**Pagsasanay 1:** Basahin ang mga pangungusap at punan ang talahanayan.

1. Ang kapangyarihan niya ay ipinanakot sa mahihina.
2. Ipinangregalo ng pamilya Lopez ang mga natipong donasyon para sa nabiktama ng kalamidad.
3. Ang bitbit bi Tony ay hiningi ng kaniyang pagtatapat sa ina.
4. Ipinagkaloob ng tadhana ang naganap sa Leyte.
5. Ang inabot na salapi ay itinulong sa mga mag-aaral na mahihirap.

| Pangungusap | Paksa | Pandiwa | Pokus |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |

**Pagsasanay 2:** Bumuo ng mga pangungusap na ginagamit ang sumusunod na Gamit/Instrumento. Gumamit ng iba't ibang panlaping makadiwa sa pagbuo ng mga pagpapahayag.

1. Gamot
2. Tseke
3. Basag na bote
4. Kalat na bubog
5. Posas
6. Baril

**Pagsasanay 3:** Kumuha ng kapareha. Ipahayag ang inyong sariling damdamin o saloobin sa pamamagitan ng isang diyalogo o usapan batay sa kasunod na mga larawan. Gumamit ng pandiwang nasa Pokus na Kalaanan/Tagatanggap sa inyong pagpapahayag.

[redacted]



## Pagnilayin at Unawain

Magaling ang ipinakikita mong sipag upang matutuhan at maunawaan ang mga gawain sa modyul na ito. At upang subukin kung talagang naunawaan mo ang mahahalagang konsepto na dapat mong matamo, sagutin ang kasunod na mahahalagang tanong:

1. Paano nakatutulong ang dula sa paglalarawan ng tradisyon at kultura ng isang bansa?
2. Paano nakatutulong ang pokus sa pinaglalaanan at pokus sa kagamitan sa paglalahad ng sariling saloobin at damdamin?

Ngayong nauunawaan mo na ang mahahalagang kaalaman sa panitikan at sa wika at gramatika, ilipat mo naman sa isang kapaki-pakinabang na gawain ang iyong mga natutuhan. Paghusayin mo.



## Ilipat

Inanyayahan ang inyong Dulaan upang magtanghal ng isang dulang pantanghalan tungkol sa dalisay na pag-iibigan ng dalawang magsing-irog na taganayon. Bagaman, humantong sa masaklap na trahedya ang kanilang pagmamahalan nang tutulan ito ng kani-kanilang angkan dahil sa pagkakaiba nila ng antas sa buhay. Ang inyong palabas ay mapapanood sa unang gabi ng piyesta (Gabi ng mga Balikbayan) dahil layunin ng mga tagapamuno ng palatuntunan na itampok ang kultura ng Pilipinas lalo na sa mga balikbayan na matagal nang naninirahan sa ibang bansa. Gayundin, upang ipakilala sa ibang mga dayuhang panauhin at kabataan ang kultura ng mga Pilipino na unti-unti nang nawawala. Tiyakin na ang inyong itatanghal na palabas ay nakabatay sa sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| A. Kaangkupan sa tema/paksa | 20 puntos |
| B. Sining/Estilo ng Paglalarawan | 20 puntos |
| C. Paggamit ng musika/kasuotan/*props* | 20 puntos |
| D. Kawilihan | <u>40 puntos</u> |
| Kabuuan | 100 puntos |

Binabati kita at natapos mo na naman ang paglalakbay sa masalimuot ngunit makulay na hiwaga ng pag-ibig. Sana ay naging makabuluhan ang pag-alam mo sa mga konsepto ng aralin. Ngayon, handa ka nang gamitin ang kaalamang natutuhan mo sa pagtuklas sa susunod pang mga aralin sa modyul na ito.

## Aralin 2.7

| | |
|---|---|
| **A. Panitikan:** | Aginaldo ng mga Mago<br>Maikling Kuwento mula sa United States of America<br>Salin sa Filipino ni Rufino Alejandro ng<br>"Gift of the Magi" ni O. Henry (William Sydney Porter) |
| **B. Gramatika at Retorika:** | Pokus sa Ganapan at Pokus sa Sanhi<br>Gamit sa Pagsasalaysay ng mga Pangyayari |
| **C. Uri ng Teksto:** | Nagsasalaysay |

## Panimula

Maraming makata at pilosopo ang nagtangkang bigyan ng kahulugan ang salitang pag-ibig, ngunit hindi pa sila ganap na nagtatagumpay. Ang tanging nababatid natin ay ang katotohanan na kapag ang isang tao ay umiibig, nakararamdam siya ng isang kasiya-siya at panatag na damdamin, kabaitan, at pagpapakasakit. Napili kong ibahagi sa iyo ang kuwento ng Aginaldo ng mga Mago upang ipaunawa sa mga mambabasang tulad mo ang tunay na kahalagahan ng pagsasakripisyo at pagbibigayan lalo na tuwing sumasapit ang araw ng kapaskuhan.

Ang **Aralin 2.7** ay tatalakay sa isang maikling kuwentong **Aginaldo ng mga Mago** na orihinal na akda ni O. Henry na isinalin sa Filipino ni Rufino Alejandro. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa araling ito ang tungkol sa Pokus sa Ganapan at Pokus sa Sanhi na makatutulong sa pagsasalaysay ng mga pangyayari.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang naipamamalas mo ang pagpapahalaga sa maikling kuwento at nakapagtatanghal ka ng isang *tableau* na may kaugnayan sa mahalagang tema o mensahe ng akda. Mamarkahan ka ayon sa inaasahang pagganap batay sa sumusunod na pamantayan: a.) mensahe/ kaangkupan sa tema, b.) kahusayan sa pagtatanghal (pag-arte/ ekspresiyon ng mukha, c.) paglalarawan sa *set* (*production set/props*, kasuotan), at d.) kawilihan

Inaasahan din na masasagot mo ang mga pokus na tanong kung paano maisasabuhay ang mahahalagang tema o kaisipan na nakapaloob sa akda at ang sagot sa mga tanong na ito ay matutuklasan mo sa masusing pag-unawa sa aralin sa modyul na ito. Handa ka na ba sa gagawin mong paglalakbay? Kung handa ka na ay simulan mo na ang pag-aaral.


## Yugto ng Pagkatuto




### Tuklasin

Alamin muna natin ang lawak ng iyong kaalaman kaugnay ng paksang ating tatalakayin. Subukin mong sagutin ang kasunod na gawain upang sa gayo'y masagot mo ang pokus na tanong kung paano maisasabuhay ang mga mahalagang tema o kaisipang nakapaloob sa akda?

**GAWAIN 1:** Alamin Mo
Magsaliksik tungkol sa bansang Amerika. Maglahad ng mga umiiral na kultura tungkol sa pagbibigayan ng regalo. Ipakita kung may pagkakatulad ito sa kultura ng mga Pilipino. Ibahagi ito sa klase.




**GAWAIN 2:** Palawakin at Iugnay
Magbigay ng kaugnay na kaisipan sa pahayag na nasa kasunod na *strips*. Iugnay ito sa iyong sariling karanasan sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng sariling karanasang magpapatotoo rito.



**GAWAIN 3:** Ikuwento Mo
Magsalaysay ng isang pangyayari mula sa napanood na palabas o nabasang kuwento na may kinalaman sa kulturang umiiral sa pagbibigayan ng regalo .





**GAWAIN 4:** Baguhin Mo
Baguhin ang anyo ng pandiwa batay sa salitang-ugat na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng mga pahayag.

1. Ang tindahan ni Mme. Sofronie ay (bili) ni Della ng kadena ng relos na ipanreregalo sa asawang si Jim
2. (Sanla) naman ni Jim ng kaniyang gintong relos ang bahay-sanlaan sa bayan.
3. (Bahala) ni Della ang bagong ayos ng buhok na nilikha ng kagustuhang makabili ng regalo sa asawa.
4. Pihong (tuwa) ni Jim kapag nakita niya ang magandang aginaldong ibibigay sa kaniya ni Della.
5. (Lungkot) ng mag-asawa ang pangyayaring iyon nang malaman na hindi nila mapakikinabangan ang mga regalong kaloob para sa isa't isa.

Bago mo pag-aralan ang araling inihanda para sa iyo, basahin mo nang may pag-unawa ang mahalagang impormasyong maaaring makapagbigay ng dagdag na kaalaman sa iyo tungkol sa akdang iyong pag-aaralan.

**Alam mo ba na…**
ang *Aginaldo ng mga Mago* ay kaugnay ng salaysay sa Bibliya hinggil sa tatlong haring mago na matatagpuan sa Ebanghelyo ni Mateo? (Mateo 2: 1-12) Ang mga Mago ang nag-alay ng mga handog sa Batang Hesus noong natagpuan nila ito sa isang sabsaban sa Belen ng Judea sa Jerusalem. Sila ang sinasabing nagpasimula sa pagbibigayan ng mga regalo.



## Linangin

Ang tunay na pag-ibig ay pagpapakasakit. At ang sinumang nagmamahal nang tunay at tapat ay handang ialay ang pansariling kaligayahan alang-alang sa kasiyahan ng taong minamahal. Tuklasin natin sa kasunod na maikling kuwento kung paano pinatunayan nina Jim at Della ang wagas na pagpapakasakit para sa isa't isa. Basahin mo ito nang may pag-unawa upang sa gayo'y maunawaan mo kung paano maisasabuhay ang mga mahalagang tema o kaisipang nakapaloob sa akda?

**Aginaldo ng mga Mago**
**O. Henry**
Maikling Kuwento – United States of America
Salin sa Filipino ni Rufino Alejandro



Piso at walampu't pitong sentimos. Iyan lang. At ang animnapung sentimos nito ay barya. Makaitlong bilangin ni Della. Piso at walumpu't pitong sentimos. At kinabukasan noon ay Pasko.

Talagang wala nang dapat gawin kundi sumalagmak sa munting gusgusing sopa at magpalahaw. Kaya't iyon nga ang ginawa ni Della.

Tinapos ni Della ang kaniyang pag-iyak at hinarap ang kaniyang mga pisngi. Siya'y nagpulbos. Tumayo siya sa tabi ng bintana at matamlay na pinagmasdan ang isang abuhing pusang nanunulay sa isang abuhing bakod sa abuhing likod bahay. Kinabukasan noon ay araw ng Pasko at ang pera niya'y wala kundi piso at walumpu't pitong sentimos lamang para ipambili ng pang-aginaldo kay Jim. Kung ilang buwan siyang nagtabi ng pera-pera at ito ang kaniyang natipon. Gaano ba naman ang itatagal ng kitang dalawampung piso isang linggo! Naging malaki ang kaniyang mga gastos kaysa kaniyang inaasahan. Laging gayon ang nangyayari. Piso at walumpu't pitong sentimos lamang na pambili ng aginaldo para kay Jim. Sa kaniyang Jim. Maraming oras ang ginugol niya sa pag-iisip ng isang magandang pang-aginaldo kay Jim. Isang pang-aginaldong maganda, pambihira at yari sa pilak – yaong maaari nang sabihing karapat-dapat ariin ni Jim.

Kagyat siyang pumihit at nilisan ang bintana at humarap sa salamin. Nagniningning ang kaniyang mga mata, datapwa't dalawampung segundong nawalan ng kulay ang kaniyang pisngi. Maliksi niyang inilugay nang puspusan ang kaniyang buhok.

Ang mag-asawang James at Della Dillingham Young ay may dalawang ari-ariang ipinagmamalaki nila nang labis. Ang isa'y gintong relos ni Jim na minana niya sa kaniyang ama at sa ama ng kaniyang ama. Ang isa pa ay ang buhok ni Della.

At ngayo'y nakalugay ang magandang buhok ni Della, alon-alon at kumikislap na parang buhos ng kayumangging tubig sa isang talon. Abot hanggang sa ibaba ng kaniyang tuhod at mistulang pananamit na niya. At pagkatapos ay maliksing pinusod niyang muli na nangangatog pa ang kaniyang mga kamay. Minsan siyang natigilan samantalang dalawang patak na luha ang tumulo sa gasgas na pulang karpet sa sahig.

Isinuot ang kaniyang lumang dyaket na kulay kape: isinuot ang kaniyang lumang sombrerong kulay-kape rin. Umalembong ang kaniyang saya at nagkikinang ang kaniyang mga mata nang siya'y humagibis na papalabas sa pintuan, manaog at lumabas sa lansangan.

Sa tapat ng hinintuan niya ay may karatulang ganito ang mababasa: "Mme. Sofronie. Lahat ng Uri ng Kagamitang Yari sa Buhok." Patakbong pumanhik si Della sa unang hagdanan at saka naghinto upang bigyang-panahon ang kaniyang paghingal.

“Gusto ba ninyong bilhin ang aking buhok?” ang tanong ni Della.

“Bumibili ako ng buhok,” sabi ng Madame. “Alisin mo ‘yang sombrero mo’t nang makita ko ang hitsura niyan.”

ni Della ang alon-alon niyang buhok.

“Beinte pesos.” Ang wika ng Madame, habang iniaangat ng sanay na kamay ang makapal na buhok.

“Bayaran n’yo ako agad,” ang wika ni Della.

O, at ang sumunod na dalawang oras ay masayang nagdaan. Hindi pala. Sa loob ng dalawang oras na sumunod ay walang ginawa si Della kundi ang halughugin ang mga tindahan sa paghahanap ng maipang-aaginaldo kay Jim.

Sa wakas ay nakakita siya. Talagang bagay na bagay kay Jim. Parang ipinasadya. Walang ibang tindahang mayroon noon. Isang magandang kadenang platino, na ang disenyo ay simpleng-simple ngunit nakaaakit. Sa tingin lamang ay talagang makikilalang mamahalin. At sadyang karapat-dapat sa relos. Pagkakitang-pagkakita niya sa kadenang iyon ay sumaksak agad sa loob niya ang bagay na iyon kay Jim. Katulad na katulad nito – mahinhin at mahalaga. Dalawampu’t isang piso ang ipinabayad nila roon sa kaniya at nagmamadali siyang umuwi, dala ang dalawampu’t pitong sentimos na natitira. Kapag nakabit na ang kadenang iyon sa kaniyang relos ay pihong madalas na titingnan ni Jim ang oras sa harap ng kaniyang mga kaibigan. Bagaman sadyang maganda ang relos, palihim kung ito’y dukutin ni Jim upang tingnan ang oras dahil sa lumang katad na nakakabit.

Nang dumating ng bahay si Della, minabuti niya ang gumawa ng kaunting pag-iingat. Kinuha niya ang kaniyang pangulot at pinainit ang kalan at kinumpuni ang kasiraang nilikha ng pag-ibig na pinalubha pa ng kagandahang loob.

Nang alas-siyete na’y handa na ang kape at ang pagpriprituhan ng karne.
Si Jim ay hindi kailan ginagabi ng dating. Kinuyom ni Della ang kadena sa kaniyang palad at naupo sa sulok ng mesang malapit sa pintong laging dinaraanan ni Jim. Narinig niya ang mga yabag ni Jim sa unang hagdanan, at siya’y namutlang sandali. Ugali na niya ang magdasal nang kaunti patungkol sa mumunting bagay na nangyayari sa araw-araw at ngayo’y bumulong siya ng ganito, “O Poong Diyos, marapatin Mo pong sabihin niya na ako’y maganda pa rin.”

Bumukas ang pinto at pumasok si Jim at pagkatapos ay isinara uli iyon. Parang nangayayat siya at ang mukha niya’y walang bakas ng kagalakan. Kawawa naman! Dadalawampu’t dalawang taon lamang siya at nag-iintindi na dahil sa kaniyang pamilya! Kailangan niya ang isang bagong damit na pang-ibabaw at wala pa rin siyang guwantes.

Pumasok si Jim at walang katinag-tinag. Ang mga mata niya’y nakapako kay Della at ang tingin niya’y nakapagpangilabot sa babae. Hindi naman galit, ni pagtataka, ni pagpipintas, ni hilakbot, ni ang alin man sa mga simbuyong pinaghahandaan na ni Della. Basta’t nakatitig si Jim sa kaniya na ang mga mata’y nagpapahayag ng isang damdaming hindi mahulaan.

Maingat na bumaba si Della mula sa mesang kaniyang kinauupuan at lumapit kay Jim.

“Jim, mahal ko,” ang wika niya, “huwag mo sana akong masdan nang papaganyan. Ipinaputol ko ang aking buhok at ipinagbili sapagkat hindi na ako makatatagal pa hanggang sa isang Pasko kung hindi kita mabibigyan ng isang aginaldo. Ito nama’y hahaba uli – huwag ka sanang magagalit ha, ha? Talagang kinailangang gawin ko iyon. Malakas namang humaba ang aking buhok. Hala, sabihin mong Maligayang Pasko, Jim at tayo’y magsaya. Hindi mo nalalaman kung gaano kaganda ang aginaldong binili ko para sa iyo.”

“Pinutol mo ang iyong buhok?” ang tanong ni Jim na parang naghihirap ng pagsasalita.

“Ipinaputol ko at ipinagbili,” ang wika ni Della. “Hindi ba gusto mo rin ako kahit na putol ang aking buhok?”

Dinukot ni Jim ang isang balutan sa kaniyang bulsa at inihagis sa mesa.

“Huwag ka sanang magkakamali tungkol sa akin, Della,” ang wika. “Sa palagay ko’y walang makababawas sa aking pagkagusto sa aking giliw dahil sa buhok o sa pabango, o ano pa man. Datapwat kung bubuksan mo ang pakete ay mauunawaan mo kung bakit ako nagkagayon noong bagong dating ako.”

Ang balutan ay pinunit ng mapuputi at magagandang daliri. At isang malakas na tili ng galak, at pagkatapos ay – isang hagulgol na sinasabayan ng pagdaloy ng masaganang luha.

Pagkat ang dala ni Jim para sa kaniya ay mga suklay – isang huwego ng mga suklay na malaon nang inaasam-asam ni Della mula nang ang mga iyon ay makita niya sa isang bintana ng tindahan sa Broadway. Idinaiti niya ang mga yaon sa kaniyang dibdib, at sa wakas ay naitaas niya ang kaniyang paninging hilam sa luha ang winika, “Malakas humaba ang buhok ko, Jim.”

At si Della’y lumuksong animo’y isang pusang napaso, at ang sabi, “Oh! Oh!”

Hindi pa nakikita ni Jim ang magandang aginaldo sa kaniya. Iniabot iyon ni Della sabay pagbubukas ng kaniyang palad. Ang mahalagang metal ay kinang na gaya ng apoy ng kaniyang kaluluwa.

“Hindi ba maganda, Jim? Hinalughog ko ang buong bayan para lamang makita ko iyan. Pihong matitingnan mo na ngayon ang oras kahit makasandaang beses maghapon. Akina ang relos mo. Tingnan ko lamang kung gaano kaganda kung maikabit na ang kadena.”

Sa halip ng ibigay ang hinihingi, si Jim ay nagpatihiga sa sopa at iniunan ang kaniyang ulo sa kaniyang mga palad, at saka ngumiti.


Dell, itabi muna natin ang ating mga pang-aginaldo at itago natin ng ilang araw. Sayang na gamitin agad ngayon ang mga iyon. Ang relos ay ipinagbili ko para maibili ng mga suklay para sa iyo. Mabuti pa’y prituhin mo na ang karne.”

Gaya ng alam na ninyo, ang mga Mago ay mga taong marurunong – napakarurunong – at sila ay nagdala ng mga alay sa Sanggol sa sabsaban. Sila ang may imbento ng pagbibigay ng mga aginaldo kung Pasko. Palibhasa’y marurunong, pihong ang kanilang mga alay sa Sanggol ay may magagandang kahulugan, marahil

ay yaong maaaring ipakipagpalitan kung sakaling magkakapareho. At dito'y pinag-inutan kong isalaysay sa inyo ang simpleng kasaysayan ng dalawang hangal na bata na nakatira sa isang abang tahanan, na buong talinong nagsakripisyo para sa isa't isa kahit na mawala ang lalong mahalagang ari-ariang ipinagmamalaki ng kanilang tahanan.

Ngunit parang huling paalala sa marurunong ng ating kapanahunan, dapat sabihin dito na sa lahat ng nagbigay ng aginaldo, ang dalawang ito ay siyang pinakamarunong. Sa lahat ng nagbigay at tumanggap ng aginaldo, sila ang pinakamarunong. Sila ang pinakamarunong sa lahat ng dako. Sila ang mga Mago.


**GAWAIN 5:** Paglinang ng Talasalitaan
Itala sa loob ng kahon ang mga salitang magkakatulad o magkakaugnay ng kahulugan. Pagkatapos, gamitin sa pagbuo ng makabuluhang pangungusap. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.





| | | |
|---|---|---|
| sumalagmak | hagulgol | walang katinag-tinag |
| humagibis | hilam | silakbo |
| lumandi | simbuyo | tangis |
| umalembong | panlalabo | tumulin |
| kulabo | lagablab | halughugin |
| lumuklok | halukayin | malakas na iyak |
| halungkatin | humarurot | napaupo |

**GAWAIN 6:** Pag-unawa sa Akda
Sagutin ang sumusunod na mga tanong.


1. Ilarawan ang mga katangian ng dalawang tauhan sa kuwento. Paano nila ipinamalas ang masidhing pagmamahal sa isa't isa?



2. Dala ng kahirapan kaya naging suliranin nina Jim at Della ang paghahanda ng pamasko sa isat isa. Sa iyong palagay, makatuwiran ba ang ginawa nilang paraan upang malutas ang kanilang suliranin? Pangatuwiranan.
3. Naging mapanghamon ba sa iyong isipan ang wakas ng kuwento? Patunayan ang sagot.
4. Ano ang makabuluhang kahulugan ng pagbibigayan ng regalo sa Pasko ang ipinakita sa maikling kuwento? Patunayan.
5. Sa iyong palagay, maisasakripisyo mo ba ang mga bagay na mahalaga sa iyo mapaligaya mo lamang ang iyong mahal?
6. Bakit pinamagatang Aginaldo ng mga Mago ang akda?
7. Anong mahahalagang mensahe/kaisipan ang ibinibigay ng akda? Magbigay ng tiyak na mga halimbawa kung papaano mo ito isasabuhay. Gamitin ang dayagram sa pagsagot.





**GAWAIN 7:** Pag-isipan mo
Itinuring na marurunong ang tatlong haring mago na nag-alay sa sabsaban. Ihambing ang kaugnayan ng mga tauhang inilarawan sa maikling kuwento sa Tatlong Haring Mago na pinagbatayan ng akda. Ipakita ito sa pamamagitan ng *Comparison Organizer.* Gayahin ang pormat sa sagutang papel.



**GAWAIN 8:** Tara, Usap Tayo
Pag-usapan ito sa pamamagitan ng *Round Table Discussion*.

**Anong mahalagang ari-arian ang isasakripisyo mo alang-alang sa kaligayahan ng taong mahal mo?**

**GAWAIN 9:** Naaalala Mo?
Balikan ang mga pangyayaring isinalaysay sa akda. Gamit ang grapikong representasyon, tukuyin ang mga makatotohanan at di-makatotohanang pangyayaring binanggit at magbigay ng reaksiyon tungkol dito.



**GAWAIN 10:** Kasanayang Pampanitikan

1. Basahin ang ilang diyalogo sa akda na nagpapakita ng masining na pagpapahayag. Nakatulong ba ito sa pagiging masining ng akda? Patunayan ang sagot.
2. Anong panahon kaya nangyari ang kuwento? Bigyan ng patunay ang sagot sa pagtukoy ng mga diyalogo na katatagpuan nito.
3. Naging mapanghamon ba sa iyong isipan ang wakas ng kuwento? Patunayan ang sagot.
4. Anong uri ng tunggalian ang nilikha ng may-akda?
5. Kailan nagsimula ang suliranin ng kuwento? Basahin nang pabigkas ang bahaging nagsasaad nito.

Matapos mong mapag-aralan ang mga pangyayari sa maikling kuwentong Aginaldo ng mga Mago, hinihikayat kitang basahin ang kasunod na kuwento. Subukin mo namang alamin kung paano nakatulong ang Pokus sa Ganapan at Pokus sa Sanhi upang mapalutang ang mensahe sa akda.

Sa maiklling kuwentong “Aginaldo ng mga Mago,” nalaman mo ang wagas na pagmamahal na ipinakita ng mga tauhan alang-alang sa taong pinakamamahal nila. Ganito rin kaya ang uri ng pagmamahal na malalaman mo sa kasunod na teksto? Basahin mo ang kasunod na teksto upang mapaghambing mo ang paglalarawan tungkol sa kakaibang pag-ibig.

**Sa Loob ng *Love Class***
ni Eric O. Cariño

Lunes na naman. At tulad ng iba pang mga Lunes na nagdaan sa mga nakalipas na mga linggo, wala itong ipinagkaiba. Muli na naman akong maghahanda para sa isang buong linggong pakikipagsapalaran sa piling ng mahigit dalawandaang mag-aaral – ng iba't ibang mag-aaral na may iba't ibang kuwento rin ng buhay.

Pagkatapos ng maikling programa upang ianunsiyo ng iba't ibang departamento ang nakamit na parangal sa mga paligsahang dinaluhan at pinanalunan, sabay-sabay naming tutunguhin kasama ng aking *advisory class* ang aming silid-aralan sa unang palapag sa gusali ng JDV. Doon ang aming kaharian at lugar na tinatahanan.



Payak lamang ang maraming pangyayari sa aming klase sa araw-araw na nagdaraan. Kung hindi man aralin sa mga pahina ng aklat ang aming pinag-aaralan, sama-sama kaming nakikipagsapalaran upang tuklasin at pag-aralan ang tungkol sa buhay-buhay – ng kanilang mga problema sa buhay, sa pamilya, sa mga kaibigan, at maging sa mga napupusuan. At ang tanging pang-aliw na ginagawa ko sa kanila ay ang busugin sila ng maraming katatawanan, *punchline*, at mga *joke* upang kahit sa sansaglit makita nilang masaya ang buhay at may mga dahilan para tumawa at maging maligaya.

Halos lahat ng mga mag-aaral ko sa aking klase ay malapit sa akin at "*in love"* ako sa kanila – isang kakaibang uri ng pagmamahal na nasa hanggahan ng pagiging nakatatandang kapatid at tapat na kaibigan sa kanila.

Kinaibigan ko ang marami sa kanila at sinadya ko iyon sapagkat sa paraang iyon ko maaaring mapasok ang buhay at maintindihan ang pagkatao ng ilan sa kanila. Hindi ko lubos na maunawaan kung bakit madalas silang taguriang "pasaway" – mga hanay ng mag-aaral na madalas ay ituring ng iba pa nilang mga guro bilang "*problem students,*" mga tinaguriang *trouble makers* ng taon dahil sa maraming negatibong komento sa kanila. Ngunit hindi sa klase ko. Hindi ko kailanman tinitingnan ang kapintasang ipinupukol sa kanila bilang isang negatibong puwersa upang kamuhian ko rin sila. Marahil kung katulad din ako ng iba nilang mga guro, sino pa kaya ang magmumulat sa kanila na kailanman ay hindi sila pasanin sa loob ng eskuwelahan? Sino pa ang magpapaunawa sa kanila na sila ay mga espesyal na indibidwal at maaaring kapakinabangan ng lipunan sa paglipas ng mga taon? Sila ay mga bata at nangangailangan ng paglingap na hindi nila maramdaman o makita sa kanilang sariling mga tahanan.

Marami sa mga mag-aaral sa aking klase, kung hindi man produkto ng *broken family* ay walang mga magulang na kumakalinga sa kanila. Mga batang napapabayaan.

Alam ko iyan at nalaman ko iyan nang minsang dinalaw ko at nagsagawa ng *home visit* at *background check.* Doon, namulat ang aking isipan sa masaklap na karanasan ng kabataang ito – bagay na hindi alam ng iba pa nilang mga guro.

Ikinalungkot ko ang mga pangyayari sa buhay ng ilan sa aking mga mag-aaral. Si Aldrin, iniwan ng kaniyang ina, nangibang-bansa at iniwan sa pangangalaga ng isang malayong kamag-anak. Sinasaktan siya ng pinag-iwanan sa kaniya kaya't lumayas siya at nakikitira ngayon sa mga kaibigan. Napasok ko rin ang buhay ni Sarah na minsan o dalawang beses lamang nakapapasok sa eskuwela. Nalaman ko sa kaniyang ina na siya lamang ang nakatutulong niya sa pag-aalaga sa apat pang maliliit na kapatid habang sila ay nasa bukid. Si Miguel naman, bagsak sa mga *major subject* niya dahil sa gabi-gabing pagpupuyat sa pagtitinda ng lugaw at kape sa plasa. Ang plasa ay buhay at pinagkukunan niya ng pang-agdong buhay sa piling ng paralisadong ama. Lalo pang kinurot ng malungkot na kapalaran ni Jessa ang aking damdamin nang mabatid kong dalawang buwan siyang buntis sa kaniyang lasenggong tiyuhin. Ang masaklap pa nito, hindi alam ng kaniyang mga magulang ang pangmomolestiya nito sa kaniya. Pinagkunan na niyang minsan ng mga halamang-ugat si Aling Loring upang wakasan ang buhay ng nasa kaniyang sinapupunan subalit napigilan lamang siya ng kaniyang kasintahan. Lahat ng mga pangyayaring ito ay hindi lantad sa paningin ng marami sa aking mga kasamahang guro. Isang maling panghuhusga ang walang kabutihang maitutulong sa kanila upang kahit papaano'y malaman nila na kailanman ay hindi sila pasanin at may mabibigat na problemang dinadala.

Ang lahat ng katotohanang natuklasan ko ay ikinabahala ng aking mulat na pang-unawa. Simula noon, tinalikdan ko ang pagtuturo lamang ng mga aralin at sinimulan ko silang turuan ng mga aralin tungkol sa buhay, ng mga aralin sa labas ng paaralan, at ng mga karanasan na wala sa mga pahina ng mga aklat. Nagbago ang aking pananaw at doon ko sinimulang iparamdam ang higit na pagmamahal, pag-unawa at pagkalinga sa kanila. Ang tanging kailangan lamang nila ay isang pusong magpaparamdaman at magpapaunawa sa kanila na higit pa palang mas mahirap ang mga aralin sa buhay na kinakaharap nila kaysa mga leksiyon sa Agham, Ingles, o Matematika. Doon ko lubos na naunawaan ang kuwento ng kanilang buhay na salat sa pagmamahal. Dito man lamang sa loob ng pangalawa nilang tahanan maramdaman nilang ang mga "*problem maker*" ay maaari namang maging "*dream makers.*"

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Bakit itinuturing na pasanin sa eskuwelahan ang mga mag-aaral na binanggit sa teksto? Bigyang patunay.
2. Paano ipinakita sa salaysay ang naiibang pagmamahal ng guro sa kaniyang mga mag-aaral?

3. Sino ang maaaring makaimpluwensiya kung bakit maraming mag-aaral ang nagiging problema ng mga guro? Patunayan ang iyong sagot.
4. Anong damdamin ang nangingibabaw sa kabuuan ng teksto? Patunayan ay sagot.
5. Kung ikaw ang guro ng mga mag-aaral na binabanggit sa teksto, gagawin rin ba ang ginawa niya? Pangatuwiranan ang sagot.
6. Anong uri ng teksto ang iyong binasa? Paano ito naiiba sa iba pang uri ng teksto?

**Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

Napansin mo ba ang mga pahayag na may salungguhit sa tekstong iyong binasa? Ano-ano ito?

**Alam mo ba na...**
ang mga pahayag na nakasalungguhit ay mga pandiwang nasa Pokus sa Ganapan at Sanhi? Sa pagsasalaysay o pagpapahayag ng mga pangyayari, gumamit tayo ng mga pook na ginaganapan ng kilos at mga kadahilan ng isang kaganapan upang ipakita ang relasyong sanhi at bunga. Ang ganitong pahayag na kinapapalooban ng pook o lunan ay maipakikita sa Pokus sa Ganapan at ang Sanhi o dahilan naman ay maipakikita sa pamamagitan ng Pokus sa Sanhi.

**Pokus sa Ganapan** ang tawag sa pandiwa kung ang lunan, bagay o maging ng tao na ginaganapan ng pandiwa ang paksa o simuno ng pangungusap. Ginagamit sa pagpapahayag ng pokus sa ganapan ang mga panlaping makadiwang -an/-han, pag-an/-han, mapag-an/-han, paki-an/-han, at ma-an/han.

Halimbawa:
1. Ang plasa ay buhay at <u>pinagkukunan</u> niya ng pang-agdong buhay sa piling ng paralisadong ama.
2. <u>Pinagkunan</u> na niyang minsan ng mga halamang-ugat si Aling Loring.

Sa pangungusap na, "Ang plasa ay buhay at pinagkukunan niya ng pang-agdong buhay sa piling ng paralisadong ama at "Pinagkunan na niyang minsan ng mga halamang ugat si Aling Loring" ipinokus ng pandiwang pinagkukunan at pinagkunan ang paksa o simunong <u>plasa</u> at <u>Aling Loring</u> na parehong nasa pokus sa Ganapan.

**Pokus sa Sanhi** naman ang tawag sa pandiwa kapag ang paksa o simuno ay nagpapakilala ng sanhi o dahilan ng kilos. Ginagamit sa pokus na ito ang mga panlaping makadiwang i-, ika-, at ikapang-.
Halimbawa:

1. Ang lahat ng katotohanang natuklasan ko ay <u>ikinababahala</u> ng aking mulat na pang-unawa.
2. <u>Ikinalungkot</u> ko ang mga pangyayari sa buhay ng ilan sa aking mga mag-aaral

Sa pahayag na, "Ikinalungkot ko ang mga pangyayari sa buhay ng ilan sa aking mga mag-aaral," ang <u>pangyayari sa buhay</u>, ang ipinokus ng pandiwang <u>Ikinalungkot</u>. Sa ikalawang pahayag naman na "Ang lahat ng katotohanang natuklasan ko ay ikinababahala ng aking mulat na pang-unawa," ang paksa o simuno ng pangungusap na <u>lahat ng katotohanang natuklasan ko</u> ang itinuon ng pandiwang <u>natuklasan</u> upang tukuyin ang pokus sa sanhi.

Kung naunawaan mo ang paliwanag tungkol sa pokus sa Ganapan at Sanhi at ang gamit nito sa pagsasalaysay ng mga pangyayari, bibigyan kita ng gawaing susubok sa iyong natutuhan. Alam kong kayang-kaya mo ito.

**Pagsasanay 1**: Bumuo ng mga pangungusap na ginagamit ang sumusunod na lunan o ganapan sa pagsasalaysay ng isang pangyayari. Gumamit ng iba't ibang panlaping makadiwang Pokus sa Ganapan.

1. plasa
2. unang palapag ng gusali
3. lansangan
4. lungsod
5. eskuwelahan
6. bukid

**Pagsasanay 2:** Basahin ang sitwasyon. Kumuha ng kapareha. Pagkatapos, sumulat ng isang salaysay na ipinopokus ang lunang pinagganapan at ang sanhi o dahilan ng pagkakaganap ng pandiwa.

1. Iniwan si Aldrin ng ina at siya ay nagtrabaho sa ibang bansa.
2. Si Sarah ang nakatutulong ng inang nagtatrabaho sa bukid.
3. Paulit-ulit na pinagmamalupitan ng amain si Jessa sa sarili nilang tahanan.
4. Gabi-gabing nagpupuyat si Miguel sa pagtitinda sa plasa.
5. Pinagtanghalan nila ang bagong gawang entablado.

**Pagsasanay 3:** Sumulat ng isang talatang nagsasalaysay tungkol sa alinmang pangyayari sa inyong pook, tahanan, pamayanan, at paaralan. Gamiting simuno ang sanhi o dahilan ng pangyayari o gawain.


1. dahil sa pag-alis ng ina
2. dahil sa mga pagtatrabaho ng gabi
3. dahil sa kahirapan ng buhay
4. dahil sa madalas na pagliban sa klase
5. dahil sa maling impresiyon ng mga guro



**Pagnilayan at Unawain**

Mahusay ang ipinakikita mong sigasig upang matutuhan at maunawaan ang mga aralin sa modyul na ito. Upang subukin kung talagang naunawaan mo ang mahahalagang konsepto na dapat mong matamo, simple lamang, sagutin mo ang kasunod na mga tanong.

1. Paano maisasabuhay ang mga mahalagang tema o kaisipang nakapaloob sa akda.
2. Bakit mahalaga ang paggamit ng Pokus na Ganapan at Pokus sa Sanhi sa pagsasalaysay ng mga pangyayari?



**Ilipat**

Maganda ang ipinakikita mong kahusayan. Ngayon ay tatayahin natin ang iyong natutuhan sa araling ito. Kayang-kaya mong isagawa ang gawaing ito.


Isa ka sa mga Artists Guild at ikaw ay inatasang magpakita ng isang *tableau* tungkol sa temang, “Ang Pasko sa mata ng isang Bata” na ipalalabas sa bisperas ng Pasko bilang bahagi ng *Christmas Eve Mass* sa inyong parokya. Ang *tableau* ay isang masining pagkakahanay ng mga tauhan sa na parang isang larawan. Wala itong kilos at salitaan. Mamarkahan ka ayon sa sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Mensahe/Kaangkupan sa Tema ………………………… | 40 puntos |
| Kahusayan sa Pagtatanghal | |
| (Pag-arte/Ekspresiyon ng mukha)……………………… | 25 puntos |
| Paglalarawan sa Set (Production set/Props) ………… | 15 puntos |
| Kasuotan ………………………………………………… | 10 puntos |
| Kawilihan ……………………………………………….. | 10 puntos |
| **Kabuuan** ……………………………………………... | 100 puntos |

Magaling! Mahusay mong naisagawa ang Inaasahang Pagganap. Patunay ito na naunawaan mo ang kabuuan ng ating aralin. Iminumungkahi ko na muli mong balikan ang mga pokus na tanong upang matiyak na tama ang kakailanganing pag-unawa na nais kong matamo mo sa katapusan ng aralin.

Magiging mapanghamon ang susunod na gawaing inihanda para sa iyo. Kayang-kaya mong isagawa ito sapagkat natutuhan mo na ngayon ang mga kasanayang dapat na malinang sa iyo.

Susubukin kung papaano mo gagamitin ang mga natutuhan mo sa paggawa ng pangwakas na gawaing ihahanda mo. Paghusayan mong lalo ang pagganap sa gagawin mong proyekto.



## PAGNILAYAN AT UNAWAIN (PARA SA MODYUL 2)


Kung halos araw-araw kang gumagamit ng internet, malamang na gumagamit ka ng *social media* tulad ng ***blog*** o pinaikling salita para sa *weblog* na naglalaman ng mga komentaryo o balita ukol sa ilang mga paksa. Para sa ilan ito ay ginagamit para gawing *online diary* (talaarawang nasa internet). Nasubukan mo na rin marahil ang microblogs gaya ng ***twitter***. Ito naman ay *microblogging* na serbisyo na nagbibigay kakayahan sa gumagamit nito na magpadala at basahin ang mga mensahe na kilala bilang tweets. Naaliw ka rin ng mga napapanood mong video sa ***youtube***. Sa pamamagitan ng multimedia sharing site na ito ay maaari mong ibahagi ang mga video at nagbibigay-daan para sa mga gagamit (user) nito na mag-upload, makita, at ibahagi ang mga video clips. Ang mga videong ito ay maaaring husgahan ayon sa dami ng "*likes*" at ang dami ng mga nakanood ay parehong nakalathala.
Gayundin, nasubukan mo na ring makipag-ugnayan sa ***friendster***. Nakatuon ang *friendster* sa pagtulong sa mga tao na makakilala ng mga bagong kaibigan, makibalita sa mga lumang kaibigan at magbahagi ng mga nilalamang midya sa web. Ginagamit din ang websayt sa pagtatala at pagtutuklas ng mga bagong pangyayari, mga banda, kinagigiliwang libangan, at marami pang iba. At siyempre, makalilimutan ba naman ang ***facebook.*** Maaaring magdagdag rin ng mga kaibigan at magpadala ng mensahe sa kanila, at baguhin ang kanilang sariling sanaysay upang ipagbigay-alam sa kanilang mga kaibigan ang tungkol sa kanilang sarili.

Bago mo isagawa ang pagsulat ng sariling akda, sagutin mo muna ang gawaing inihanda ko upang masukat ang antas ng iyong pagkatuto sa mga araling natalakay sa Modyul 2.

**GAWAIN 1:** Magbalik-tanaw
Gumawa ng paglalagom sa kabuuan ng Modyul sa tulong ng grapikong representasyon. Ituon ang sagot sa umiiral na kulturang natutuhan at natuklasan mo sa mga aralin.

| **MODYUL 2 – MGA PANITIKAN NG MGA BANSA SA KANLURAN** | | |
|---|---|---|
| Natutuhan ko sa modyul na… | Natuklasan ko na… | Masasabi ko na… |

**GAWAIN 2.** Naaalala Mo ba?
Sa pamamagitan ng C*ircle Organizer*, punan ng mga natutuhan mo sa mga aralin tungkol sa panitikan/gramatika. Gayahin ang kasunod na pormat sa sagutang papel.




**GAWAIN 3** Subukin natin.
Sagutin ang sumusunod na mga tanong:


1. Bakit kailangang pag-aralan ang mga akda sa Kanluran?
2. Naimpluwensiyahan ba ang iyong pananaw pagkatapos mong pag-aralan ang kultura ng mga bansang kanluranin? Paano?
3. Ihambing ang kultura ng Pilipinas sa mga bansang pinagmulan ng mga saling akdang pampanitikang pinag-aralan. Ano ang mga pagkakahalintulad? Ano ang pagkakaiba?
4. Paano naiiba ang mga akdang pampanitikan ng Kanluraning bansa sa iba pang mga bansa?
5. Paano nakatutulong ang mga kaalaman sa gramatika at retorika para higit mong maunawaan at mapahalagahan ang mga akdang pampanitikan ng mga bansang Kanluranin?

Marahil handa ka na para sa pagsasagawa ng Pamantayan sa Pagganap sa Ikalawang Markahan. Sa mga nalinang sa iyong kasanayan, natitiyak kong kayang-kaya mong sumulat ng iyong sariling akda na ilalathala mo sa isa sa mga hatirang pangmadla.

Naririto ang ilang gabay na dapat isaalang-alang sa paggawa nito.

**Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagsulat ng Sariling Akda**

1. Ang akdang ilalathala sa hatirang pangmadla ay dapat na orihinal.
2. Ang paksa ng akda ay dapat na tumatalakay sa umiiral na kultura ng alinman sa mga bansa sa kanluran.
3. Ang kabuuan ng akda ay hindi lalagpas sa 300 na salita na nakalimbag sa *arial (font style)* at 12 (*font size*)
4. Lagyan ng pamagat ang akda.
5. Maglaan ng talaan, sanggunian, at glosaryo.



## ILIPAT (PARA SA MODYUL 2)

Isa ka sa mga manunulat/mamamahayag sa isang panlingguhang magasin na Gazette sa inyong lalawigan. Upang maipakilala ang inyong *publication* sa mas nakararami, nais ninyong subukin ang *electronic copy* sa pamamagitan ng paglalathala ng inyong sariling akda sa *social media*. Kaya naman naisipan mong ipakilala ang inyong magasin sa pamamagitan ng paglikha ng f*acebook page* kung saan ilalathala ninyo ang inyong mga akda.

Para sa mga baguhan sa paggamit ng *facebook*, kailangan mo munang bumuo ng *email account* sa yahoo.com o gmail.com. Kapag matagumpay ka nang nakabuo ng *email account*, buksan mo ang *facebook.com* at i-click ang button na *sign-up*. Gagabayan ka ng iba pang panuto. Kailangan mo lamang punan ang lahat ng mga tanong ng mahahalang impormasyon tungkol sa sarili.

At upang matiyak naman na maayos ang kalalabasan ng iyong gagawing akda, naririto ang pamamaraan sa pagmamarka na dapat isaalang-alang:

| | |
|---|---|
| Orihinalidad/Sining/Estilo ng Pagkakasulat | 30 puntos |
| Makatotohanan at Napapanahong Paksa | 20 puntos |
| Kakintalan/Mensahe/Tema | 20 puntos |
| Wasto at Angkop na Gamit ng Gramatika at Retorika | 15 puntos |
| Hikayat at Kawilihan sa Mambabasa | 15 puntos |
| **Kabuuan** | 100 puntos |

Binabati kita at matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa Modyul na ito. Sa pamamagitan ng mga gawain na iyong naisakatuparan, nagkaroon ka na ng mas malalim na pag-unawa sa ilang saling akdang pampanitikan ng mga bansa sa Kanluran. Tunay na marami ka nang kaalamang naipon at higit na ang kahandaan mo sa susunod pang mga aralin.

## GLOSARYO

**abstraktong damdamin** – hindi tiyak na pakiramdam

**adobe** – tisang yari sa putik na pinatuyo sa araw; bahay

***Aesir*** – ang tawag sa mga diyos ng Norse

**alindog** – personal na halina, pang-akit; karilagan; kariktan; kagandahan

**an gnewa** – sulong; lusob

**angkan** – pamilya; lipi, lahi; henerasyon, salin-lahi; hinlog, kamag-anak.

**antelope** – isang hayop sa Africa at Asia na kawangis ng usa, may sungay at matuling tumakbo

**argumento** – paliwanag o pagmamatuwid

***Asgard*** – ang kaharian ng mga *Aesir*

**Bagong - Kaharian sa Egypt (*New Kingdom*)** – sinaunang panahon 1570-1085 B.C. (New Kingdom)

**balaraw** – punyal, sundang

**balintataw** – gunita, alaala

**baobab** – tropikal na puno na ang dahon ay ginagamit na panahog sa pagluluto

**bathin** – pagdaanan

**bikig** – tinik sa lalamunan; nakaharang

**binalaan** – binigyan ng babala o paalaala

**Bu-ad** – ritwal na isinasagawa ng mga taga-Ifugao upang magkaroon ng anak at masaganang buhay

**buhalhal** – walang kaayusan sa gawi at pag-iisip, hibang, bulagsak

**buhay** – pananatili sa daigdig ng isang tao o hayop na kumikilos o lumalaki.

**buhong** – buktot, kuhila, imbi, mapaglinlang, manggagantso, mandaraya, salbahe

**buktot** – malupit, buhong, mabagsik, imbi

**calabash** – lalagyan na ginagamit na mangkok

**cowrie** – yari sa shell na ginagamit bilang palamuting mga Afrikano. Ginagamit din sa ritwal at paniniwalang panrelihiyon.

**dagli** – mga sitwasyong may nasasangkot na mga tauhan ngunit walang aksyong umuunlad, gahol sa banghay, at mga paglalarawan lamang.

**dampa** – kubo, barong-barong, munting bahay

**daratal** – darating, sasapit

**demolisyon** – sapilitang pagpapaalis sa istruktura

**diktaturyal** – pamamahala ng isang tao na walang limitasyon ang kapangyarihan

**diskriminasyon** – hindi pagkakapantay-pantay na maaaring sa lahi o katayuan

**dumadantay** – humahaplos; pagpatong ng kamay o paa sa anumang bagay

**dumaplis** – pasapwa na tama; sumagi, hindi nasapol

**dupok** – madaling masira

**editoryal** – mapanuring pagpapakahulugan ng kahalagahan ng isang napapanahong pangyayari upang magbigay ng kaalaman, makapagpaniwala o makalibang sa mambabasa

**egwugwu** – espiritu ng mga ninuno. Gumagamit ng mascara ang tribu at sumasanib sila kung may nais lutasin na isang krimen. Pinaniniwalaang mga Egwugwu ang pinakamataas na hukom sa lupaing Nigeria.

**Egypt** – bansang nasa hilagang-silangan ng Africa na nasa hangganan ng Mediterranean Sea at Red Sea.

**Ekwe** – isang tradisyunal na kagamitang pangmusika na yari sa sangang kahoy. Isang uring drum na may iba't ibang uri at disenyo.

**Emperador** – pinuno, lider

**espiritu** – kaluluwa, tapang, katapangan, lakas, sigla, damdamin, loob, kalooban, diwa, layon, alak

**extemporaneous** – maingat na inihandang pananalita ngunit binigkas ng walang hawak na kopya

***food threshold*** – itinakdang panukat sa komposisyon ng pagkain na basehan ng kahirapan

**galanos** – isang uri ng isda katulad ng marlin

**ganid** – sakim, mapangamkam, gahaman

**garapa** – garapon, bote, botelya

**genre** – isang tiyak na uring akdang pampanitikan

**gerero** – mandirigma

**gnougous** – halamang-ugat

**Greece** – bansa mula sa timog-silangan ng Europe

**Greek** – tao mula sa Greece, wika sa Greece

**griot** – mananalaysay

**Guidance Counselor** – propesyunal na tagapayo at tagagabay ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang pampersonal, pang-akademiko at pampropesyunal na mga alalahanin.

**gumimbal** – gumulat, yumanig

**hayna** – isang uri ng ibon

**hibang** – luko-luko, haling, wala sa hustong pag-iisip

**hilakbot** – gulat, takot, kilabot, nakahihindik na damdamin

**hilam** – mahapding sakit sa mata dahil sa sabon, usok, atbp., peklat sa balat lalo na sa mukha

**himutok** – hinaing, daing, tampo, hinagpis, pagdaramdam, taghoy

**hinagupit** – hinampas, pinalo; sinalanta

**hinutok** – binaluktot, binali; hinubog; sinupil, dinisiplina

**humagibis** – humarurot, tumakbo nang mabilis, tumulin

**humangos** – suminghap, hiningal, hinabol ang hininga

**humayo** – sumulong, lumakad

**humuhulma** – nagbibigay hugis o anyo sa isang bagay

**huwego** – set, terno

**Ifugao** – isang lalawigan sa Rehiyong Administratibo ng Cordillera, tawag sa pangkat ng mga taong nakatira sa Ifugao, mula sa salitang *Ipugo* na nangangahulugang mortal

**Igbo** – katutubong tao mula sa Timog-Silangang Nigeria. Karamihan sa kanila ay magsasaka at mangangalakal.

**Imperyo** – kaharian

**inabandona** – iniwan

**inagurasyon** – isang seremonya ng pagtatalaga sa katungkulan

**inakay** – sisiw o kiti ng ibon o manok; anak

***inflation*** – pagpapalabas ng maraming salapi

**ipinanlunas-** ipinanggamot

**itakwil** – iwaksi, itanggi, di-pagkilala

**itimo** – ibinaon; itinusok, itinagos

**kabantugan** – kasikatan; pagiging pamoso, tanyag, kilala

**kabisera** – sentro, gitna

**kahabag-habag** – kaawa-awa, kalunos-lunos

**kakintalan** – iniiwang impresyon sa mambabasa

**kalasag** – panangga, pananggalang

**kalawakan** – kaluwagan, kalaparan; papawirin, atmospera, alangaang

**kanlong** – nasisilungan, nalililiman, kubli, nakatakip, nakatago

**Kanluran** – gawing lubugan ng araw, oste, kabila ng silangan

**kanugnog** – karatig, tabing-lungsod, katabi

**kapangyarihan** – lakas, impluwensya, puwersa, poder; kapasidad, autoridad, pakultad

**kapita-pitagan** – kagalang-galang

**kariktan** – kagandahan

**karsel** – piitan, bilangguan, kulungan

**katad** – balat, kuwero

**katatawanan** – umor, balantong; biro, siste; komikada.

**kati** – pagbaba o pag-urong ng tubig; sumpong, sigla; kalansing o lagitik

**kawan** – langkay, isang grupo o pangkat; kulumpol, pulutong

**kinapos** – kinulang, hindi sapat; hikahos, salat, dahop

**klasikal na mitolohiya** – mitolohiyang mula sa Rome at Greece, mitolohiyang *Geco-Roman*

**kompidensiyal** – lihim

**komplikasyon** – hindi simple, magulo, mahirap

**konklusyon** – katapusan, hinuha o pasya

**kultura** – ang kalinangan ng isang lipunan. Sinasalamin nito ang mga ideya, pananaw, kaugalian, kakayahan at tradisyong umunlad ng isang lipunan. Bahagi rin nito ang institusyong tagapaghubog ng kamalayan ng mamamayan tulad ng paaralan (edukasyon), pahayagan, midya, relihiyon, at mga establisimentong pansining. Kung minsan ay isang tiyak na pangkat na magpatuloy o gumawa ng ilang bagong kilos.

**kutob** – sapantaha, kaba, hinala; pangamba, takot

**lagom** – paglalahat o pagbubuod

**lanseta** – kortapluma, laseta

**lapastangan** – walang-galang, walang pakundangan, mapang-alipusta

**lathalain** – isang sanaysay batay sa tunay na pangyayari na nagtataglay ng pagpapaliwanag, sanligan at impresyon ng sumulat

**latigo** – kumpas, pamalo, pang hagupit sa kabayo

**Latin** – sinaunang wika ng mga Roman

**libakin** – tuyain, libakin, aglahi, kutyain

l**iberalisasyon** – kaluwagan o di-mahigpit

**ligaw** – *wild* sa Ingles

**liriko** – isang uri ng tula na may kaayusan at katangian ng isang awit na nagpapahayag ng matinding damdamin ng makata

**lumbay** – lungkot, hapis; dalamhati; pighati; tamlay

**lumusong** – pumanaog, bumaba

***mafia*** – sikretong organisasyon ng mga taong gumagawa ng masasamang elemento

**magapi** – matalo, masupil, malupig, madaig, mabihag

**maibsan** – mabawasan

**malilirip** – makukuro, mapag-iisip-isip, mapagmumuni-muni, mapagninilay-nilay

**manghuhuthot** – taong umuubos ng salapi ng iba, maninipsip

**maninimdim** – magseselos

**masidhi** – maalab, matinding pagnanais

**materyalistiko** – taong higit na pinahahalagahan ang materyal na bagay

**mautas** – matapos, mamatay, mayari

**mito** – *myth* sa Ingles,matatandang kuwentong bayan tungkol sa mga bathala, diyos at diyosa at kakaibang mga nilalang, tungkol sa pagkakalikha ng daigdig, at iba pang kalikasan, tungkol sa pinagmulan o pagkakalikha ng mga unang tao, tungkol sa iba pang may kinalaman sa pagsamba ng tao sa kanilang anito

**mitolohiya** – kalipunan ng mga mito mula sa isang pangkat ng tao o kultura na nagsasalaysay tungkol sa kanilang mga ninuo, bayani,diyos at diyosa, mga supernatural na mga nilalang at naglalahad ng kasaysayan, agham o pag-aaral ng mga mito

**Mitolohiyang Norse o Mitolohiyang Eskadinaba** – ang mitolohiyang mula sa hilagang Europa kung saan ang mga tao ay nagsasalita ng Germanic *languages*

***Momma*** – halamang nginunguya ng mga taga Cordillera na panlaban sa lamig at gutom. Sa mga taga-Ifugao ang pagnguya nito ay ginagawa bilang pakikipag-ugnayan sa kapwa.

**monghe** – pari

**munsik** – bulilit; karampot, katiting; maliit

**nagbabantulot** – nag-aatubili, nag-uurong-sulong, nag-aalanganin, natitigilan

**nagpabuyo** – nahimok, nahikayat, nakumbinse, naganyak, nakayag, nayaya

**nagsipat-sipat** – tumingin-tingin

**nagtatampisaw** – naglalaro sa tubig

**nalipo**l – napuksa; napatay, naubos, nasaid

**name** – isang damong makamandag

**nanagano** – nagsakripisyo; dedikasiyon; pagtatalaga sa Diyos sa anumang mangyayari o kapalaran

**nananaghoy** – nananangis, malakas na pag-iyak na may kasamang daing

**nananariwa** – nagunita, naalala, nagbalik sa isip

**naninibugho** – nagseselos, naiinggit, nangingimbulo

**napahikbi** – napaiyak, napanguyngoy

**naparam** – nawala, napawi, nagmaliw, nabura, naglaro

**nasimot** – nasaid, naubos, walang tira

**nasulo** – natanglawan

**natigagal** – nabagabag, natigatig, naligalig

**naumid** – hindi nakapagsalita, di-nnakaimik; natahimik

**negatibo** – masama, hindi maganda o mabuti

**nyumba** – bahay

**obra-Maestra** – isang uri ng likhang-sining na napagkalooban ng mataas na uri ng parangal; kinilala; naging tanyag at kakaiba sa uri nito; may taglay na kariktan.

**ogene** – malaking metal bell na ginawang mga igbo sa Nigeria.

**paghimlay** – paghiga, pag-idlip pagtulog, pamamahinga, paghilata

**pagpapatiwakal** – pagpapakamatay, pagkitilngsarilingbuhay

**pagsasalat** – pagdarahop, paghihikahos; laging kulang

**pagsibol** – pagtubo, pag-usbong, paglitaw

**pag-utas** – pagtapos, pagyari; pagpatay

**painod-inod** – dahan-dahan; paunti-unti

**paksang-diwa o tema (theme)** – itoy pangunahing kaisipan ng tula, katha, dula, nobela, sanaysay, kuwento ng isang pangkalahatang pagmamasid sa buhay ng may-akda na nais niyang ipahatid sa mambabasa. Hindi ito dapat ipagkamali sa sermon o aral. Hindi sapat na sabihing tungkol sa pagiging ina ang tema. Paksa lamang itong maituturing. Ilahad ito ng ganito; kung minsa'y puno ng pagkasiphayo kaysa kaligayahan ang pagiging ina.

**palamara** – sukab, lilo, taksil, traydor

**palasak** – karaniwan, ordinary; laganap, uso

**palayan** – bukid na taniman ng palay.

**palunpong** – halamang tumutubo mula sa bumagsak na buto, kumpol, langkay, buwing, pumpon

**panagimpan** – pangarap, ilusiyon; hangarin, layunin, pita

**panambitan** – daing, tanguyngoy, panawagan, hinaing, luhog, dalangin

**panangis** – pag-iyak, pagluha

**pandudusta** – panlalait, panghahamak

**pang-aalimura** – pang-iinsulto, pangungutya, panlalait, panlilibak

**pangdudusta** – panghahamak, pang-aalipusta

**pangimbulo** – pagkainggit

**pang-uusig** – pagtugis, pagsisiyasat; pagsasakdal

**paniniwala** – pananalig, akala; sariling palagay

**panlilibak** – panunuya, pangungutya, pang-uuyam, pang-iinsulto

**panunuring pampanitikan** – tumutukoy sa matalino at maingat na paghusga sa mga bagay na pinupuna o sa anumang akdang pampanitikan

**panunuring pampelikula** – pagrerebyu o pagsusuri ng pelikula kung saan ang manunuri ay maingat na nagtitimbang at nagpapasya sa katangian nito. Tinutukoy nito ang pagsusuri hindi lamang sa kahinaan at kakulangan nito kundi gayundin sa mabubuting bagay na dapat isaalang-alang sa pagpapaganda ng pelikula para sa pagmemerkado o pagmamarket (*marketing*) at ginagamit upang mahikayat o mahimok ang mga madla (mga manonood, mga mambabasa, o mga tagapakinig

**pasulyap-sulyap** – pagtingin nang hindi matagal; panakaw na tingin

**patalastas** – isang uri o anyo ng komunikasyon o pakikipagtalastasan

**payak** – simple, katutubo

**pensiyon** – natatanggap na pera trabaho o naglingkod sa gobyerno ang nakatatanggap nito

**persona** – nagsasalita sa isang akda

**piging** – bangkete, salu-salo, handaan, anyaya

**pilapil** – dikeng mababa na nakapaligid sa taniman ng palay, sa palaisdaan atbp; palimping, pimpin, tarundong, latawan

**pinanday** – hinubod, hinulma

**pinangilagan** – iniwasan

**polisiya** – mga patakarang ipinatutupad

**positibo** – mabuti, pasulong

**prinsipyo** – simulain; paniniwala, paninindigan

**pumapawi** – bumubura, inaalis, pinaglalaho, tinatanggal

**putik** – lupang basa o luad na malagkit; lusak, burak; pusali, lablab, lunaw

**realismo** – ipinapakita ng isang akdang pampanitikan na may realismong pananaw ang katotohanan. Ipinalalasap nito ang buhay maging ito man ay hindi maganda. Layunin nitong ilahad ang tunay na buhay.

**rima** – pagkakaroon ng pare-parehong tunog sa huling pantig sa huling salita ng bawat taludtod

**Roman** – tumutukoy sa sinaunang lungsod ng Rome at mga teritoryo at mga taong naninirahan dito

**Rome** – kabisera ng Italy na matatagpuan sa sentro ng bansa, sa lipunan, o posisyon sa buhay

**sabsaban** – kainan ng mga hayop, labangan

**sakbib**i – sakmal, puno

**salamangkero** – taong bihasa sa panlilinlang sa pamamagitan ng bilis ng kamay

**sapulin** – tamang-tama sa gitna; tamaan

**sapupo** – sapo, salo

**silangan** – dakong sikatan ng araw.

**simbolo** – ito ang mga salita na kapag binanggit sa isang akdang pampanitikan ay nag-iiwan ng iba't ibang pagpapakahulugan sa mambabasa, isang bagay o kaisipan na kumakatawan sa iba pang konsepto at maaaring bigyan ng maraming antas ng kahulugan

**sinauna** – sa unang panahon, mula sa kabihasnan noong unang panahon

**sofas** – mandirigma

**soneto** – isang uri ng tula na nagmula sa Italya na may labing apat na taludtod at sampung pantig sa bawat taludtod

**sugpuin** – huwag palalain

**Sultan** – pinakamataas na puno ng mga Muslim

**suwi** – anak, supling; sibol

**talukbong** – belo, pandong, saklob

**talumpati** – deklarasyon;diskurso;bigkas,resitasyon;pananalita sa harapan ng maraming tao nang tuluyan.

**tambuli** – sungay na kung hipan ay tumutunog nang malakas; kurneta, tambuyok

**tamtam** – maliit na tambol

**tana** – agimat na tari ng tandang

**tanikala** – kadena, kadenita, kadenilya; kawing-kawing na singsing na bakal

**tari** – matulis na patalim na ikinakabit sa paa ng manok

**tauhang lapad** – ang uri ng tauhan na hindi nagbabago ang katangiang taglay mula simula hangang sa wakas ng kuwento

**tayutay** – ito'y isang anyo ng paglalarawang-diwa na kakaiba at malayo sa karaniwang paraan ng pananalita at naglalayong magawang marikit upang maging mabisa at kawili-wili ang pag-unawa at pagdama ng sinuman sa damdaming ipinahihiwatig

**terorismo** – sistematikong paggamit ng karahasan

**tikis** – pangyayamot, pang-iinis, pananadya

**tumalilis** – tumakas, umilag, palihim na umiwas

**winasak** – sinira

**yapak** – apak, tapak, tuntong; yurak; walang sapin sa paa; bakas

**yumuyungyong** – tumatangkilik; nalililiman, yumuyupyop

## BIBLIOGRAPI

### Mga Aklat


Aganan, Fernanda P. 1999. *Sangguniang Gramatika ng Wikang Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, UP.

Alejandro, Rufino. 2001. *Wika at Panitikan IV*. Manila: Vibal Publishing House.

Anderson, Robert et. al. 1993. *Element of Literature First Course*. USA: Harcourt Brace Jovanovich, Inc..

Arrogante, Jose A. et al. 2004. *Panitikang Filipino- Antolohiya*. Mandaluyong City: National Bookstore.

Arrogante, Jose et al. 1991. *Panitikang Filipino-_Pampanahong Elektroniko*. Mandaluyong: National Bookstrore.

Arsenio L. Sumeg-ang. 2005. *Ethnography of the Major Ethnolinguistic groups in the Cordillera*, Quezon City: Cordillera Schools Group, Inc. and New Day Publishers.

Atalia, Eros. 2011. *Wag Lang Di Makaraos*. Pasay City: Visual Print Enterprises.

Baisa-Julian, Aileen G. at Dayag, Alma M., 2012. *Pluma III Wika at Panitikan para sa Mataas na Paaralan*. Quezon City: Philippines, Phoenix Publishing House, Inc.

Cariño,Maria Luisa A.,1990. *Cordillera Tales*. Quezon City: New Day Publishers.

Ceciliano, Jose C. 1991. *Pamahayagang Pangkampus*. Quezon City: Rex Bookstore.

Dillague, Nora M. 1990. *Sandigan -Sining ng Komunikasyon para sa Mataas na Paaralan*. Manila: Phoenix Pub. House Inc.

English, Leo James. 1977. *English-Tagalog Dictionary*. Quezon City: Kalayaan Press Mktg. Ent. Inc.

Ferrara, Cosmo F. et.al. 1991. *Enjoying Literature*. California: Glencoe/McGraw-Hill.

Gonzales, Lydia Fer. et.al. 1982. *Panitikan sa Pilipino*. Manila: Rex Book Store.

Hamilton, Edith. 1969. *Mythology*. New York: Warner Books Inc.

________________. 1999. *Mythology: Timeless Tales of Gods and heroes*. Little Brown and Company.

Jocson, Magdalene O. et. al. 2005. *Filipino 2- Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Quezon City: Lorimar Publishing Co. Inc.

Lacsamana, Leodivico C., et.al. 2003. *Filipino: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon IV*. Makati City: Diwa Learning Systems, Inc.

Longa, Asuncion B. et.al., 2010. *Filipino I*. Lipa City, Batangas,: United Eferza Academic Publications, Co. .

Macaraig, Milagros B. 2000. *Pagpapahayag, Retorika at Bigkasan*. Manila : Rex Bookstore, Inc.

_________________. 2014. *Sulyap sa Panulaang Filipino*.Manila: Rex Book Store, Inc.,

Mallinllin, Gabriel F. et.al. 2002. *Kawil I - Aklat sa Paglinang ng Kasanayan sa Wika at Literatura*.,Manila: Rex Bookstore Inc..

Resuma, Vilma Mascarina. Gramatikang Pedagohikal ng Wikang Filipino Komunikatibong Modelo.

Sagalongos, Felicidad E. 2013. Diksyunaryong Ingles-Filipino, Filipino-Ingles. Madaluyong City: National Bookstore.

Santiago, Alfonso B. at Norma G. Tiangco. 2006. *Makabagong Balarilang Pilipino*. Manila : Rex Bookstore, Inc.

Santiago, Alfonso O. 2003. *Sining ng Pagsasalingwika-Ikatlong Edisyon*. Manila: Rex Bookstore.

Santiago, Jesus Manuel. 1998. *Ang Matanda at ang Dagat.* Sentro ng Wikang Filipino, UP, Manila.

Santiago, Erlinda M. et.al 1989. *Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad Pangkolehiyo.Manila:* National Book Store.

Santos, Bernie C. at Corazon L. Santos. 2002. *Kawil II -Aklat sa Paglinang ng Kasanayan sa Wika at Literatura*. Quezon City: Rex Bookstrore Inc.
Santos, Vito C. at Luningning E. Santos. 1995. *New Vicasian's English-Pilipino Dictionary.* Pasig: Anvil Pub., Inc.
Santos, Vito C. at Luningning E. Santos. 2001. *English-Pilipino Dictionary*. Pasig: Anvil Publishing Inc..
Silverio, Julio F. Bagong Diksyunaryong Pilipino-Pilipino. Mandaluyong City: National Boookstore.
Villafuerte, Patrocinio V. 2002. *Panunuring Pampanitikan*. Sampaloc, Manila: Rex Bookstore Inc.
_____________________. 2002. *Talumpati, Debate at Argumentasyon.* Valenzuela City: Mutya Publishing House.
____________________. 2012. *Pagpapahalaga sa Panitikan - Sining Pantanghalan*. Malabon City : JIMCYZVILLE Pub..
*1980. Magandang Balita: Bibliya* . Manila: Philippine Bible Society.
1987. *Ninth New Collegiate Dictionary*. USA: Merriam Webster Inc.
1996. *Literature World Masterpieces*. New Jersey,USA : Prentice Hall Inc,.
2011. *Panahon -Ang Pag-ahon sa Hamon ng Pagbabago ng Klima*. Kabang kalikasan ng Pilipinas Foundation, Inc. at WWF-Phil.

## Internet


http://www.infoplease.com/biography/var/dilmarousseff.html

http://www.infoplease.com/biography/var/dilmarousseff.html

http://www.huffingtonpost.com/2011/01/03/dilma-rousseff-inaugurati_1_n_803450.html, www.gov.ph/1986/02/25/inaugural-speech of president-corazon-c-aquino-on-feb-25-1986

http://www.destination360.com/caribbean/history

http://pinoyweekly.org/new/2012/10/para-sa-kagalingan-at-karapatan-ng-mga-bata/comment-page-1/

htpp:tl.wikipedia.org/wiki/mitolohiyangnordiko

http://bibleforchildren.org/PDFs/tagalog/Samson%20Gods%20Strong%20Man%20Tagalog.pdf

https://www.google.com.ph/search?q=emoticon&tbm=isch&ei=zwy2U5izC4zsoATmxILgBQ#facrc=_&imgdii=_&imgrc=6oOshmlrH-

http://www.wattpad.com/71491550-norse-mythology

http://www.bundespraesident.de/SharedDocs/Reden/EN/JoachimGauck/Reden/2014/140131-Munich-Security-Conference.html

http://www.scribd.com/doc/76742424/Sintahang-Julieta-at-Romeo-revised2

https://www.google.com.ph/search?q=romeo+and+juliet&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=yVezU87vBc3AoASos4CQCg&ved=0CAYQ_AUoAQ&biw=1024&bih=499#q=romeo+and+julietwilliam+shakespeare&tbm=isch&facrc=_&imgdii=_&imgrc=wTz_JAvc6U_diM%253A%3BzgZVfo8uX0NKFM%3Bhttp%253A%252F%252Fwww.mcgoodwin.net%252Fpages%252Fimages%252Fdickseeromeo.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fwww.mcgoodwin.net%252Fpages%252Fotherbooks%252Fws_romeoandjuliet.html%3B483%3B401

https://www.google.com.ph/search?q=3+kings&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=5xuyU_2DFMbuoATB5IC4Aw&ved=0CAYQ_AUoAQ&biw=1024&bih=499#facrc=_&imgdii=_&imgrc=MW2HyXOy8Ng0zM%253A%3BVaZtrQPIuoqASM%3Bhttp%253A%252F%252Fholidays.mrdonn.org%252F3kingsxmas.GIF%3Bhttp%253A

http://tl.answer.com/Q/Ano ang mga anekdota ni Jose Rizal?

www.youtube.comwatch?v= ljNgw10mcs.Tsinelas ni Rizal.

http://Iranian.com/main/bloglm.saadat-noury/first Iranian-mullah-who/was-master-anecdotes.html.

http://www.a-gallery.de/docs/mythology.htm.

http://www.a gallery.de/docs/mythology.htm.

www.livescience.com/39149-french-culture.html

*https://www.google.com.ph/search?q=sample+stroyboard&esspv=2&biw=1366& bih = 667&1bm=isch & imgil*

*En.Wikipedia.org/wiki/Epic of Gilgamesh*

http://cdn.yardhype.com/wp-content/uploads/2012/11/Puppet-Dancing-in-South-Africa-yardhype.jpg
http://t1.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcSFqFdJx3RiKgKAfswPStnpcupqbc2P1DoVCGeFwdxzmvCjT6SEx7oLkTU
http://www.anc.org.za/show.php?id=3132

https://www.google.com.ph/search?q=larawan+ng+kahirapan

https://www.google.com.ph/?gfe_rd=cr&ei=4BgMVI_wEYn8iAKqYQ&gws_rd=ssl#q=patalastas

http:// vjk112001.blogspot.com/2008/02/sa-mga-kuko-ng-liwanag-isang-suring.html